2019

PEAC
PRIVATE EDUCATION ASSISTANCE COMMITTEE
Trustee of the Fund for Assistance to Private Education

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# LEARNING MODULE

**Araling Panlipunan** G9 | Q4

# Mga Sektor Pang-Ekonomiya at mga Patakarang Pang-Ekonomiya



PEAC
PRIVATE EDUCATION ASSISTANCE COMMITTEE
Trustee of the Fund for Assistance to Private Education

PEAC National Secretariat
Units 2505-2507, 25th Floor Philippine AXA Life Centre
1286 Sen. Gil Puyat Avenue corner Tindalo St., Makati City
Tel No.: (02) 8-570-7322
Fax No.: (02) 8-511-7695

# NOTICE TO THE SCHOOLS

This learning module (LM) was developed by the Private Education Assistance Committee under the GASTPE Program of the Department of Education. The learning modules were written by the PEAC Junior High School (JHS) Trainers and were used as exemplars either as a sample for presentation or for workshop purposes in the JHS In-Service Training (INSET) program for teachers in private schools.

The LM is designed for online learning and can also be used for blended learning and remote learning modalities. The year indicated on the cover of this LM refers to the year when the LM was used as an exemplar in the JHS INSET and the year it was written or revised. For instance, 2017 means the LM was written in SY 2016-2017 and was used in the 2017 Summer JHS INSET. The quarter indicated on the cover refers to the quarter of the current curriculum guide at the time the LM was written. The most recently revised LMs were in 2018 and 2019.

The LM is also designed such that it encourages independent and self-regulated learning among the students and develops their 21st century skills. It is written in such a way that the teacher is communicating directly to the learner. Participants in the JHS INSET are trained how to unpack the standards and competencies from the K-12 curriculum guides to identify desired results and design standards-based assessment and instruction. Hence, the teachers are trained how to write their own standards-based learning plan.

The parts or stages of this LM include Explore, Firm Up, Deepen and Transfer. It is possible that some links or online resources in some parts of this LM may no longer be available, thus, teachers are urged to provide alternative learning resources or reading materials they deem fit for their students which are aligned with the standards and competencies. Teachers are encouraged to write their own standards-based learning plan or learning module with respect to attainment of their school's vision and mission.

The learning modules developed by PEAC are aligned with the K to 12 Basic Education Curriculum of the Department of Education. Public school teachers may also download and use the learning modules.

Schools, teachers and students may reproduce the LM so long as such reproduction is limited to (i) non-commercial, non-profit educational purposes; and to (ii) personal use or a limited audience under the doctrine of fair use (Section 185, IP Code). They may also share copies of the LM and customize the learning activities as they see fit so long as these are done for non-commercial, non-profit educational purposes and limited to personal use or to a limited audience and fall within the limits of fair use. This document is password-protected to prevent unauthorized processing such as copying and pasting.

ARALING PANLIPUNAN 9

# Modyul 4: Mga Sektor Pang-Ekonomiya At Mga Patakarang Pangekonomiya

☑ **Panimula at Pokus na Tanong**

Pinatutunayan ng kasalukuyang panahon na walang ekonomiya na makapag-iisa. Ang bawat bansa ay magkakaugnay sa produkto, serbisyo, at kaalaman. Mahalaga ang ugnayang ito para makamit ang pambansang kaunlaran. Subalit, upang higit na makinabang ang sariling ekonomiya, kinakailangang patatagin ng bawat bansa ang iba't ibang sektor na pinagmumulan ng kaniyang mga produkto at serbisyong inilalatag sa pandaigdigang kalakalan. Mahalaga sa usaping ito ang sektor ng agrikultura, industriya, paglilingkod, at maging ang impormal na sektor.

Sa modyul na ito ay pag-aaralan mo kalahagahan at kaugnayan ng iba't ibang sektor ng ekonomiya sa kalakalang panlabas at sa pagkamit ng pambansang kaunlaran. Hinihikayat na suriin mo kung paanong ang bawat sektor ay nagsisilbing sangkap sa isang balanseng ekonomiya. Sa pagtatapos ng modyul inaasahang masagot mo ang tanong na: **paano makakamit ang ganap na pambansang pagsulong at pag-unlad?**

## ☑ SAKLAW NG MODYUL

Ang modyul na ito ay naglalaman ng sumusunod na aralin:

| Aralin Blg. | Pamagat | Matututuhan Mo… | Oras |
|---|---|---|---|
| *Aralin 1* | **Konsepto at Palatandaan ng Pambansang Kaunlaran**<br>**1. Pambansang Kaunlaran**<br>**2. Mga Palatandaan ng Pambansang Kaunlaran**<br>**3. Iba't ibang gampanin ng mamamayang Pilipino upang** | • Nakapagbibigay ng sariling pakahulugan sa pambansang kaunlaran<br>• Nasisiyasat ang mga palatandaan ng pambansang kaunlaran<br>• Natutukoy ang iba't ibang gampanin ng | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | **makatulong sa pambansang kaunlaran**<br>4. **Sama-sama Pagkilos para sa Pambansang Kaunlaran** | mamamayang Pilipino upang makatulong sa pambansang kaunlaran<br>• Napahahalagahan ang sama-samang pagkilos ng mamamayang Pilipino para sa pambansang kaunlaran<br>• Nakapagsasagawa ng isang pagpaplano kung paano makapag-ambag bilang mamamayan sa pag-unlad ng bansa | |
| *Aralin 2* | **Sektor ng Agrikultura**<br>1. **Ang bahaging ginagampanan ng agrikultura, pangingisda at paggugubat sa ekonomiya at bansa**<br>2. **Mga dahilan at epekto ng suliranin ng sector ng agrikultura, pangingisda, at paggubat sa bawat Pilipino**<br>3. **Mga patakarang pang-Ekonomiya nakatutulong sa sector ng agrikultura (industriya ng agrikultura, pangingisda, at paggubat)**<br>**Halimbawa:**<br>• **Comprehensive Agrarian Law**<br>• **Policy on Importation of Rice**<br>• **Policy on Drug Prevention** | • Nasusuri ang bahaging ginampanan ng agrikultura, pangingisda, at paggubat sa ekonomiya at sa bansa<br>• Nasusuri ang mga dahilan at epekto ng suliranin ng sektor ng agrikultura, pangingisda, at paggubat sa bawat Pilipino<br>• Nabibigyang halaga ang mga patakarang pang-ekonomiya nakatutukong sa sektor ng agrikultura (industriya ng agrikultura, pangingisda, at paggubat) | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| *Aralin 3* | ***Sektor ng Industriya***<br>**1. Bahaging ginampanan ng sector ng industriya, tulad ng pagmimina, tungo sa isang masiglang ekonomiya**<br>**2. Ang pagkakaugnay ng sector ng agricultural at industriya tungo sa pag-unlad ng kabuhayan**<br>**3. Mga patakarang pang-ekonomiya nakatutulong sa sector industriya**<br>• **Filipino First Policy**<br>• **Oil Deregulation Law**<br>• **Policy on Microfinancing**<br>• **Policy on Online Businesses** | • Nasusuri ang bahaging ginampanan ng sektor ng industriya, tulad ng pagmimina, tungo sa isang masiglang ekonomiya<br>• Nasusuri ang pagkakaugnay ng sektor agrikultural at industriya tungo sa pag-unlad ng kabuhayan | |
| *Aralin 4* | **Sektor ng Paglilingkod**<br>**1. Ang bahaging ginagampanan ng sector ng paglilingkod sa pambansang ekonomiya**<br>**2. Mga patakarang pang-ekonomiya na nakakatulong sa sector ng paglilingkod**<br>**3. Batas na nagbibigay Proteksyon at Nangangalaga sa mga Karapatan ng Manggagawa**<br>• **Contractualization and Labor Outsourcing**<br>• **Salary Standardization Law** | • Nasusuri ang bahaging ginagampanan ng sektor ng paglilingkod<br>• Napapahalahagahan ang mga patakarang pang-ekonomiya na nakakatulong sa sektor ng paglilingkod<br>• Nakapagbibigay ng sariling pakahulugan sa konsepto ng impormal na sektor | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| *Aralin 5* | **Impormal na Sektor**<br>**1. Mga dahilan at anyo ng impormal na sector ng ekonomiya**<br>**2. Mga epekto ng impormal na sector ng ekonomiya**<br>**3. Mga patakarang pang-ekonomiya na may kaugnayan sa impormal na sector**<br>• **Counterfeiting**<br>• **Black Market** | • Nasusuri ang mga dahilan ng pagkakaroon ng impormal na sektor<br>• Natataya ang mga epekto ng impormal na sektor ng ekonomiya<br>• Napapahalagahan ang mga patakarang pang-ekonomiya na nakakatulong sa sektor ng paglilingkod | |
| *Aralin 6* | **Kalakalang Panlabas**<br>**1. Ang kalakaran sa kalakalang panlabas ng Pilipinas**<br>**2. Ang ugnayan ng Pilipinas para sa kalakalang panlabas nito sa mga samahan ng tulad ng World Trade Organization at Asia Pacific Economic Cooperation tungo sa patas na kapakinabangan ng mga mamamayan ng daigdig**<br>**3. Mga kontribusyon ng kalakalang panlabas sa pag-unlad ng Ekonomiya ng Pilipinas**<br>**4. Mga patakaran pang-ekonomiya na nakakatulong sa patakarang panlabas ng bansa sa buhay ng nakaraming Pilipino**<br>• **Policy on ASEAN Economic Community**<br>• **Policy on Trade Liberalization** | • Natataya ang kalakaran ng kalakalang panlabas ng bansa<br>• Nasusuri ang ugnayan ng Pilipinas para sa kalakalang panlabas nito sa mga samahan tulad ng World Trade Organization at Asia Pacific Economic Cooperation tungo sa patas na kapakinabangan ng mga mamamayan ng daigdig<br>• Napapahalahagahan ang kontribusyon ng kalakalang panlabas sa pag-unlad ekonomiya ng bansa<br>• Nasusuri ang mga patakarang pang-ekonomiya na nakakatulong sa patakarang panlabas ng bansa sa buhay ng nakaraming Pilipino<br>• Natitimbang ang epekto ng mga patakaran pang-ekonomiya na nakakatulong sa | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | patakarang panlabas ng bansa sa buhay ng nakararaming Pilipino | |

☑ **Grapikong Pantulong ng Modyul**

Narito ang balangkas ng mga aralin na dapat mong maunawaan sa pagtatapos ng modyul na ito.



☑ **Inaasahang Mga Kasanayan:**

Upang maayos mong matapos ang mga gawain sa modyul na ito, kailangan mong tandaan ang mga sumusunod:

1. Mahalagang basahin ng mabuti ang mga teksto para higit mo itong maunawaan. Magagamit mo ang mga kaalaman dito sa pagsagot ng mga gawain sa bawat aralin;
2. Huwag magmadali sa pagsagot ng mga gawain, tandaan na sa simula ng ng mga ito ay may mga panuto. Basahin ito at unawaing mabuti bago sagutan ang bawat gawain;
3. Ang paunang pagsusulit ay makakatulong upang matukoy ang iyong kaalaman ukol sa mga paksang tatalayin sa modyul na ito. Sagutan mo ito upang iyong malaman ang iyong kahandaan sa mga aralin dito.
4. Sa pagtatapos ng modyul ay may pagsusulit na susukat ng iyong mga natutunan at naunawaan mula sa mga aralin at gawain na iyong natapos. Pagsikapang sagutan ito dahil ito ang magsasabi ng iyong lebel ng pagkatuto at kung handa ka na para sa susunod na modyul.

## Aralin 1: Konsepto at Palatandaan ng Pambansang Kaunlaran

☑ **Panimula at mga Pokus na Tanong**

Piston Nagbadya ng panibagong Malawakang Protesta!; Presyo ng Petrolyo Muling Tataas!; Japan Muling Tatanggap ng mga Pilipinong Nars! Magsasaka ng Hacienda Luisita Muling Nagwelga! Ilan lamang ang mga ito sa napakaraming balita na sumasalubong sa mga Pilipino sa araw- araw. Kung minsan nga humahantong pa ito sa pagwewelga at pagbibigay ng mga Pilipino ng napakababang grado sa kung sinuman ang nasa puwesto. Ikaw, ganito rin ba ang reaksiyon mo? O kasama ka sa iilan na sa dami ng mga nababasa at naririnig na ganitong balita ay nagawa ng tanggapin ang mga ito bilang isang pangkaraniwan at natural na bahagi ng kanilang pang-araw- araw na pamumuhay kaya ipinagkikibit- balikat na lamang ang mga ito? Sa bawat pagtatapos ng iyong nakagawiang gawain sa araw- araw, naitanong mo ba sa iyong sarili kung bakit halos pare-pareho ang mga balita na iyong naririnig? kaninong kamay nga ba dapat isisi at kanino rin ba dapat iasa ang pagbabago at pag-unlad ng ekonomiya ng ating bansa?

Sa modyul na ito, hindi lamang kasagutan sa mapagmuning mga tanong na nabanggit ang iyong matutuklasan kundi ang katotohanan na ang pagkamit ng pagbabago sa lipunan at pag-unlad ng ekonomiya ay isang napakalaking hamon na hindi lamang dapat iatang sa balikat ng iilan kundi ng lahat. Mabibigyan ka rin ng iba't ibang mga ideya na maaaring makapagpabago o lalo pang makapag-paigting sa perspektibo mo tungkol sa kalagayan ng lipunang iyong kinabibilangan at ng ekonomiya ng bansang Pilipinas. Upang makamit ang mga ito, tandaan na ang kailangan mong matanto ang mga sagot sa sumusunod na mga tanong:

a. Paano makakamit ng isang ekonomiya kagaya ng Pilipinas ang pambansang pagsulong at pag-unlad?

b. Paano makatutulong ang isang aktibo at responsableng mamamayan sa pagkamit ng isang maunlad at matatag na ekonomiya ng bansa?

## ☑ SAKLAW NG MODYUL

Ang modyul na ito ay naglalaman ng mga sumusunod na aralin:

| Aralin Blg. | Pamagat | Matutuhan mo ang… | Bilang ng Oras/ Sesyon |
|---|---|---|---|
| 1 | Konsepto at Palatandaan ng Pambansang Kaunlaran<br><br>a. Pambansang Kaunlaran<br><br>b. Mga Palatandaan ng Pambansang Kaunlaran<br>1.<br><br>c. Iba't ibang Gampanin ng Mamamayang Pilipino upang Makatulong sa Pambansang Kaunlaran<br><br>d. Sama-Samang Pagkilos para sa Pambansang Kaunlaran | Nakapagsasagawa ng isang pagpaplano kung paano makapag-ambag bilang mamamayan sa pag-unlad ng bansa.<br><br>• Naibibigay ang sariling pakahulugan sa pambansang kaunlaran<br>• Nasisiyasat ang mga palatandaan ng pambansang kaunlaran<br>• Natutukoy ang iba't ibang gampanin ng mamamayang Pilipino upang makatulong sa pambansang kaunlaran<br><br>• Napahahalagahan ang sama-samang pagkilos ng mamamayang Pilipino para sa pambansang kaunlaran | |

## ☑ Concept Map ng Modyul

Narito ang isang simpleng mapa ng mga araling sakop ng modyul na ito.




## ☑ Inaasahang Kasanayan

Upang matagumpay na masagutan ang modyul na ito at malinang nang lubos ang iyong kakayahan at pang-unawa, kinakailangang tandaan at gawin mo ang mga sumusunod:

1. Nababasa ang mapa at tsart.
2. Nakagagawa ng grapikong pantulong ukol sa mga mahahalagang konsepto na hinihiling sa mga naihandang gawain.
3. Nasusuri ang mga artikulo, larawan, *video clip*, awit at iba pang *multimedia* upang mapagtagumpayan ang mga gawain ng araling ito.
4. Naisasagawa ang iba't ibang pamamaraan, gawain, o proyekto na may kinalaman sa pagpapakita ng papel ng isang responsible at aktibong mamamayan sa pagkamit ng maunlad at matatag na ekonomiya.
5. Nasusunod ang mga panuto upang makagawa ng *concept map* gamit ang *web 2.0 applications* at iba pang *interactive websites.*

## PANIMULANG PAGTATAYA

Alamin natin ngayon kung may kaalaman ka sa araling tatalakayin. Sagutin mo ang panimulang pagtataya. I-klik lamang ang titik ng wastong sagot at sagutan lahat ang mga tanong. Pagkatapos ay makikita mo ang nakuha mong iskor. Tandaan mo ang mga aytem at mga tanong na hindi mo nasagot. Malalaman mo ang wastong sagot habang pinag-aaralan mo ang modyul na ito.

Kung handa ka na, i-klik ang SIMULA.

Basahing mabuti ang mga sumusunod na tanong. I-klik ang titik ng wastong sagot.

1.Alin sa sumusunod na pahayag ang wasto?

a. Sapat nang may trabaho upang maging maunlad ang bansa
b. Nasa kamay ng manggagawa ang pag-unlad ng bansa
c. Nasa pamahalaan ang susi sa pag-angat ng ekonomiya
d. Nasa paglago ng ekonomiya ang pag-unlad ng bansa

2.Paano masasabing may pag-unlad ang ekonomiya?

a. Tumaas ang GNI.
b. Tumaas ang migrasyon ng mga Pilipino.
c. Bumaba ang krimen sa bansa.
d. Bumaba ang antas ng marunong magsalita sa Ingles.

3.Alin sa sumusunod na pares ng pangyayari ang nagpapakita ng koneksyon sa sanhi at bunga?

a. Teknolohiya: Mababang Bahagdan ng Manggagawa
b. Kahirapan: Kaguluhan sa Zamboanga
c. Mataas na Produksyon: Mataas na Bahagdan ng Manggagawa
d. Teknolohiya: Industriyalisasyon

4.Suriin ang sumusunod na mga sitwasyon at tukuyin kung ano ang posibleng kahahantungan ng pagkakaroon ng mga ito sa bansa.

i. Mabilis na pag-uunlad ng teknolohiya
ii. Mataas na bahagdan ng banyagang namumuhunan sa bansa
iii. Palagiang pagbisita ng Pangulo sa mga karatig- bansa

a. Pagtaas ng bilang ng mga Pilipinong nagtatrabaho sa ibang bansa.
b. Pagdami ng trabaho sa Pilipinas at pagkawala ng kaugaliang Pilipino.
c. Pagtaas ng antas ng pamumuhay ng mga Pilipino dahil sa makabagong teknolohiya.
d. Pag-angat ng ekonomiya ng bansa kasabay ng mga pagbabago sa lipunan nito.

5.Anong batayan ng kaunlaran ang ipinapahiwatig ng mga sumusunod na ulo ng mga balita sa diyaryo?

i P-Noy off to South Korea By Delon Porcalla (The Philippine Star) Updated October 17, 2013 - 12:00am
ii. Manila, Seoul to sign defense MOU on PNoy's state visit By Louis Bacani (philstar.com) | Updated October 14, 2013 - 4:37pm
iii. China imposes tariffs on Indian, Japanese pyridine imports 2013-11 2017:19 Xinhua Web Editor: Mo Hong'e

a. Sustainable Growth Model
b. Sustainable Development Model
c. Growth Oriented Developmental Model
d. Sustainable Growth Developmental Model

6.Sinong Pangulo ng Pilipinas ang nagpatupad ng *Filipino First Policy* na naglalayong paigtingin ang pagka-Pilipino ng mga mamamayan ng bansa sa pamamagiatn ng pagtangkilik sa sarili nitong produkto?
a. Ferdinand Marcos
b. Diosdado Macapagal
c. Carlos Garcia
d. Corazon Aquino

Ihambing ang larawan at ang mga hinuha tungkol sa papel ng mamamayang Pilipino para sa pambansang kaunlaran na makikita sa ibaba nito.



I. Ang pambansang pag-unlad ay para sa ikabubuti ng pamumuhay ng mga tao kaya ang tao din ang susi sa pagkamit nito.
II. Nasa pag-aalaga lamang ng kapaligiran ang susi para sa kaunlaran.
III. Ang industriyalisasyon ng bansa ay batay sa pangangalaga sa likas na yaman at kalidad ng pamumuhay ng tao.

IV. Ang pagtutulungan ng mga tao na alagaan ang kapaligiran, at patuloy na pagpapaunlad nito sa kanyang sarili at kapaligiran ng daan upang makamit ang kaunlaran.

7.Alin sa mga naibigay na hinuha ang maituturing na makatotohanan?

a. I, II, III, at IV
b. I at IV lamang
c. I, III, at IV
d. II at III lamang

8.Alin naman ang maituturing na opinyon sa pagpipilian sa bilang 7?

a. I at II lamang
b. I at III lamang
c. II lamang
d. IV lamang

9.Ayon sa mga prinsipyo ng sustenableng pag-unlad, ang bansa ay aangat kung mayroon na itong *cultural, moral and spiritual sensitivity; social justice, inter & intra-generational & spatial equity; economic development; at development of full human potential.* Aling reporma sa Kagawaran ng Edukasyon ng Pilipinas ang tumutugon sa mga palatandaan ng pag-unlad na ito?

a. K-12
b. Understanding by design
c. Pagbabawas ng bilang ng taong gugugulin sa kolehiyo
d. Open High School Program

10.Ayon sa modelong *sustainable development* na isa sa mga batayan sa pagsukat ng pag-unlad ng mga bansa, ang mga mamamayan ng bansa ay dapat maturuan ng mga kakayahang mapagtagumpayan ang mga hamon ng ika-21 siglo. Aling aksiyon ng gobyerno ang naglalayong mapaigting ang kolaborasyon ng mga mamamayan, sektor ng ekonomiya, at mga patakarang pang-ekonomiya ng bansa?

a. TESDA NC Scholarship
b. Public- Private Partnership
c. K-12
d. Matuwid na Daan

*Ang wastong sagot ay titik b. Ang programang ito ang mas malawak ang*

Suriin ang poster sa ibaba at sagutin ang mga tanong.




11. Ano ang masamang dulot ng pagyakap ng Pilipinas ng pag-unlad at pagbabago?
    a. Kaakibat ng pag-unlad ang pagkasira ng ating kalikasan.
    b. Kasabay ng pag-unlad ang pagyakap sa kanluraning kultura at ang tuluyang paglimot ng lahat ng Pilipino sa sarili nitong kultura.
    c. Kaakibat ng pag-unlad ang pagkakaroon ng pagkain sa hapag ng bawat Pilipino.
    d. Kasabay ng pag-unlad ang pagbangon ng kamalayang Pilipino tungkol sa papel nito sa pagkamit ng matatag na ekonomiya.

12. Ano ang mabuting dulot ng pagkakaroon ng pambansang pag-usbong at pag-unlad?
    a. Kaakibat ng pag-unlad ang pagkasira ng ating kalikasan.
    b. Kasabay ng pag-unlad ang pagyakap sa kanluraning kultura at ang tuluyang paglimot ng lahat ng Pilipino sa sarili nitong kultura.
    c. Kaakibat ng pag-unlad ang pagkakaroon ng pagkain sa hapag ng bawat Pilipino.
    d. Kasabay ng pag-unlad ang pagbangon ng kamalayang Pilipino tungkol sa papel nito sa pagkamit ng matatag na ekonomiya.

13. Paano magkakaroon ng balanse ang pag-unlad at pagpapanatili sa kaayusan ng kapaligiran?
    a. Higpitan ng gobyerno ang mga patakaran nito tungkol sa gawaing pang-ekonomiya.
    b. Paigtingin ang pakikilahok ng mga mamamayan sa pagbabantay sa kalikasan.
    c. Isantabi ang kapaligiran kung pagkakaroon ng maraming trabaho ang nakasalalay.
    d. Ipagbawal ang kompanyang walang akmang permit.

14. Gamit ang datos sa ibaba, aling hinuha ang masasabing komprehensibo at tama?

| Bansa | Literacy Rate | GNI | Crime Rate | Uri ng Bansa |
|---|---|---|---|---|
| USA | 99% | 50,610 | 10.3% | Maunlad |
| Japan | 99% | 36,320 | 0.06% | Maunlad |
| Philippines | 92.6% | 4,400 | 3.24% | Umuunlad |
| | | | | |

a. Magiging maunlad ang bansa kung ito ay may mataas na bahagdan ng marunong magbasa at magsulat, pambansang kita, at bahagdan ng krimen.
b. Magiging maunlad ang bansa kung mayroon itong mataas na bahagdan ng marunong magbasa at magsulat, pambansang kita, at mababang bahagdan ng krimen.
c. Magiging mababa ang bahagdan ng krimen kung ang bansa ay maunlad.
d. Magiging mataas ang GNI ng bansa kung mababa ang antas ng bahagdan ng marunong magbasa at magsulat.

15. Ikaw ang bagong talagang Kalihim ng Department of Labor and Employment at inatasan kang magsagawa ng patimpalak na "Idol ng Probinsiya" na magbibigay ng parangal sa mga mamamayan na may pinakamalaking kontribusyon sa pagpapaigting sa kaalaman at partisipasyon ng mga mamamayang Pilipino sa pagpapabuti at pagpapatupad ng mga sektor ng ekonomiya at mga patakarang pang-ekonomiya nito. Marami ang mga nagpasa ng kanilang nominasyon kagaya ng mga sumusunod. Sino sa kanila ang may mas mataas na tsansa na manalo sa patimpalak?

a. Guro na itinalagang koordineytor ng *outreach program* ng kanilang paaralan na naging tanyag dahil sa iba't ibang proyekto nito sa pagkakawanggawa.
b. Pilantropo na nagbibigay ng tulong pinansiyal sa mga batang nais makapag-aral sa elementarya at hayskul.
c. Pangulo ng isang korporasyon na nakapagtayo ng isang *Micro Income Generating Foundation* na kumukupkop sa mga inang walang trabaho upang makapagpatayo ng sarili nilang maliit na negosyo na kailangan nilang palaguin sa loob ng itinakdang panahon.
d. Manggagamot na nakapaglibot sa buong Pilipinas upang makapagbigay sa mga Pilipino ng libreng serbisyo sa paggagamot.

16. Ang mga guro sa pribado at pampublikong paaralan ay naatasan ng pamahalaan na makilahok sa pagkamit ng mga adhikain *ng Philippine Agenda 21* partikular na sa prinsipyong *Development of Full Human Potential.* Ikaw ang punong-guro ng Mataas na Paaralan ng Balatoc at tatayain mo kung ang mga guro mo ay tumutupad sa iniatas sa kanilang tungkulin. Paano mo ito gagawin?
    a. Pumasok sa loob ng klasrum at magsagawa ng obserbasyon tungkol sa pamamaraan ng pagtuturo ng guro sa oras na hindi nito inaasahan.
    *b.* Gawing kondisyon sa pagkuha ng *Performance Bonus* ang isang banghay aralin na tumutugon sa kinakailangan ng programang *Philippine Agenda 21.*
    *c.* Bigyan ng maraming *handout* ang mga guro tungkol sa *Philippine Agenda 21.*
    *d.* Gawing alituntunin sa paaralan ang paggamit ng makabagong estratehiya sa pagtuturo na magpapalabas sa iba't ibang kakayahan ng mga mag-aaral at susundan ito ng *regular na classroom observation.*

Ang bansa ay dumaranas ng maraming pagsubok na nakaaapekto sa ekonomiya nito. Bilang isa kang bagong hirang na Makabagong Rizal sa taong 2013 ay naatasang paigtingin ang kaalaman at partisipasyon ng mamamayan sa inyong barangay ukol sa pagpapabuti at pagpapatupad ng mga sektor ng ekonomiya at mga patakarang pang-ekonomiya nito sa pamamagitan ng isang *case study.*

17. Ano-ano ang mga batayang isasaalang-alang mo upang maging epektibo ang *case study* na iyong gagawin?
    I. Ang nilalaman ay dapat kumpleto at ang mungkahing ibibigay ay magpapakita ng kahalagahan ng papel ng mamamayan ng barangay sa pagpapabuti at pagpapatupad ng mga sektor ng ekonomiya at ng mga patakaran nito.
    II. May wastong daloy ng kaisipan mula sa simula hanggang sa huli.
    III. Ang *case study* ay gagamitan ng mga katagang kilala lamang sa mundo ng mga ekonomista.
    IV. Ang pagkukuhanan ng datos sa *case study* ay dapat mga taong tunay na may alam sa kinakailangang impormasyon.

    a. I, II, at IV lamang
    b. I, II, at III lamang
    c. I, III, at IV lamang
    d. II, III, at IV lamang

18. Upang lubos na maging kapaki-pakinabang ang iyong isasagawang *case study,* ano ang nararapat gawin sa proyektong ito?
    a. Ipasa ang ginawang *case study* sa guro upang makatulong ito sa pagkompyut ng marka ng mga mag-aaral.
    b. Kausapin ang guro upang samahan kang ipahayag ang resulta ng iyong *case study* sa mga opisyal ng barangay para sa kaukulang aksyon.
    c. Ipadala ang ginawang *case study* sa punong-guro ng iyong paaralan upang gawing basehan sa ebalwasyon ng mga guro.
    d. Ipamudmod ang kopya ng *case study* sa mga tao sa inyong barangay upang malaman nila ang resulta ng iyong proyekto.

19. Aling imahe ang mas makatutulong upang makamit ng isang *multimedia campaign* ang adhikain nito na paigtingin ang kaalaman at partisipasyon ng mga Pilipino sa pagpapabuti at pagpapatupad ng mga sektor ng ekonomiya at mga patakarang pang-ekonomiya nito?

a.*



b.




c.




20. Bilang paghahanda sa selebrasyon ng Araw ng Kordilyera, nagbigay ang gobernador ng panawagan para sa gagawing patimpalak ukol sa pagbibigay ng proposal kung paano isasagawa ang nasabing selebrasyon kung saan ang pagbubuklod-buklod ng kultura, tradisyon, sektor ng lipunan, at ang komunidad ay dapat na mabigyan ng pokus. Bilang Ambassador of Goodwill for the Filipino IPs, paano mo gagawing epektibo ang pagpapahayag ng iyong proposal para sa nasabing patimpalak?
    a. Mangalap ka ng mga konseho ng matatanda sa CAR at kumbinsihin silang samahan at suportahan ka sa pagpapahayag ng iyong proposal sa harap ng gobernador.
    b. Gagamit ka ng isang *multimedia presentation* na ipapakita mo ang magiging papel ng iba't ibang sektor ng lipunan, ang pamahalaan, at ang mga tao sa komunidad sa isasagawang pagdiriwang.
    c. Magsulat ka ng isang mabisa at epektibong proposal at ipapadala ito sa gobernador gamit ang kanyang *e-mail address.*
    d. Magsama ng mga miyembro ng IP sa Pilipinas na sasama sa iyo sa munisipyo bilang pagpapakita ng kanilang suporta sa iyong ihahayag na proposal.

Magaling! Iyong nasagutan lahat ng mga tanong sa pagsusulit sa loob lamang ng itinakdang oras. Atin ngayong tuklasin kung ang mga sagot mo'y tama at kung hindi naman ay alamin natin kung bakit mali ito. Tandaan ang mga aytem na hindi tama ang sagot habang isinasagawa ang mga gawain sa modyul na ito. Atin na itong simulan!

## PAGTUKLAS

Nais mo bang yumaman? O di kaya'y tumira sa isang bansa na kabilang sa *first world countries*? Hanggang saan ang kaya mong gawin upang makamit ang pangarap na ito.Tunay nga na ang lahat ng tao hindi lamang dito sa Pilipinas na nangangarap na maging mayaman o kaya'y maging matagumpay sa buhay.

Sa katunayan, maraming Pilipino at dayuhan ang nakikipakikipagsapalaran sa iba't ibang mga *game show, reality showsinging contest*, pagtaya sa lotto at iba pa upang mabago ang kanilang katayuan sa buhay. Pati nga sa *social media* nagiging instrumento na rin ng pagkamit ng kasikatan, karangalan, kayamanan, at higit sa lahat magandang buhay. Simulan natin ang modyul na ito sa pamamagitan ng pagtataya ng iyong nalalaman tungkol sa mga palatandaan ng kaunlaran. Iyo itong gagawin sa tulong ng *IRF Worksheet* sa ibaba.

### GAWAIN 1. Alamin Natin!

Alamin muna natin ang mga bagay na alam mo na tungkol sa konsepto ng pambansang kaunlaran at ang mga palatandaan ng pagkakaroon nito sa pamamagitan ng iyong pagsagot sa *Initial Answer* na bahagi ng *IRF Worksheet.* Pagkatapos, i-klik ang SAVE upang maaari mong mabalikan ang iyong sagot.

| IRF WORKSHEET |
|---|
| Paano makakamit ng isang ekonomiya kagaya ng Pilipinas ang pambansang pagsulong at pag-unlad? Gaano kahalaga ang pagkakaroon ng aktibo at responsableng mamamayan sa pagkamit ng isang maunlad at matatag na ekonomiya ng bansa?<br><br>**Initial Answer:** |
| **Revised Answer:** |
| **Final Answer:** |

Sagutin mo ang mga tanong.

1.Ano-anong salita ang maaaring magamit upang mailarawan ang isang maunlad na bansa?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

2.Ano-ano ang mga katibayan upang masabi na ang isang bansa ay maunlad?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

3.Masasabi ba na maunlad ang isang bansa kung ang mga tao dito ay namumuhay ng marangya?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

4.Ano ang pambansang kaunlaran?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

5.Paano nakakamit ng isang ekonomiya kagaya ng Pilipinas ang pambansang pagsulong at pag-unlad?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

6.Paano makatutulong ang isang aktibo at responsableng mamamayan sa pagkamit ng isang maunlad at matatag na ekonomiya ng bansa?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

Tingnan natin ngayon kung ano-ano ang mga pangyayari sa iyong kapaligiran na maaaring makatulong sa iyong pag-alam sa konsepto tungkol sa ating aralin. Isagawa ang inihandang gawain.

## GAWAIN 2. Makibalita Tayo! (The Rosa "Osang" Fostanes Story)

Sa gawaing ito, sundin ang mga sumusunod na panuto:

1. I-klik ang *link* na http://www.israel21c.org/news/fairytale-triumph-filipina-caregiver-rose-fostanes-wins-x-factor-israel/(Life of Osang); http://www.rappler.com/entertainment/47980-rose-fostanes-x-factor-journey(Journey to X-Factor); at http://www.rappler.com/entertainment/51713-caregiver-no-more-x-factor-israel-rose-fostanes-focus-singing-career (Caregiver No More) at basahin ang mga artikulo na nagpapahayag sa magandang kapalarang nakamit ng isang ordinaryong Pinay caregiver sa Israel. Ginawan din ito ng palabas na makikita sa March 22 episode ng MMK.

2. Kumpletuhin ang grapikong pantulong sa ibaba upang lubos na makilala hindi lamang ang kauna-unahang Pinay na itinanghal na kampeon sa X Factor Israel kundi ang isang Pilipinong naghahangad makahanap ng pagbabago sa kanyang buhay.

3. Tandan ang layunin ng gawain ay upang makakuha ka ng impormasyon tungkol sa pambansang kaunlaran at kung papaano ito makikita.

Ako si ______, nagtatrabaho bilang _____ sa _____, sikat ngayon dahil sa _________ at narito ang

Bansang Pinagtrabahuan at Trabaho dito



Mga Diskriminasyong natamo sa pagsali sa patimpalak :

Buhay sa Pilipinas :

Inspirasyon sa pakikibaka/pakikipagsapalaran sa ibang bansa/ patimpalak :

Sagutin mo ang mga tanong.

1.Sino si Rosanna “Rose” Fostanes?

___

___

___

___

2.Ilang taon nang hindi nakakauwi si Rose dito sa Pilipinas?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

3.Bakit ninais niyang makipagsapalaran sa ibang bansa kahit na may kaguluhang nagaganap dito?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

4.Bakit tinitiis ng mga Pilipino sa ibang bansa kagaya ni Rose ang mamuhay ng malayo sa mga mahal nila sa buhay at makisalamuha sa iba kahit makatanggap ng diskriminasyon mula sa mga ito?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

5.Paano makatutulong ang pagtitiis ng mga OFW kagaya ni Rose at ang aktibo nilang pakikipagsapalaran sa iba't ibang programa ng ibang bansa upang maisulong at mapaunlad ang ekonomiya ng Pilipinas?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

## GAWAIN 3. Markado Ka Na! (Is it a Fact or a Lie?)

Lagyan ng tsek ang mga aytem na sa tingin mo ay nagpapakita ng pambansang kaunlaran (Fact), ekis naman ang ilagay sa aytem na sa palagay mo ay hindi nagpapakita ng konsepto ng pambansang kaunlaran (Lie).

| ANTICIPATION-REACTION GUIDE | | |
|---|---|---|
| **ANTICIPATION** | **STATEMENT** | **REACTION** |
| | 1. Maunlad ang bansa kung marami sa mamamayan nito ay manggagawa sa ibang bansa. | |
| | 2. Maunlad ang isang bansa kung mataas ang antas ng kanyang produkto na iniluluwas sa ibang bansa at mababa ang antas ng mga produkto na inaankat mula sa ibang bansa. | |
| | 3. Maunlad ang isang bansa kung ang mga mamamayan nito ay nakikilahok sa mga usaping pam-politika, pang-ekonomiya, at pang-sosyal nito. | |
| | 4. Walang mangyayaring *brain drain* kung ang pamahalaan ay mamimigay ng kaukulang trabaho sa mga Pilipino. | |
| | 5. Ang bansang maunlad ay naglalaan ng maraming oras, programa at pondo para sa paglilinang ng mga kakayahan ng kanyang mga mamamayan. | |
| | 6. Maunlad ang isang bansa kung hindi lamang pag-usad sa larangan ng industriyalisasyon ang kanyang konsentrasyon kundi pati ang pangangalaga at pagpapanatili sa mga likas na yaman at sa kapaligiran nito. | |

Sagutin mo ang mga tanong.

1.Ano ang pambansang pag-unlad?

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

2.Ano-ano ang mga palatandaan ng pambansang kaunlaran?

____________________________________________________________

3.Bakit mahalaga ang pagkakaroon ng kaunlaran sa isang bansa?

____________________________________________________________

4.Paano makakamit ng isang bansa kagaya ng Pilipinas ang isang matatag na ekonomiya?

____________________________________________________________

**Katapusang Bahagi ng Pagtuklas**

Naibigay mo na ang iyong inisyal na kaalaman sa pamamagitan ng pagsagot sa iba't ibang mga gawaing naihanda sa unang bahagi ng modyul na ito. Ating alamin ngayon at ihambing ang iyong sagot sa sagot ng iyong mga kaklase. Habang naghahambing ka, tuklasin mo kung ang iyong kaalaman ay may kaugnayan sa pamantayan. Habang ipinagpapatuloy mong sagutin ang modyul na ito, mapag-aaralan mo rin ang iba pang mga konsepto na makatutulong upang magawa mo rin ang iba pang mga konsepto na makatutulong upang magawa mo ang huling proyekto dito. Ang proyekto ay ang paggawa ng isang *music video analysis* na naglalayong makapagbigay ng kongkretong larawan ng kalagayan ng ating bansa at ang pagkamit nito ng pambansang kaunlaran at matatag na ekonomiya. Umpisahan nating linangin ang iyong kaalaman sa pagsasagawa ng susunod na gawain.

## PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

Sa bahaging ito ng aralin, aalamin mo ang konsepto at mga palatandaan ng pambansang kaunlaran at ang mga gampanin ng mga mamamayan sa pagkamit ng pambansang kaunlaran.

Upang malaman mo ang mga iba't ibang mahahalagang ideya na ito, isagawa ng may pag-unawa ang mga sumusunod na gawain

### GAWAIN 4. Tapusin Mo Ako!

I-klik ang *link* na nasa ibaba upang makita ang isang mapa ng mundo, gamitin ang mapang ito upang masagot ang pamprosesong mga tanong.

http://maranazzari.files.wordpress.com/2010/04/developing_world_m

Sagutin mo ang mga tanong.

1.Ano-ano ang mga isinasagisag ng mga kulay na makikita sa mapa?

____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________

2.Anong kulay ang nangingibabaw? Ano ang ibig sabihin nito?

____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________

3.Anong kulay naman ang kapansin-pansing maliit lamang ang sakop? Ano kaya ang ibig sabihin nito?

____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________

4. Saan sa mundo matatagpuan ang mga bansang hindi pa masyadong maunlad at matatag ang kanilang mga ekonomiya?

5. Saan naman makikita ang mga bansang mayayaman pagdating sa estadong pang-ekonomiya?

6. Nasaan ang Pilipinas sa mapa at ano ang kulay nito?

## GAWAIN 5. Pagpuno ng Impormasyon

Ngayon naman, i-klik ang *link* http://www.youtube.com/watch?v=n_jdVp71NmE upang makita mo ang mga tinaguriang mga *Newly Industrialized Countries* sa mundo.

Pagkatapos itong panoorin, saliksikin gamit ang *internet* ang mga impormasyong kinakailangan upang makumpleto ang tsart na nasa ibaba. Pagkatapos, i-klik ang SAVE upang maaari mong mabalikan ang iyong mga sagot.

| 5 Kahulugan ng NIC mula sa iba't ibang Sanggunian | Newly Industria-lized Countries (2012) | Kontinenteng Kinabibilangan | Kulay at Uri ng Bansa Ayon sa Mapa sa itaas | GDP (Pambansang Kita) | Gross National Income (GNI) |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | |
| | | | | | |
| | | | | | |
| | | | | | |
| | | | | | |
| | | | | | |
| | | | | | |
| | | | | | |

Sagutin mo ang mga tanong.

1.Ano ang ibig sabihin ng katagang *Newly Industrialized Country*?

2.Saang bahagi ng mundo makikita ang karamihan sa mga NIC? Ano ang ibig nitong ipahiwatig?

3.Anong papel ng pambansang kita o GDP at GNI sa paglago ng ekonomiya ng isang bansa?

4.Paano makakamit ng isang ekonomiya kagaya ng Pilipinas ang pambansang pagsulong at pag-unlad?

5.Paano makatutulong ang mga mamamayan ng isang bansa upang makamit nito ang isang maunlad at matatag na ekonomiya?

**Ooooops,**

**Bago Magpatuloy**

**SELF CHECK MUNA!**




Magaling! Iyong napagtagumpayan ang hamon ng Gawain 5 at iyong napagtanto ang kahulugan ng NIC at ang papel ng GDP at GNI sa pagkakaroon ng pagsulong at pag-unlad sa isang bayan. Inaasahang ang mga kaalamang iyong nalikom sa puntong ito ay magagamit upang mas masasagot mo ng tama ang mga susunod pang mga gawain.

Sa puntong ito, ipagpatuloy mo ang paglinang sa iyong kaisipan tungkol sa pag-unlad at upang tulungan kang maisagawa ito, pag-aaralan mo ngayon ang mga palatandaan ng pambansang kaunlaran sa tulong ng gawaing ito.

## GAWAIN 6. Mapagnilay na Pagbasa!

Basahin ang sumusunod na artikulo at alamin kung ano ang pambansang kaunlaran at ang iba't ibang instrumento na ginagamit upang matukoy kung ito ay nakamit na o malapit ng makamit. Habang ginagawa mo ito, kumpletuhin ang *Data Retrieval Chart* na kaakibat ng mga artikulo.



Basahin ang teksto sa ibaba. Sagutin ang inihandang gawain.

**Teksto 1** Mayroong dalawang pananaw na batayan ng konseptong kaunlaran. Ang una ay mula sa pananaw na tinatawag na Growth-Oriented Development at ang ikalawa ay Sustainable Development Model.

Sa unang pananaw, ang pag-unlad ay sinasabing isang proseso ng paglaki ng ekonomiya. Naipapakita ang paglaki ng ekonomiya sa pamamagitan ng pagtaas o paglaki ng kita ng bansa na binubuo ng GrossNational Product (GNP), Gross Domestic Product(GDP), at National Income(NI). Sa pagtaas ng kita ng bansa, nasusukat ang paglago ng isang ekonomiya. Ipinapakita nito na tumataas ang produksyon at pagkonsumo dahil sa paglaki ng kita sa produksyon at serbisyo. Ang mga bansang naniniwala sa pananaw na ito ay kadalasang nanghihikayat ng mga dayuhang mangangalakal na magpapasok sa ekonomiya ng panibagong puhunan.Pinalalakas din ng bansa ang pag-eeksport o pagluluwas ng kanyang mga produkto kasama ang pagpapadala ng mga manggagawa sa labas ng bansa upang maragdagan ang kita sa pandaigdigang pamilihan. Dahil dito ay maaaring tumaas ang produksyon, magkaroon ng trabaho upang lumaki ang kita ng mga mamamayan at magkaroon ang mga tao ng kakayahang mamili at kumonsumo.





Basahin ang teksto sa ibaba.

**Teksto 2** Ang pag-unlad sa pananaw ng *Sustainable Development Model* ay isang proseso ng pagpapalawak sa oportunidad ng isang tao na makamit kahit man lamang ang minimum na istandard ng kabutihang pantao o well-being. Naniniwala ang mga tagapagtaguyod ng modelong ito na ang pag-unlad ay para sa tao kung kaya ang batayan ng pag-unlad ay ang pagtugon sa pangangailangan ng tao at pagtaas ng kalidad ng buhay ng tao. Ang buhay ng tao ay may iba't ibang dimensyon tulad ng politikal, ekonomik, ispirituwal, sikolohikal, pisikal, at sosyo-kultural. Ang mga dimensyong nabanggit ay galing sa Philippine Agenda 21.

1. Kaunlarang Pang-ispiritwal (*Spiritual Development*)– ang pagkakaroon ng kapayapaan at makabuluhang buhay ay batayan ng pag-unlad.

2. Kaunlarang Pang-tao (Human Development)– ang kaunlaran ay dapat nagsusulong ng kagalingang pantao. Ang kanyang dignidad at mga potensyal bilang tao ay napapangalagaan at napapagyaman. Mayroong lubos na paggalang sa karapatang pantao.Walang tunay na pag-unlad kung ang tao hindi nakikinabang.

3. Kaunlarang Panlipunan (*Social Development*) – may pag-unlad kung may katarungan at pagkakapantay-pantay sa oportunidad sa bawat isang kasapi ng lipunan.

4. Kaunlarang Pang-kultura (*Cultural Development*) – may pag-unlad kung may paggalang sa kultura ng bawat isa at ang lahat ay maaaring makinabang sa mga yamang pangkultural.

5. Kaunlarang Pampulitika (*Political Development*) – demokratikong pamamahala, walang korupsyon, episyente, epektibo, at makatao ang mga palatandaan ng kaunlarang politikal.

6. Kaunlarang Pang-ekonomiya (*Economic Development*) – maunlad ang kabuhayan kung mayroong seguridad ang bawat isa na makalahok at makinabang sa mga gawaing pangkabuhayan.

7. Kaunlarang Pang-ekolohiya (*Ecological Development*) – ang pag-unlad ay dapat likas-kaya. Hindi isinasakripisyo ang kalikasan upang kumita at matustusan ang mga pangangailangang materyal ng tao. Ang kalikasan ang pundasyon ng anumang pag-unlad.

Punan ng sagot ang grapikong pantulong.




Sa pangkalahatan, ang pambansang kaunlaran ayon sa SDM ay…

Sagutin mo ang mga tanong.

1.Ano ang pambansang kaunlaran ayon sa dalawang modelong ipinakita sa itaas?

__________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________

2.Sa paanong paraan naiba ang konsepto ng *Growth Oriented Model* sa *Sustainable Development Model*?

__________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________

3.Balikan mo ang iyong kasagutan sa *AR Guide* at tukuyin kung aling mga aytem ang nagpapakita ng konsepto ng *Growth Oriented Model* at alin naman ang tumutugma sa konsepto ng *Sustainable Development Model.*

__________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________

4. Anong mahalagang papel ang ginagampanan ng mga mamamayan upang makamit ang pambansang kaunlaran ayon sa dalawang modelo na ginagamit upang sukatin ang pambansang kaunlaran ng isang bansa?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

5. Sa papaanong paraan maaaring makamit ng Pilipinas ang katatagan ng ekonomiya nito?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

Sa bahaging ito, tatayain ang lawak ng iyong kaalaman tungkol sa mga paksang iyong napag-aralan. Aalamin din nating kung nakatulong ang mga gawaing iyong isinagawa upang makamit mo ang pamantayan.

## GAWAIN 7. Tuklasin Natin!

Sundin ang panuto sa pagsasagawa ng gawaing ito.

1. Nasa ibaba ang isang *puzzle*, isaayos ang mga ginulong salita at isulat ito sa kahong nasa kanang bahagi ng papel.
2. Pagkatapos, kunin ang mga letra at ilagay ang mga ito sa mga kahong may kaparehong numero upang makita ang isang kasabihang nagmula kay E. O. Wilson.
3. Subukan mong gawin ang gawaing ito sa loob lamang ng labinglimang minuto.

| | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| SNAPMAABGN TIAK | | | 25 | 36 | | 30 | 17 | | 44 | 9 | | | 26 | 3 | 28 |
| NUANLKARA | | | | 52 | | | 4 | | 49 | | | | | | |
| OTHAABR | 18 | 15 | | | | | 5 | | | | | | | | |
| NYOSERSATKOP | 1 | | 46 | | 19 | 20 | | 45 | 32 | | 22 | 8 | | | |
| TRSOIMYONAP | 29 | 58 | 50 | 24 | 38 | | 57 | 2 | | 14 | 13 | | | | |
| SEANOGNEYT | 39 | 21 | 27 | 55 | 47 | 6 | 48 | 23 | | 16 | | | | | |
| LIANAKSAK | | 59 | 60 | 7 | | | | | 41 | | | | | | |
| WAILITRPS | | | 31 | 43 | 34 | 54 | | 11 | | | | | | | |
| RAKUTUL | 35 | | | 53 | | 10 | 42 | | | | | | | | |
| LIIPATKU | | 37 | 33 | 12 | | 40 | 56 | 51 | | | | | | | |

D 1 2 3 4 5 6 7 8 9   10 11 12 13 F 14 15 16 17 18   F 19 20   21 C 22 23 24 25 26 C

27 28 29 30   31 32   33 34 35 1   36 37 38 39 40 41 9   42   43 1 44 45 26 46 47 48 49 C 1

50 51 12 52 53 7 30 9   54 55   C 5 5 56   57   58 16 59 60 .

Sa bahaging ito ng modyul, ang talakayan ay tungkol sa konsepto ng pambansang kaunlaran at ang mga palatandaan ng pambansang pag-unlad.  Mula sa iba’t ibang mga gawaing iyong isinagawa, inaasahangg may mga inisyal kang ideya na maaaring nabago o lalong napagtibay bunsod ng mga impormasyong iyong natuklasan. Ano-ano ang mga ideyang ito at alin pa ang mga nangangailangan ng pagbabago? Alamin natin an g mga iba pang mahahalagang sagot para sa mga ito sa tulong ng inihandang mga gawain sa susunod na bahagi ng modyul.

## GAWAIN 8. Ang Pagbabalik!

Balikan ang *IRF Worksheet* na iyong sinagutan sa unahang bahagi ng modyul at sagutan ang ikalawang hanay (*Revised*). Habang isinasagawa ito, pakatandaan ang mga ideya na hindi pa lubusang nabibigyang linaw at subukang hanapin ang mga sagot para dito habang pinapalalim natin ang iyong kaalaman tungkol sa paksa. I-klik ang SAVE kapag natapos mo na ang gawain. Maaari mo ring balikan ang nauna mong sagot sa nasabing gawain sa pamamagitan ng pag-klik sa arrow sa ibaba.

| ***THE IRF WORKSHEET*** |
|---|
| **Initial Answer:** |
| Katulad ng Pilipinas, paano makakamit ang pambansang pagsulong at pag-unlad sa ekonomiya? Gaano kahalaga ang pagkakaroon ng aktibo at responsableng mamamayan sa pagkamit ng isang maunlad at matatag na ekonomiya ng bansa?<br><br>**Revised Answer:** |
| **Final Answer:** |

## GAWAIN 9. Oooops Teka Lang! (Dip Stick)

Balikan ang layunin ng bahaging ito ng modyul at isagawa ang isang pansariling pagtataya upang malaman mo kung gaano umunlad ang kaalaman mo tungkol sa konsepto ng pambansang kaunlaran. Gamitin ang iskala na nasa ibaba ukol dito. Ano pa kaya ang maaari mong gawin para mapataas ang kaalaman mo tungkol sa paksa? Alamin sa susunod na bahagi ng modyul.




Sa puntong ito, masasabi ko na ang lebel ng aking kaalaman tungkol sa paksa ay _________ at ang mga nais ko pang mabigyan ng linaw at kasagutan ay ang ______________________________________ at __________________________________ kung kaya ang gagawin ko ay ___________________________________________________.

## PAGPAPALALIM

Marami ka nang naisagawa upang makabuo ng kongkretong konsepto ng pambansang kaunlaran at ang mga palatandaan nito.

Sa bahaging ito ng modyul, papalalimin mo ang iyong kaalaman at papalawakin ang mga kakayahang iyong malilinang sa tulong ng modyul. Sa puntong ito, susubukan mong suriin ang mga salik na nakaaapekto sa pagkakaroon ng pambansang pag-unlad; ang gampanin ng mga mamamayan sa pagkamit nito at ang mga posibleng mungkahi upang makatulong sa pagkamit ng bansa ng pambansang pag-angat at pag-unlad lalo na sa larangan ng ekonomiya.

## GAWAIN 10. Opinyon Mo, Mahalaga!

Sundin ang panuto sa ibaba upang maisagawa ang gawaing ito.

1. Balikan ang kasabihan ni E.O. Wilson na iyong natuklasan sa Gawain 6, magnilay-nilay kung ano kaya ang mensaheng nais niyang ipaabot sa mga tao na may kinalaman sa gampanin ng mga tao sa pagkamit ng pambansang kaunlaran.
2. Isipin mong kaharap ka ngayon ni G. Wilson at tinatanong ka tungkol sa kanyang ideya at kung papaano mo maisasabuhay ito, ano ang sasabihin mo? Gagamit ka ngayon ng *web app* na *voki* para maipahayag ang iyong saloobin.
3. Mag-log-on sa http://voki.com/. I-klik ang *create* at sundan ang mga panutong nakasaad sa *website* upang maisagawa ang hinihiling sa gawaing ito.

Natapos mong maibahagi ang iyong kaisipan tungkol sa kahalagahan ng papel na ginagampanan ng tao upang makamit ang pag-unlad habang pilit na pinapanatili ang kaayusan ng ating kapaligiran. Ngayon naman, subukan nating bigyan pa ng paglilinaw ang pagkakaiba ng mga bansa sa mundo sa usaping ekonomiya sa pamamagitan ng sumusunod na gawain.

## GAWAIN 11. Comparison and Contrast Matrix

Sundin ang panuto sa ibaba.

1. Panoorin ang *videoclip* sa pamamagitan ng pag- klik sa *link* na nasa ibaba.
2. Alamin ang pagkakatulad at pagkakaiba ng *First at Third World Countries.*
3. Maglaan ng dalawang minuto upang pag-isipan kung ang mga nakita mo sa *videoclip* na-oobserbahan mo sa iyong paligid.
4. Kumpletuhin ang *Comparison and Contrast Matrix.*

http://www.youtube.com/watch?v=dzK6hLM0LBc

| COMPARISON AND CONTRAST MATRIX | | |
|---|---|---|
| **FIRST WORLD** | | **THIRD WORLD** |
| | **Tao/ Mamamayan** | |
| | **Problemang kinakaharap** | |
| | **Imprastruktura** | |
| | **Pabahay** | |
| | **Sanitasyon** | |

Sa aking pansariling pagtataya, magkaiba ang maunlad at di maunlad na mga bansa dahil sa ________________________________________.Subalit, ang pagkakaibang ito ay maaaring mabawasan kung ako at ang ibang mga tao ay ________________________________,

Sagutin mo ang mga tanong.

1.Mula sa iyong napanood, anong uri ng mga bansa ang kabilang sa klasipikasyong First World?

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

2.Anong uri naman ng mga bansa sa mundo ang bumubuo sa klasipikasyong *Third World*?

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

3.Batay sa iyong mga nakita, saan mo igugrupo ang bansang Pilipinas?

4.Ano-anong aspekto ng *First* at *Third World Countries* ang masasabi mong nakikita sa Pilipinas?

5.Kung papipiliin ka, saan mo nais na manirahan: sa isang *First World Country* o sa *Third World Country*? Bakit?

6.Paano makakamit ng isang ekonomiya kagaya ng Pilipinas ang pambansang pagsulong at pag-unlad?

7.Paano makatutulong ang mga mamamayan ng isang bansa upang makamit nito ang isang maunlad at matatag na ekonomiya?

Atin pang palawigin ang iyong kaalaman tungkol sa kalagayang pang-ekonomiya ng ating sariling bansa. Hindi na kaila sa iyo na ang Pilipinas ay hindi naman lubos na naghihirap kagaya ng *Third World Countries* ngunit hindi rin siya lubusang matatag kagaya ng mga nasa *First World*. Nasaan na nga ba tayo sausaping pag-unlad? Ituloy natin ang pag-aaral sa pamamagitan ng pagsasagawa ng gawain sa ibaba.

## GAWAIN 12. Pagkuha at Paghinuha

Pag-aralan ang mga larawan na nasa ibaba at bigyang pokus ang mga impormasyong direktang makukuha sa mga larawang ito **(kinuha)** at ang mga interpretasyon na maaaring mabuo mula sa mga ito **(hinuha).** Kumpletuhin din ang *Comparison Chart* na kaakibat ng *picture analysis* na ito.

Larawan 1:




Larawan 2:




Larawan 3:



'THE BEACH'

<table>
<tr><th>KINUHA</th><th>POKUS</th><th>HINUHA</th></tr>
<tr><td>Larawan 1:</td><td rowspan="3">KAPALIGIRAN</td><td>Larawan 1:</td></tr>
<tr><td>Larawan 2:</td><td>Larawan 2:</td></tr>
<tr><td>Larawan 3:</td><td>Larawan 3:</td></tr>
<tr><td>Larawan 1:</td><td rowspan="3">PAG-UUGALI NG MGA TAO</td><td>Larawan 1:</td></tr>
<tr><td>Larawan 2:</td><td>Larawan 2:</td></tr>
<tr><td>Larawan 3:</td><td>Larawan 3:</td></tr>
<tr><td>Larawan 1:</td><td rowspan="3">KAGAMITAN NG MGA TAO</td><td>Larawan 1:</td></tr>
<tr><td>Larawan 2:</td><td>Larawan 2:</td></tr>
<tr><td>Larawan 3:</td><td>Larawan 3:</td></tr>
<tr><td colspan="3">Kongklusyon:<br>Batay sa tatlong larawan, nalaman ko na ang pag-unlad ay</td></tr>
<tr><td colspan="3">Realisasyon:<br>Bilang isang mamamayang Pilipino na nangangarap makita na umunlad ang aking bansa, ako ay may responsibilidad na…</td></tr>
</table>




Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano-ano ang mga pagbabagong dala ng pagkakaroon ng pagbabago at pag-unlad sa ekonomiya ng isang bansa?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

2. Nakabubuti ba sa bansa at mga mamamayan ang pag-usad patungong pag-unlad sa larangan ng teknolohiya at industriyalisasyon?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

3.Gaano ba kahalaga ang pagkamit ng matatag na ekonomiya ng isang bansa kagaya ng Pilipinas?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

4.Bilang isang Pilipino, paano ka makatutulong sa pagkamit ng isang matatag na ekonomiya para sa Pilipinas?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

Sa puntong ito, may malinaw ka ng ideya tungkol sa pambansang pag-unlad, mga palatandaan ng pag-unlad, mga mabubuti at di mabubuting epekto ng pag-unlad at ang gampanin ng mga mamamayan sa pagkamit ng pambansang kaunlaran. Atin pang palalimin ang kaisipang ito sa pamamagitan ng *videoclip analysis* na ito.

## GAWAIN 13. Ang Tao, Ang Bansa, at Ang Kaunlaran

Panuto:

1. Panoorin ang *videoclip* tungkol sa *The Miracle of the Han River*. Ang *videoclip* na ito ay tumatalakay sa pinagdaanan ng bansang South Korea mula sa isang mahirap na bansa hanggang sa magkaroon ito ng malagong ekonomiya na siyang ipinagmamalaki ng mga Koreano sa kasalukuyan. Bigyang pokus ang transisyong naganap sa ekonomiya ng South Korea at kung papaano ito nangyari.
2. Gamitin ang evernote.com upang makagawa ng buod ng mga mahahalagang pangyayari na ipinakita sa *videoclip*. Sundin ang panuto rito. Ikumpara ang buod na iyong nagawa sa mga nagawa ng kaklase.
3. Kumpletuhin ang mga tsart na kinakailangan upang mabigyang diin ang layunin ng gawaing ito.

http://www.youtube.com/watch?v=UA92mb3d3x0
(ang transpormasyon ng South Korea)

Sagutin mo ang mga tanong.

1.Anong bansa ang binibigyang pokus sa *videoclip*?

________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________

2.Balikan ang mapa sa Gawain 4 at tukuyin kung sa anong uri ng bansa kabilang ang bansang South Korea.

________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________

3.Sino si Park Jung Hee? Ano ang naging papel nito sa kasaysayan ng South Korea?

________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________

4.Ano ang naging kalagayan ng bansang ito bago ang pagkakahalal kay Park Jung Hee?

________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________

5.Ano-anong mga salik ang nakatulong upang makamit ng bansang South Korea ang transisyon mula sa pagiging mahirap na bansa patungo sa kinalalagyan nito ngayon?

________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________

6.Ano ang gampanin ng isang aktibo at responsableng mamamayan sa pagkamit ng isang maunlad at matatag na ekonomiya ng bansa?

________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________

Sa puntong ito, ating isa-isahin ang mga mahalagang kaganapan upang mabago ng South Korea ang kalagayang pang-ekonomiya nito at maging isa sa mga tinitingalang bansa sa Asya pagdating sa katatagan ng ekonomiya. Ating itong isagawa upang makabuo ng pansariling mungkahi kung ano naman ang nararapat nating gawin upang maging katulad ng ekonomiya ng South Korea ang ekonomiya ng Pilipinas.

## GAWAIN 14. Tunay na Lider, Mahalaga Pa Ba?

Balikan ang pinanood na *videoclip* at buuin ang *Character Portrait* ni Park Jung Hee. Pakatandaan ang mga mahahalagang aksiyon na kanyang isinagawa upang makamit ang "The Miracle of the Han River."

**Mga Pagsubok na Kinaharap ng Bansa:**




**Mga Programang Ipinatupad Upang Mapa-unlad ang South Korea:**

**GAWAIN 15.** **Bayan, Pahalagahan sa 3-2-1 Chart**

Bilang isang mamamayan ng bansang nakararanas ng kahirapan, ang tatlong aral na nakuha ko mula sa *videoclip* tungkol sa pagkamit ng pambnasang kaunlaran ay….

Ang dalawang katanungang nais ko pang masagot tungkol sa papel ng bawat isa sa pagkamit ng pambansang kaunlaran ay…..

Bilang isang kabataan, ano ang maitutulong ko upang maging maunlad ang ekonomiya ng aking bansa ay…

Sagutin mo ang mga tanong.

1.Ano ang pagkakatulad ng bansang Pilipinas sa bansang South Korea bago naganap ang "The Miracle of the Han River"?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

2.Sa kabilang dako, ano naman ang mahalagang bahaging ginampanan ng mga mamamayan ng Korea upang makamit nila ang estado ng kanilang ekonomiya sa kasalukuyan?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

3.Anong mahalagang aral ang dapat makuha ng mga Pilipino sa kuwentong ito ng South Korea?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

4.Paano makatutulong ang mga mamamayan ng isang bansa upang makamit nito ang isang maunlad at matatag na ekonomiya?

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

**TANDAAN**

Mahalaga na ang mga mamamayan ay magkaroon ng hangaring matuto at mapalalim ang kaalaman tungkol sa mga nagaganap sa kanilang kapaligiran, subalit ang lahat ng nalikom na talino at kaalaman ay walang silbi kung hindi ito magagamit upang makamit ng tao ang pagbabago, pag-unlad at pagpapabuti hindi lamang ng kanyang pansariling estado sa buhay kundi ang estado ng kanyang sariling bansa hindi lamang sa larangan ng edukasyon, politika, at kalusugan ngunit higit sa lahat ay sa larangan ng ekonomiya.

**GAWAIN 16. Malinaw na Perspektibo, Matatag na Pagpapatakbo**

**Gawain 16**: **Malinaw na Perspektibo, Matatag na Pagpapatakbo**
Sa puntong ito, ating tatayain kung gaano nabago ng modyul na ito ang iyong kaisipan tungkol sa paksa. I-klik ang *link* na nasa ibaba at kumpletuhin ang kaakibat nitong grapikong pantulong.

http://theworldoutline.com/2013/04/top-ten-myths-global-economy/

| "FACT" | "MYTH"/ "MISCONCEPTIONS" (mula sa naibigay na link) | "SALIK NA NAGPABAGO NG AKING PANINIWALA" |
|---|---|---|
| | 1. | |
| | 2. | |
| | 3. | |
| | 4. | |
| | 5. | |
| | 6. | |

| | | |
|---|---|---|
| | 7. | |
| | 8. | |
| | 9. | |
| | 10. | |
| Sa pangkalahatan, ang pagkakaroon ng mga nabanggit na maling akala ay masasabing sanhi ng ____________________________ at ang pagkakaroon ng pag-uugaling ito ay maaaring magdulot_____________________________ _______________________________________________________________ mga hakbangin upang makamit ng Pilipinas ang malagong ekonomiya. | | |
| Bilang isang mamamayang Pilipino, ako ay makatutulong upang mabago ang mga maling akala na ito sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga ________, __________________________, at __________________. | | |

**Katapusang Bahagi ng Pagpapalalim**

Nalampasan mo na ang iba't ibang bahagi ng modyul na ito na hindi lamang nakapagbigay sa iyo ng maraming impormasyon tungkol sa araling "Konsepto at Palatandaan ng Pambansang Pag-unlad" kundi sumubok din sa kakayahan mong intindihin ang mga mahahalagang aspekto ng paksang aralin. Ano-ano ang mga realisasyon mong nabuo tungkol sa modyul na ito? Nakatulong ba ang modyul upang makita mo ang kahalagahan ng papel na iyong gagampanan upang makamit ng ating bansa ang minimithi nitong pag-unlad? Ano- ano ang mga salik na nakatulong sa iyo upang mapahalagahan mo ang araling naka-paloob sa modyul na ito?

Ngayonng may malalim at malawak ka ng kaalaman tungkol sa paksa, handang-handa ka na upang maisagawa ang naihandang gawain sa susunod na bahagi ng modyul.

## PAGLILIPAT

Ang adhikain mo sa bahaging ito ng modyul ay maisabuhay mo ang mga kosepto at kaalamang iyong natutuhan mula sa mga gawaing naisagawa sa iba't ibang bahagi ng modyul na ito. Mabibigyan ka ng isang praktikal na gawain na magpapakita at magtataya ng lalim ng iyong pag-unawa ukol sa paksa.

Bago mo ipagpatuloy ang pagsagot sa mga pagsubok na inihanda sa bahaging ito ng modyul, subukan mong ilagay sa iisang *mind map* ang lahat ng mga mahahalagang konsepto na iyong natutuhan mula sa araling ito.

### GAWAIN 17. Mind Map

Balikan ang pamantayan para sa araling ito. Alalahanin din ang mga mahahalagang detalye ukol sa paksa na iyong nakalap mula sa una hanggang sa ikatlong bahagi ng modyul. Kumpletuhin ang *mind map* na nasa ibaba.



Sagutin mo ang mga tanong.

1.Ano ang pag-unlad?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

2.Paano nakikita ang pag-unlad sa isang bansa?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

3.Gaano kahalaga ang pagkakaroon ng maunlad na ekonomiya para sa bansa at sa mamamayan nito?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

4.Paano makakamit ng bansang Pilipinas ang isang matatag na ekonomiya?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

5.Ano ang papel ng mga mamamayang kagaya mo sa pagkamit ng pambansang kaunlaran?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

Natapos mong ilagay sa iisang mapa ang lahat ng iyong naipong kaisipan at kaalaman tungkol sa paksa, ngayon naman ating alamin kung ang mga kaalamang ito, magagabayan ka upang lubos mong maunawaan ang iyong bansa o mga pangyayari sa iyong paligid. Isagawa mo ang susunod na gawain sa loob lamang ng sampung minuto.

## GAWAIN 18. Katotohanan ba o Opinyon Lamang

I-tsek ang kolum ng Katotohanan kung ang mga nakasaad sa pangungusap ay totoo at naoobserbahan sa ating lipunan at i-tsek ang kolum ng Opinyon kung ang pangungusap naman ay walang katotohanan.

| FACT | STATEMENT | OPINION |
|---|---|---|
| | 1. Ang isyu ng “rice smuggling” at iba pang katiwalian sa Bureau of Customs ay nakaugat sa mas malala pang problema, ang isyu ng korupsyon, na siya rin namang sanhi ng hindi pag-usad ng ating ekonomiya. | |
| | 2. Ang tamang paghahanda at pangangalaga sa mga mamamayang Pilipino ang susi ng pag-unlad at ito ang tinutugunan ng programang K-12 ng Dep-Ed. | |
| | 3. Ayon sa konseptong *laissez faire*, ang pagpapaunlad sa ating ekonomiya ay tungkulin lamang ng gobyerno at ng mga ekonomista sapagkat sila ang may sapat na kaalaman upang maisagawa ang tungkuling ito. | |
| | 4. Ang pag-unlad ng ekonomiya ng Pilipinas ay nangangahulugang pagpaparami ng mga Pilipinong manggagawa sa dayuhang bansa. | |
| | 5. Ang sektor ng edukasyon ay may mabigat na gampanin upang makahubog ng mga Pilipinong may sapat na pagpapahalaga sa pagkakaroon ng isang matatag na ekonomiya ng Pilipimas kung kaya dapat itong pagtuunan ng pansin, pondo, at suporta ng gobyerno, komunidad at mga mamamayan. | |

Sa pangkalahatan, ang katotohanan sa pagkamit ng isang matatag na ekonomiya ng Pilipinas ay nakasalalay sa ___________________________________________ at matutupad lamang ito kung
_______________________________________________________________________.

Sa bahaging ito, bago mo isagawa ang inaasahang pagganap, bibigyan ka ng pagkakataong suriin ang iyong sarili at maki bahagi sa usapan ng dalawang tao na may malaking kontribusyon sa paghubog ng mundo na ating ginagalawan ngayon.

## GAWAIN 19. Ako at ang Pag-unlad ng Aking Bansa

Sundin ang panuto sa ibaba.

1. Isipin mong ka-*conference* mo sa *internet* ang dalawang tao sa ibaba at ang kanilang pinag-uusapan ay tungkol sa pagkamit ng matatag na ekonomiya para sa bansang Pilipinas, bilang isang mag-aaral at isang Pilipino, ano ang kaisipang maibabahagi mo sa dayalogong nagaganap?
2. Isulat ang iyong kaisipan sa loob ng *bubble map.*









Mayroon ka ng malinaw na kaisipan tungkol sa konsepto ng kaunlaran, mga palatandaan ng pag-unlad, at mga gampanin ng mga mamamayan sa pagkamit ng matatag na ekonomiya para sa Pilipinas. Isagawa mo ngayon ang panghuling gawain sa modyul na ito na susubok sa iyong kakayahang ilipat sa tunay na buhay ang mga naipo mong konsepto, kaalaman, kakayahan, at kaisipan. Enjoy!

## GAWAIN 20. Analysis Map

Ilipat ang iyong mga natutuhan sa pamamagitan ng pagsasagawa ng gawaing inihanda. Sundin ang panuto sa ibaba.

**TASK**

1. Panoorin at pakinggan ang *music video* ng awit na *Ang Bata* ng grupong *Binhi* sa pamamagitan ng pag-klik sa *link* na nasa ibaba.
2. Pag-aralang mabuti ang mensahe ng awit at ang koneksiyon nito sa layuning makahubog ng aktibong mag-aaral na nakikibahagi sa pagpapabuti ng sektor ng ekonomiya at ang maayos na pagpapatupad ng mga patakaran nito para sa pambansang pag-unlad.
3. Kumpletuhin ang analysis map na kasunod nito.

PANGALAN:

http:www.youtube.com/watch?v=hrEJhdGFnW8

PETSA:

**ANG PILIPINAS SA MATA NG ISANG BATA**
**CONCEPT MAP**




RESOLUSYON PARA SA MGA HAMONG ITO:

Sagutin ang mga tanong.

1.Anong mga hamon sa inyong barangay ang humahadlang upang makamit ang pag-unlad dito?

____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________

2.Paano masosolusyonan ang mga hamong ito?

____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________

3.Bilang isang residente ng inyong barangay, ano ang maaari mong gawin upang mabago ang kalagayan ng inyong lugar?

____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________

4.Paano makatutulong sa pagkamit ng matatag na ekonomiya ng Pilipinas ang pagpapaunlad na inyong gagawin sa inyong barangay?

____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________

Ang iyong *output* ay tatayain ayon sa rubrik sa ibaba.

**PAMANTAYAN SA *ANALYSIS MAP***

| PAMANTAYAN | NAPAKAGALING 4 | MAGALING 3 | MAY KAKULANGAN 3 | NAGSISIMULA PA LANG 1 |
|---|---|---|---|---|
| **NILALAMAN NG GRAPIKONG PANTULONG** | Lubusan at wasto ang pagpapahayag sa mga mahahalaga at angkop na konsepto ng mga hamong kinakaharap ng bansang Pilipinas batay sa *videoclip* na napanood | Wasto ang pagpapahayag sa mga mahahalaga at angkop na konsepto ng mga hamong kinakaharap ng bansang Pilipinas ayon sa *videoclip* na napanood | Hindi kumpleto ang naihayag na mahahalaga at angkop na konsepto ng mga hamong kinakaharap ng bansang Pilipinas ayon sa *videoclip* na napanood | Hindi akma ang naihayag na mahalaga at angkop na konsepto ng mga hamong kinakaharap ng bansang Pilipinas ayon sa *videoclip* na napanood |
| **KAANGKUPAN NG RESOLUSYON** | Lubusang nabigyang diin at naipaliwanag ang koneksyon ng resolusyon sa mga naitalang hamong kinakaharap ng bansang Pilipinas at sa mga nakikita ng bata sa kanilang komunidad | Nabigyang diin at naipaliwanag ang koneksyon ng resolusyon sa mga naitalang hamong kinakaharap ng bansang Pilipinas at sa mga nakikita ng bata sa kanilang komunidad | Di-lubusang nabigyang diin at hindi naipaliwanag ang koneksyon ng resolusyon sa mga naitalang hamong kinakaharap ng bansang Pilipinas at sa mga nakikita ng bata sa kanilang komunidad | Walang koneksyon ang naibigay na resolusyon sa mga naitalang hamong kinahaharap ng bansang Pilipinas batay sa *videoclip* |
| **ORGANISASYON** | Ang kaayusan at pagkakasunod-sunod ng mga naitalang hamong kinakaharap ng bansang Pilipinas ay alinsunod sa pagkakasunod-sunod na | Ang kaayusan at pagkakasunod-sunod ng naitalang hamong kinakaharap ng bansang Pilipinas ay hindi naaayon | Ang mga naitalang hamong kinakaharap ng bansang Pilipinas ay kulang at hindi alinsunod sa ipinakitan pagkasunud- | Ang mga naitalang konsepto tungkol sa hamong kinakaharap ng bansang Pilipinas ay hindi naaayon sa ipinapakita |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ipinapakita sa *lyrics* at *video* ng awit | sa pagkakasunod -sunod na ipinapakita sa *lyrics* at *video* ng awit | sunod nito ayon sa *lyrics* at *video* ng awit | ng *lyrics* at *video* ng awit |
| **PAGSUNOD SA PANUTO UKOL SA PAGPASA NG GAWAIN** | Naipasa bago o sa naitakdang panahon | Naipasa 1 hanggang 2 na araw makalipas ng takdang panahon | Naipasa 3 hanggang 4 na araw makalipas ng takdang panahon | Naipasa ng lima o mahigit pang araw makalipas ng takdang panahon |
| | | | | OVERALL RATING |

Bilang pangwakas, ang maipapayo ko sa mga kabataang kagaya ko tungkol sa pagnanais ng ating bansa na makamit ang isang matatag na ekonomiya ay….

**Katapusang Bahagi ng Paglilipat**

Sa bahaging ito ng modyul, inaasahang napagtagumpayan mo na mailipat sa tunay na buhay ang mga konsepto at kaalamang iyong nakamit sa aralin.

Ano ang masasabi mo sa inaasahang pagganap? Nakatulong ba ito upang lalo mo pang makita ang koneksyon ng araling ito sa iyong buhay?

Lubos kitang binabati dahil napagtagumpayan mo ang lahat ng mga gawaing naihanda at naipamalas mo lahat ng mga kakayahang inaasahan mula sa isang mag-aaral na kagaya mo.

## PANGHULING PAGTATAYA

Ito na ang pagkakataon upang mataya ang iyong natutuhan. I-klik lamang ang titik nang napili mong sagot. Makikita mo ang iyong nakuhang iskor pagkatapos mong masagutan ang lahat ng aytem. Kung mataas ang iyong nakuhang iskor, maaari ka nang pumunta sa susunod na modyul. Kung ang nakuha mong iskor ay wala sa inaasahang lebel o iskor, kailangan mong balikang muli ang modyul.

Kung handa ka na, i-klik ang SIMULA.

Basahin at unawaing mabuti ang mga sumusunod na tanong. I-klik ang titik ng wastong sagot.

1.Alin sa sumusunod na pahayag ang tama?

a. Sapat nang may trabaho upang maging maunlad ang bansa
b. Nasa kamay ng manggagawa ang pag-unlad ng bansa
c. Nasa pamahalaann ang susi sa pag-angat ng ekonomiya
d. Nasa paglago ng ekonomiya ang pag-unlad ng bansa

2.Paano masasabing may pag-unlad sa ekonomiya ang bansa?

a. Tumaas ang migrasyon ng mga Pilipino.
b. Tumaas ang GNI.
c. Bumaba ang krimen sa bansa.
d. Bumaba ang antas ng marunong magsalita sa Ingles.

3.Anong salik ang hindi bumubuo sa pag-unlad ng bansa?

a. likas-kayang pag-unlad
b. makataong pamamahala
c. kasiguraduhang pangkabuhaya
d. modernisasyon

4.Sa *Sustainable Human Development*, ano ang palatandaan ng pag-unlad?

a. Pagtaas ng kalidad ng buhay ng tao
b. Pagtaas ng presyo ng mga bilihin
c. Pagtaas ng bilang ng nag-aaral
d. Pagtaas ng dami ng nagtatrabaho

5.Alin sa sumusunod na mga pangungusap ang tama?
   a. Sapat na ang pagkakaroon ng trabaho upang umangat ang ekonomiya ng bansa.
   b. Sapat na ang pag-angat ng ekonomiya upang umunlad ang buhay ng mga tao.
   c. Sapat na ang may pinag-aralan upang umunlad ang buhay.
   d. Sapat na ang maunlad na buhay upang magkaroon ng malagong ekonomiya.

6.Ano ang sinusukat ng instrumentong *Human Poverty Index*?
   a. Kakulangan sa edukasyon ng mga tao
   b. Kakulangan sa kita ng mga tao
   c. Kaiklian ng buhay ng mga tao
   d. Lahat ng opsyon

7.Sino ang nagpatupad ng programang *Medium Term Philippine Development Plan*?
   a. Fidel V. Ramos
   b. Joseph Estrada
   c. Corazon Aquino
   d. Ferdinand Marcos

8.Ano ang basehan ng pagkamit ng pambansang kaunlaran ayon sa *Growth Development Model*?
   a. Pagtaas ng GNP
   b. Pagtaas ng GDP
   c. Pagtaas ng Pambansang Kita
   d. Lahat nang nabanggit

9.Alin sa sumusunod na pares ng pangyayari ang nagpapakita ng koneksiyong sanhi-bunga?
   a. Teknolohiya: Mababang Bahagdan ng Manggagawa
   b. Kahirapan: Kaguluhan sa Zamboanga
   c. Mataas na Produksyon: Mataas na Bahagdan ng Manggagawa
   d. Teknolohiya: Industriyalisasyon

10.Suriin ang sumusunod na mga sitwasyon at tukuyin kung ano ang posibleng kahahantungan ng pagkakaroon ng mga ito sa bansa?
   i. Mabilis na pag-unlad ng teknolohiya
   ii. Mataas na bahagdan ng banyagang namumuhunan sa bansa
   iii. Palagiang pagbisita ng presidente sa mga karatig bansa

a. Pagtaas ng bilang ng mga Pilipinong nagtatrabaho sa ibang bansa.
b. Pagdami ng trabaho sa Pilipinas at pagkawala ng kaugaliang Pilipino.
c. Pagtaas ng antas ng pamumuhay ng mga Pilipino dahil sa makabagong teknolohiya.
d. Pag-angat ng ekonomiya ng bansa kasabay ng mga pagbabago sa lipunan nito.

11. Ayon sa mga prinsipyo ng sustenableng pag-unlad ang bansa ay aangat kung mayroon na itong cultural, moral and spiritual sensitivity; social justice, inter & intra-generational & spatial equity; economic development; at development of full human potential. Aling reporma sa kagawaran ng Edukasyon ng Pilipinas ang tumutugon sa mga palatandaan ng pag-unlad na ito?
    a. K-12
    b. Uderstanding by Design
    c. Pagbabawas ng bilang ng taong gugugulin sa kolehiyo
    d. Open High School Program

12. Ayon sa modelong *sustainable development* na isa sa mga batayan sa pagsukat ng pag-unlad ng mga bansa, ang mga mamamayan ng bansa ay dapat maturuan ng mga kakayahang mapagtagumpayan ang mga hamon ng ika-21 Siglo. Aling aksiyon ng gobyerno ang naglalayong mapaigting ang kolaborasyon ng mga mamamayan, Sektor ng ekonomiya, at mga patakarang pang-ekonomiya ng bansa?
    a. TESDA NC Scholarship
    b. Public Private Partnership
    c. K-12
    d. Matuwid na Daan

Suriin ang mga sumusunod na kasabihan sa ibaba:

> “In our production-oriented society, being busy, having an occupation has become one of the main ways, if not the main way, of identifying ourselves. Without an occupation, not just our economic security but our very identity is endangered.” -Henri Nouwen

> “Universal education is not only a moral imperative but an economic necessity, to pave the way toward making many more nations self-sufficient and self-sustaining.” -Desmond Tutu

13. Ano ang koneksiyon ng kasabihan ni Nouwen sa kasabihan ni Tutu?

    a. Ang pag-aaral ay hindi kasiguruhan sa pagkakaroon ng trabaho dahil sa lumalaking populasyon.
    b. Ang pagkakikilanlan ng bansa ay nasa kamay ng mga mag-aaral nito.

c. Ang pag-aaral ay mahalaga sa pagkakaroon ng trabahao na siya ring kailangan upang ang bansa at ang sarili ay umunlad.
d. Ang pag-aaral ay hindi dapat pribilehiyo, karapatan ito ng bawat mamamayan.

14. Kung magkikita ang dalawa sa isang *Economic Summit*, maaari kayang sila ay magbangayan sa usaping pangmatagalang kaunlaran?

a. Oo dahil ang una ay naniniwala sa pagkakaroon ng trabaho upang umunlad.
b. Oo dahil ang ikalawa ay edukasyon lang ang pinaniniwalaang susi sa pag-unlad.
c. Hindi dahil ang kanilang paniniwala ay sumusuporta sa ideya ng bawat isa.
d. Hindi dahil ang paniniwala nila ay mahahalagang salik sa pag-unlad na hindi maaabot nang magkahiwalay.

15. Ikaw ang bagong talagang kalihim ng Department of Labor and Employment at ikaw ay inatasang magsagawa ng patimpalak na "Idol ng Probinsiya" na magbibigay ng parangal sa mga mamamayan na may pinakamalaking kontribusyon sa pagpapaigting sa kaalaman at partisipasyon ng mga mamamayang Pilipino sa pagpapabuti at pagpapatupad ng mga sektor ng ekonomiya at mga patakarang pang-ekonomiya nito. Marami ang mga nagpasa ng kanilang nominasyon kagaya ng mga sumusunod. Sino sa kanila ang may mas mataas na tsansa na manalo sa patimpalak?

a. Guro na itinalagang koordineytor ng *outreach program* ng kanilang paaralan na naging tanyag dahil sa iba't ibang proyekto nito sa pagkakawanggawa.
b. Pilantropo na nagbibigay ng tulong pinansiyal sa mga batang nais makapag-aral sa elementarya at hayskul.
c. Pangulo ng isang korporasyon na nakapagtayo ng isang Micro Income Generating Foundation na kumukupkop sa mga inang walang mga trabaho.
d. Manggagamot na nakapaglibot sa buong Pilipinas upang makapagbigay sa mga Pilipino ng libreng serbisyo sa panggagamot.

16. Ang mga guro sa pribado at pampublikong paaralan ay naatasan ng pamahalaan na makilahok sa pagkamit ng mga adhikain ng Philippine Agenda 21 partikular na sa prinsipyong *Development of Full Human Potential*. Ikaw ang punong-guro ng Mataas na Paaralan ng Balatoc at tatayain mo kung ang mga guro mo ay tumutupad sa iniatas sa kanilang tungkulin. Paano mo ito gagawin?

a. Pumasok sa loob ng silid-aralan at magsagawa ng obserbasyon tungkol sa pamamaraan ng pagtuturo ng guro sa oras na hindi nito inaasahan.
*b.* Gawing kondisyon sa pagkuha ng *performance bonus* ang isang banghay-aralin na tumutugon sa kinakailangan ng programang *Philippine Agenda 21.*
*c.* Bigyan ng maraming *handout* ang mga guro tungkol sa *Philippine Agenda 21.*
*d.* Gawing alituntunin sa paaralan ang paggamit ng makabagong estratehiya sa pagtuturo na magpapalabas sa iba't ibang kakayahan ng mga mag-aaral at susundan ito ng regular na *classroom observation.*

17. Bilang bagong talagang kalihim ng NEDA, nais mong gawan ng kampanya ang pagpapaigting sa kaalaman ng mga tao sa ideyang ang populasyon ay lubhang mahalaga para sa pag-unlad ng pambansang ekonomiya, anong salik na maaaring maka-apekto sa pagiging produktibo ng mga mamamayan sa pagsasagawa ng kanilang mga gawain ang dapat mong bigyan ng pokus sa iyong kampanya upang mahikayat ang mga tao na paunlarin ang kanilang talento, kaalaman, at kakayahan?
    a. Kaalaman sa teknolohiya
    b. Nalinang na kakayahan at kasanayan
    c. Kultura at edad
    d. Kapaligiran at edukasyon

18. Napakaraming hamon ang kinaharap ng bansang Hapon na nagpatindi ng paniniwala ng mga tao na ang ekonomiya nito ay hindi na matatag at wala ng kakayahang makipag-kumpetensiya sa mga mauunlad na bansa, bilang isang *political analyst*, anong pinakamabisang instrumento ang iyong gagamitin upang maitama ang maling akala na ito sa mga kabataang Pilipino upang mailabas ang kaisipang “Walang imposibleng pagbangon ang magaganap sa bansang ang mga mamamayan ay lubos na nagtutulungan!”.

    a. Pagsasagawa ng *signature campaign* upang mapatalsik ang mga tiwaling opisyal.
    b. Pag-organisa ng isang *forum* kung saan mapapakinggan ang ilang mga Hapon kung paano nila nalagpasan ang mga hamong kanilang kinaharap.
    c. Pagbibigay ng pondo upang makabuo ng isang *indie film* na nagpapakita sa mga aksyong ginawa ng bansang Hapon upang muling bumangon.
    d. Paggawa ng isang *campaign ad* na nagpapakita ng kahalagahan ng pagkakaroon ng kooperasyon sa panahon ng unos.

19. Bilang *organizer* ng isang NGO na naglalayong buhayin sa mga kabataan ang kaalaman sa mahalagang papel ng mga ito sa pagkamit ng malagong ekonomiya ng bansa, nais mong magsagawa ng *online Campaign Ad Competition* tungkol sa adhikain ng iyong organisasyon at upang maging patas ang labanan, kukuha ka ng mga hurado na kinabibilangan ng isang politiko, isang direktor ng sining sa paggawa ng komersiyal, isang beteranong alagad ng sining, isang ekonomista, at isang mamamahayag ng CNN. Sino sa kanila ang magiging *chairman* ng *Board of Judges*?
    a. Ang mamamahayag ng CNN sapagkat mas direkta nilang nakasasalamuha ang mga tao kaya alam nila kung epektibo ba ang *campaign ad* sa pagbabago ng kanilang pananaw sa buhay.
    b. Ang direktor sapagkat siya ang mas nakaaalam kung paano bubuuin at ipaaabot ang iba't ibang kaisipang nakapaloob sa gagawing *campaign ad* sa mga tao sa pamamagitan ng isang mabisang paraan.
    c. Ang alagad ng sining sapagkat mas alam niya kung ano ang dapat na nilalaman ng isang *campaign ad* upang ito ay magustuhan ng mga tao.
    d. Ang politiko sapagkat ang kanyang buhay ay umiikot sa paggawa ng iba't ibang kampanya para sa iba't ibang programa upang laging matunog ang kanyang pangalan.

20. Bilang organizer ng isang NGO na naglalayong buhayin sa mga kabataan ang kaalaman sa mahalagang papel ng mga ito sa pagkamit ng malagong ekonomiya ng bansa, nais mong magsagawa ng isang *Campaign Ad Competition* na lalahukan ng mga mag-aaral sa sekundarya tungkol sa adhikain ng iyong organisasyon at upang maging malinis at maayos ang gagawing pagpili ng mga mananalo, gagawa ka ng rubrik na gagamitin ng mga hurado. Anong krayterya ang bibigyan mo ng mas mabigat na puntos kung ang ninanais mo ay mabago ang pananaw ng mga kabataan tungkol sa papel nila sa pagkamit nga maunlad na ekonomiya ng Pilipinas sa pamamagitan ng *campaign ad*?

    a. pagkamalikhain
    b. nilalaman
    c. impact/ dating sa manonood
    d. kapakinabangan

## GLOSARYO NG MGA TERMINONG GINAMIT SA MODYUL

**Agrikultura** - paraan ng paggawa ng pagkain, hibla, at iba pang ninanais na mga produkto sa pamamagitan ng pagbubungkal ng ilang mga halaman at pagpapalaki ng mga maamong hayop. Kilala din sa tawag na pagbubukid o pagsasaka ang agrikultura, ang trabaho ng mga magsasaka.

**Ekonomiya** – isang pag-aaral kung paano gagamitin ang mga limitadong pinagkukunang yaman upang makagawa at maipamahagi ang iba't ibang produkto at serbisyo sa mga tao at iba't ibang pangkat ng lipunan para sa kasalukuyan at hinaharap. (Paul Samuelson)

**First World** – mga bansang mayayaman o malayong angat ang ekonomiya sa ibang mga bansa kaya kalimitan sila din ang may kontrol sa usaping politikal at pang-ekonomiya ng daigdig.

**Gross Domestic Product** – halaga ng kabuuang produksiyon sa loob ng pambansang ekonomiya.

**Gross National Income** – halaga ng kabuuang produksiyon ng mamamayan sa isang bansa sa loob at labas ng pambansang ekonomiya.

**Growth Oriented Development Model** - ang pag-unlad ay sinasabing isang proseso ng paglaki ng ekonomiya. Naipapakita ang paglaki ng ekonomiya sa pamamagitan ng pagtaas o paglaki ng kita ng bansa na binubuo ng GrossNational Product (GNP), Gross Domestic Product (GDP), at National Income(NI).

**Growth Rate** – Salik na maaaring magpakita ng pag-unlad ng ekonomiya ng isang bansa. Ito ay nakukuha sa pamamagitan ng pormulang GROWTH RATE = [(GNP sa kasalukuyang taon – GNP sa nakaraang taon)/ GNP sa nakaraang taon] X 100

**Implasyon** – tumutukoy sa pagtaas ng pangkalahatang presyo sa pagdaan ng panahon.

**Importasyon** – pag-aangkat o pagpapasok sa bansa ng mga kalakal ng ibang nasyon.

**Industriya** – pangkabuhayang gawain na kaugnay sa pagpoproseso ng hilaw na sangkap sa paggawa ng bagong produkto.

**Literacy Rate** – bahagdan o bilang ng marunong bumasa at sumulat sa isang populasyon.

**Pag-eeksport** - pagluluwas ng kanyang mga produkto kasama ang pagpapadala ng mga manggagawa sa labas ng bansa upang maragdagan ang kita sa pandaigdigang pamilihan.

**Pag-unlad** - isang proseso ng paglaki ng ekonomiya. Naipapakita ang paglaki ng ekonomiya sa pamamagitan ng pagtaas o paglaki ng kita ng bansa na binubuo ng Gross National Product (GNP), Gross Domestic Product (GDP), at National Income (NI).

**Per Capita Income** - Kung ang Gross National Product (GNP) o Gross Domestic Product (GDP) ay ang *national income* o kabuuang kita ng Pilipinas, kung ito'y pinaghinati-hati sa lahat ng Pilipino, ang tawag sa bahaging mapupunta sa bawat Pilipino ay *income per capita* o GNP *per capita* o GDP *per capita.*

**Philippine Agenda 21** - ang tugon ng Pilipinas sa pandaigidgang plano na makamit ang pag-unlad sa ika-21 siglo. Pinagpulungan ito at sinang-ayunan ng nagkakaisang mga bansa sa daigdig at tinawag na AGENDA 21 para sa buong daigdig.

**Teknolohiya** - pagsulong at paglapat ng mga kasangkapan, makina, kagamitan at proseso upang tumulong sa paglunas ng mga suliranin ng tao.

**Third World** – mga mahihirap na mga bansa na kalimitang makikita sa Asya, Africa, at Latin America.

**Sustainable Development Model** - ay isang proseso ng pagpapalawak sa oportunidad ng isang tao na makamit kahit man lamang ang *minimum* na istandard ng kabutihang pantao o *well-being* na siyang basehan ng pag-unlad sa isang bansa.

**TALASANGGUNIAN AT MGA WEBSITE NA GINAMIT SA MODYUL**

http://www.israel21c.org/news/fairytale-triumph-filipina-caregiver-rose-fostanes-wins-x-factor-israel/(Life of Osang)

http://www.rappler.com/entertainment/47980-rose-fostanes-x-factor-journey(Journey to X-Factor)

http://www.rappler.com/entertainment/51713-caregiver-no-more-x-factor-israel-rose-fostanes-focus-singing-career(Caregiver No More)

http://www.youtube.com/watch?v=n_jdVp71NmE (NIC)

http://www.youtube.com/watch?v=A2rIHon9670 (the next Asian tiger economy)

http://www.youtube.com/watch?v=UA92mb3d3x0 (Miracle of the Han River)

http://www.youtube.com/watch?v=WfGMYdalClU (Man and the environment)

http://www.youtube.com/watch?v=bn8R_XqjjI0 (Saving the environment)

http://www.youtube.com/watch?v=dzK6hLM0LBc (First World and the third world)

http:www.youtube.com/watch?v=hrEJhdGFnW8 ! (Ang Bata)

http://www.mycutegraphics.com (graphic organizers)

## Aralin 4: Sektor ng Paglilingkod

### ☑ SAKLAW NG ARALIN

Ang araling ito ay naglalaman ng mga sumusunod na paksa:

| Aralin Blg. | Pamagat | Matututuhan Mo… | Oras |
|---|---|---|---|
| *Aralin 4* | **Sektor ng Paglilingkod**<br>**4. Ang bahaging ginagampanan ng sector ng paglilingkod sa pambansang ekonomiya**<br>**5. Mga patakarang pang-ekonomiya na nakakatulong sa sector ng paglilingkod**<br>**6. Batas na nagbibigay Proteksyon at Nangangalaga sa mga Karapatan ng Manggagawa**<br>• **Contractualization and Labor Outsourcing**<br>• **Salary Standardization Law** | • Nasusuri ang bahaging ginagampanan ng sektor ng paglilingkod<br>• Napapahalahagahan ang mga patakarang pang-ekonomiya na nakakatulong sa sektor ng paglilingkod<br>• Nakapagbibigay ng sariling pakahulugan sa konsepto ng impormal na sektor | |

## PANIMULANG PAGTATAYA

Kung makakapasa ka sa panimulang pagsusulit, maaari kang kumuha ng mga sumusunod na modyul na nakasaad sa concept map.

Kung hindi ka naman palarin na makapasa sa panimulang pagsusulit, ikaw ay dadalhin sa ibang bahagi kung saan ay inaasahang makakakuha ka ng mga kaalaman at kasanayan na kakailanganin mo para sa modyul na ito.

*Titingnan natin ngayon kung anu- ano na ang mga natutunan mo patungkol sa modyul na ito. I- Clik mo ang letra na sa iyong palagay ay siyang tama na sagot sa katanungan. Pagkatapos mong masagutan ang mga ito, makikita mo ang iyong iskor. Tutukan ang mga aytems na dapat mong hanapan ng mga kasagutan habang ikaw ay mag-aaral sa modyul na ito.*

**A** 1.) Ito ay sistema ng pamahalaan na nainiwalang ang pribadong sector ay may mahalagang gampanin sa pagpapasigla ng kalakalan at negosyo at ang pamahalaan ay may mas mabigat na tungkulin na magbigay ng kaunlaran, kapanatagan, at katiwasayan ang bansa at mga mamamayan nito.

a.) Sistemang Pamilihan
b.) Sistemang Pagmamando
c.) Sistemang Pinaghalo
d.) Sistemang Tradisyunal

Ito ang sistemang nagbibigay ng mga gampaning pang-ekonomiko sa dalawang sector (pribado at publiko).

A 2.) Ito ay isang halimbawa ng isang “public good” na nilalaan ng pamahalaan para sa mga mamamayan.

a.) paglalagay ng tulay at kalsada
b.) pagparami ng sasakyang pribado
c.) pagsisiyasat sa nanalo ng lotto
d.) pagbigay puri sa mga OFW




http://bulatlat.com/main/2012/11/05/last-meager-wage-hike-kills-buries-minimum-wage/ (Last, Meager Wage Hike Kills, Buries Minimum Wage)

A 3.) Suriin ang mga imahen na nasa larawang ito. Alin sa sumusunod ang gusto nitong ipahiwatig?

a.) ang minimum wage ng mga manggagawa ay sapat para sa ikabubuhay ng pamilya
b.) ang minimum wage ng mga manggagawa ay itinuturing na kulang kung kaya ito ay nagdulot ng kahirapan sa pamilya
c.) ang minimum wage ng mga manggagawa ay ikauunlad sa buhay ng pamilya
d.) ang minimum wage ng mga manggagawa ay nagkakaiba at di tiyak ng pamahalaan

**M** 4.) Paano papatunayan na ang kolaborasyon ng mga mamamayan, Sektor ng Ekonomiya, at mga Patakarang Pang-ekonomiya ay susi para sa pambansang pagsulong at pag-unlad ng ekonomiya?

a.) Kapag ang sector ng paglilingkod ay may pinaka mataas na porsiyentong naiambag sa pambansang kaunlaran batay sa estadistika *
b.) Kapag ang pamahalaan ng Pilipinas ay solong tinutupad ang mga gampanin bilang taga alaga ng kaunlaran
c.) Kapag pinakikialaman ng pamahalaan ang mga negosyong kailangan sa ekonomiya at makakuha ng malaking komisyon
d.) Kapag nakapagpautang sa mababang interes sa nakakaraming manggagawa

2. **T** 6.) Ang Philippine Information Agency (PIA) ay nagpapasimuno ng isang programang pangradyo na pinamagatang "Maki-alam Tayo". Kung ikaw ay isang may pakanang mamamayan ano ang isusulong mo upang mapaigting ang kaalaman at partisipasyon ng nakararami?

a.) Ang pagkakaroon ng mas mabuting kalagayang pang-ekonomiya para sa mga manggagawang nasa sector ng BPOs
b.) Ang mapadami ang pangangalakal ng pamahalaan at makialam sa marami pang negosyo

c.) Ang pagbabawas ng buwis sa mga manggagawang may P500,000 + na income sa isang taon

d.) Ang pagsasali sa "Ice Bucket Challenge" para madagdagan ang pondo para sa pananaliksik sa lunas ng ALS (Amyotrophic Lateral Disease)

## PAGTUKLAS

Simulan mo ang modyul na ito sa pamamagitan ng pagsagot sa ilang mga katanungan matapos suriin ang isang *editorial cartoon*.

Cartoon Analysis




www.wnd.com (The Burden of Public Service)

## GAWAIN 1. Lightweight o Heavyweight?

Tingnang mabuti ang larawang ito at bigyang pansin ang mga nakapaloob nito. Ano-ano ang iyong napapansin at nababasa? Ano kaya ang ipinahiwatig sa larawang ito? Isulat sa Tsart ang mga kasagutan.

<table>
<tr><td colspan="3">Tanong:<br>1.) Ano-ano ang mga nakikita/nababasa sa larawan?<br>2.) Ano kaya ang mensaheng ipinahiwatig sa larawang ito?</td></tr>
<tr><td>Sagot sa Tanong</td><td>Ebidensyang Nakikita sa Larawan</td><td>Paliwanag</td></tr>
<tr><td></td><td></td><td></td></tr>
</table>

**GAWAIN 2.** **Mapa ng Pagbabago**

Panuto: **Pag-isipan ang mga sagot sa sumusunod:**

1.) Ano ang kinikilalang pribadong sector? Ang publikong sector?
2.) Ano naman ang tinatawag na sector ng paglilingkod?
3.) Paano ginagampanan ng pamahalaan ang tungkulin sa paglilingkod?
4.) Bakit may maraming pang-ekonomiyang suliranin ang ating bansa?

**Gamit ang IRF worksheet sa ibaba sagutin ang mahalagang tanong (essential question). Ito ay ang tanong na palagi mong babalikan at tutuklasin ang sagot sa pamamagitan ng paggawa ng mga aktibitis at mga pagtatasa na nakapaloob sa modyul na ito. Isulat ang iyong sagot sa kahong may markang "initial".**

►Paano makakamit ng isang ekonomiya kagaya ng Pilipinas ang pambansang pagsulong at pag-unlad?

| |
|---|
| **Initial Thoughts:** |
| Revised: |
| Final: |

**Katapusan ng Pagtuklas**

Naibigay mo na ang iyong inisyal na kaalaman sa pamamagitan ng pagsagot sa IRF worksheet. Ngayon ay ating alamin at pagkumparahin ang iyong kasagutan sa pamamagitan ng pagsasaliksik. Mapagtantuhan mo kung ang iyong kaalaman ay may kaugnayan sa pamantayan. Mapag-aaralan mo ang ibang konsepto na makatutulong upang magawa mo ang pangwakas na proyekto ng modyul na ito. Ang proyekto ay ang paggawa ng isang ***case study sa estado ng pangkabuhayan*** sa isang lugar upang mapaigting ang kamalayan ng mga mamamayan ukol sa mga hinaharap na hamong pang-ekonomiya na balakid sa pagkakaroon ng kaunlaran. Umpisahan mo ng linangin ang iyong kaalaman sa pamamagitan ng susunod na gawain.



## PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

Sa bahaging ito ng aralin ay iyong aalamin kung ano ang kahulugan ng sector ng paglilingkod, ang mga kumakatawan nito, ang kahalagahan at ang mga suliraning kinakaharap sa sector na ito. Upang iyong malaman kung papaano ang sector ng serbisyo tumutulong sa pagsulong ng pambansang kaunlaran ipagpatuloy mo ang modyul.

### GAWAIN 3. Ang Sektor ng Serbisyo o Paglilingkod

Ikaw ngayon ay magsasaliksik at gamitin ang website na ito:
https://www.youtube.com/watch?v=ywmlFPYA3mg (Service Sector)

1.) I-click ang website ng "Service Sector"
2.) Tuklasin ang mga detalye patungkol Sektor ng Serbisyo
   - Kahulugan
   - Sangkap
   - Mga Suliranin
3.) Gamitin ang Interactive Summary Tool. Gamitin ang website na nasa ibaba: Maghintay ng ilang minuto bago mabuksan ang website.
   http://rwtinteractives.ncte.org/view_interactive.aspx?id=722 (Note Taker)
   Sundin ang mga panuto na nasa summarizing tool.
4.) Kailangan mong i-save at isumite ang natapos mong gawain sa email add ng guro.

Tunghayan ang susunod na website upang maiintindihan ang mga Sektor ng Paglilingkod sa Pilipinas. May gagawing output pagkatapos ng pagbabasa.

### GAWAIN 4. Pagbabasa



http://www.tradechakra.com/economy/philippines/services-sector-in-philippines-277.php (Services Sector in Philippines)

Basahin ang mga artikulo na nasa website na ito:
1.) Service Sector
2.) BPO
3.) Health Sector
4.) Retail Sector
5.) Tourism

Pagkatapos nito gamitin mo naman ang POW+TREE na nasa ibaba para alamin kung ano-ano na ang iyong natutunan sa puntong ito.

| | |
|---|---|
| **P**(Pumili ng isang ideya/opinion sa nabasang mga artikulo) | Magbalangkas ng sariling opinion at isulat dito. |

| | | |
|---|---|---|
| | | |
| **O** (Organize notes na mahahalaga hango sa mga nabasa) | | Gumamit ng isang graphic organizer para sa iyong mga tala tungkol sa mga nabasa. |
|  | Topic Sentence | Magbalangkas ng opinion ayon sa napiling topic sentence |
| | Reason | Magbigay ng tatlong dahilan bilang pagsuporta sa paksa (topic sentence)<br>1.)<br>2.)<br>3.) |
| | Explanation | Ipaliwanag ang bawat isa sa mga dahilan<br>1.)<br>2.)<br>3.) |
| | Ending | Gumawa ng lagom batay sa paksa (topic sentence) |
| **W** (Write and Say more) | | Sumulat ng isang talata gamit ang nabuong mga ideya sa POW+TREE na pormula. |

Pamprosesong Tanong:

1.) Ano ang tinatawag na Sektor sa Serbisyo?
2.) Ano-ano ang mga sangkap nito?
3.) Anong sector ang itinuturing na mas nakapagbibigay kontribusyon sa ekonomiya ng bansa? Bakit?
4.) Sang-ayon ka ba rito? Bakit?
5.) Magbigay ng mga di-pangkaraniwang bagay na nadiskubre tungkol sa pagsasaliksik.
6.) Paano nakaaapekto ang mga suliranin sa iba't ibang sangkap ng sector ng serbisyo sa kaunlaran ng bansa?
7.) Paano makakamit ng isang ekonomiya kagaya ng Pilipinas ang pambansang pagsulong at pag-unlad?

## GAWAIN 5. Video Clip

**Gawain 5: Video Clip**

Panooring ang video clip na ito upang mapalalim ang kaalaman patungkol BPOs sa Pilipinas. Sundin ang mga panuto:

1.) I-click ang website: https://www.youtube.com/watch?v=8C9ELM8U8xY (BPO industry behind real estate boom in Philippines)
2.) Magtala sa mga mahahalagang ideya na nakalap.
3.) Gamitin ang Trading Card Creator sa website na ito upang mailahad ang iyong mga natutunan tungkol sa BPOs ng bansa.
   http://www.readwritethink.org/classroom-resources/student-interactives/trading-card-creator-30056.html
4.) Sundin ang lahat ng panuto sa pagawa ng "trading card" at isumite sa email add ng guro.

Pamprosesong Tanong:

1.) Ano ang BPO?
2.) Bakit ito mahalaga sa mga Pilipino ngayon?
3.) Paano nakaambag ang sector na ito sa pagsulong sa pambansang kaunlaran?
4.) Paano makakamit ng isang ekonomiya kagaya ng Pilipinas ang pambansang pagsulong at pag-unlad?

Ang bawat pamahalaan ng isang bansa ay may gampanin na dapat tuparin upang mapanatili ang mainam na daloy sa lahat ng sector ng ekonomiya. Kaugnay sa ideyang ito ay ang iba't ibang mukha ng gampanin ng pamahalaan. Sundan ito sa pamamagitan ng pagbabasa ng isang handout.

## GAWAIN 6. Ang Mukha ng Gampanin ng Pamahalaan



Basahin ang handout no. 1 “Mahahalagang Gampanin ng Pamahalaan”.

**Handout No. 1**

**Mahahalagang Gampanin ng Pamahalaan**

1.) Regulasyon ng Presyo ng Mahahalagang Produkto

3. May ilang mga produkto na pangunahing pangangailangan ng tao na kinakailangan ng regulasyon sa presyo ng pamahalaan upang ang mga negosyante ay hindi aabuso sa pagtatakda ng presyo. Ito ang isa sa dahilan kung bakit ang Department of Trade and Industry ay naitatag. May mga produkto rin na iisa o iilan lamang ang nagtitinda. Ito ang dahilan kung bakit malakas ang kapangyarihan ng mga ito sa pamilihan. Upang mabawasan o maiwasan ang pang-aabuso sa mga kapangyarihan ng mga ito, mahigpit na sinusubaybayan ng pamahalaan ang kanilang pagprepresyo para maprotektahan ang mga mamimili.

2.) Pagbibigay ng Subsidiya

4. May mga pagkakataon na kailangan ding bigyan ng proteksiyon at tulong ang mga prodyuser nang sa gayon ay matulungan din ang konsyumer. Ang pamahalaan ay nagtatabi ng mga bahagi ng badyet upang makapagbigay ng tulong-pinansyal o subsidiya sa mga taga-suplay ng produkto o serbisyo.

3.) Paglikha ng mga Pampublikong Produkto

5. Ang publikong produkto na ipinagkaloob ng pamahalaan ay para sa mga kagalingan ng lahat ng tao, mahirap man o mayaman. Isan halimbawa ay ang serbisyong panlipunan na kaniyang pinagkakaloob, ang pagpapanatili ng kapayapaan, hindi lamang para sa mayayaman, kundi para sa lahat. Ang pagpapagawa ng kalsada at pangongolekta ng basura ay ginagawa para sa kapakanan ng buong sambayanan.

4.) Patatagin ang Ekonomiya

6. Isa napakahalagang tungkulin ng pamahalaan ay gawing matatag ang ekonomiya ng bansa. Kailangan niyang pagbutihin ang paglikom ng kita at pondo na gagamitin niya sa pagbibigay ng serbisyong pambayan.

5.) Pagtatakda ng Minimum Wage

7. Tungkulin din ng pamahalaan na tiyakin na ang mga manggagawa ay tumatanggap ng sapat na sahod para siya ay mabuhay. Kailangang makialam ang pamahalaan upang matiyak na hindi aabusuhin ng mga negosyante ang kapakanan ng mga manggagawa. Bagama’t nagkakaiba ng pasahod ng mga bahay-kalakal, nagtatakda ang pamahalaan ng pinakamababang pasahod na dapat tanggapin ng isang manggagawa.

6.) Pangangalakal ng Pamahalaan

8. May mga negosyong kailangan sa ekonomiya subalit malaking puhunan ang dapat ilaan na hindi kayang tustusan ng pribadong sector. Para sa kapakanan ng marami, ginagampanan ng pamahalaan ang ganitong tungkulin at kapangyarihan nitong makialam sa ilang mga negosyo.

Pinagkunan: "Ekonomiks Para sa Mataas na Paaralan", Jerick C. Ferrer, Arnel M. Leonardo, at Tara Fonseca B. Iriola, C.2009

Pamprosesong Tanong:

1.) Mahalaga ba ang mga gampanin ng pamahalaan? Bakit?
2.) Paano kaya makatutulong ang mga mamamayan sa pagpapatupad sa mga gampaning ito?
3.) Paano makakamit ng isang ekonomiya kagaya ng Pilipinas ang pambansang pagsulong at pag-unlad?

B. At upang mapalalim ang binasa tunghayan ang susunod na gawain. Suriin ang sumusunod na mga sitwasyon/paglalarawan at tukuyin ang mga mahahalagang gampanin ng pamahalaan upang magkaroon ng pambansang kaunlaran. Tukuyin ang mga posibleng suliranin kapag hindi nagampanan ng pamahalaan ang gampanin nito. Magbigay rin ng sariling suhestiyon kung papaano malutas ang problema. Magbalangkas din ng sariling konklusyon sa hulihan. Gamitin ang "Problem-Solution Outline" sa ibaba.

Sitwasyon # 1

Trade and agriculture officials caught some vendors selling pork and chicken above the suggested retail price, following an inspection of markets in Quezon City on Friday.

At the Kamuning Public Market, the inspection teams found 10 vendors not following the suggested retail prices, radio dzBB's Rodil Vega reported.

While the vendors claimed their suppliers sold chicken and pork at high prices, the inspection team said there should be no reason for that as the supply of both products is stable.

Friday's inspections sought to address reports that chicken and pork were being sold higher than the suggested retail price. **— Joel Locsin /LBG, GMA News**

Sitwasyon # 2

"Philippines Introduces Cash Subsidies and Cheaper Rice for the Poor"

Cash subsidies will be distributed by the government-owned Land Bank of the Philippines through A.T.M.-like cards. These should provide immediate emergency assistance to the extremely poor. The program, at an estimated cost to the government of five billion pesos ($120 million) a year, is expected to benefit about 300,000 families in the poorest provinces. The plan is for each family to receive 500 pesos a month and an additional 300 pesos in monthly support per child, up to a maximum of three children. A typical Filipino household has more than three children.

The Social Welfare Department is scheduled to begin distributing the rice passes, or "family access cards," which will entitle families with a monthly income of less than 5,000 pesos (about $120) to buy government-subsidized rice. The cards will ensure that the poorest Filipinos get priority in the rationing of rice.

Sitwasyon # 3




Sanitary Landfill

p



Medical Waste Disposal

Sitwasyon # 4

TABLE 24 - Minimum Wage Rates by Sector and Region,
Philippines: As of September 1, 2014
(In Pesos)

National Capital Region

| INDICATOR/SECTOR | Minimum Wage Rates (Under W.O. No. NCR-18 Effective January 1, 2014) |
|---|---|
| Non – Agriculture | P466 |
| Agriculture Plantation and Non-Plantation | P429 |
| Private Hospitals With Bed Capacity of 100 or Less | P429 |
| Retail/Service Establishments Employing 15 Workers or Less | P429 |
| | |
| Manufacturing Establishments Regularly Employing Less Than 10 Workers | P429 |

**Source: DOLE Philippines**

Problem – Solution Outline

Gampanin ng Pamahalaan:



Background Information / Context:

| Problema: | Solusyon: |
| --- | --- |
| | |

Konklusyon:

Ngayong alam na ang iba't ibang mukha ng gampanin ng pamahalaan, may kailanganin pang malaman tungkol naman sa estado ng edukasyon sa mga manggagawang Pilipino lalo na sa sector ng paglilingkod. Panoorin ang susunod na video upang matuklasan ang kuwento ng isang dayuhang ahente tungkol sa mga Pilipinong manggagawa.

## GAWAIN 7. Panonood ng Video Clip

https://www.youtube.com/watch?v=d7WPXZcV4Og (High Quality of Education and Staff in the Philippines)

Pamprosesong Tanong:

1.) Sang-ayon ka ba sa sinasabi ng dayuhang ahente tungkol sa kaalaman at edukasyon ng ating mamamayan? Bakit?
2.) Paano ito nakatutulong sa pagsulong ng pambansang kaunlaran?
3.) Bakit may mga problema pa rin tayo sa kawalan ng trabaho kung ganito naman ang mga oportunidad ng ating mamamayan?
4.) Paano pa kaya natin mapabuti ang kalagayan ng ating mga manggagawa?
5.) Paano makakamit ng isang ekonomiya kagaya ng Pilipinas ang pambansang pagsulong at pag-unlad?

Matapos manood punan ng mga kasagutan ang "Connection Web" na nasa ibaba. Ibatay ang mga kasagutan sa mga pamprosesong tanong.

Connection Web




Malayo na nga ang naabot na kaunlaran ng ating bansa sa pagdaan ng panahon; at ito ay naimpluwensyahan ng mga maraming kaganapan at mga mamamayan o manggagawang nagsusumikap maisulong at makamtan ang pambansang kaunlaran.

Subukan mo ngayong gumawa ng sariling pagtataya sa mga nalalaman mo na sa ***sector ng serbisyo o paglilingkod***. Punan ang handprint na nasa ibaba ng iyong mga natutunan na. Sumulat ng 5 "keywords" lang.




Pinagkunan: Teacher Created Resources, Inc.

## GAWAIN 8. Pagbabasa ng mga Artikulo

Ngayon ikaw ay magbabasa naman ng mga artikulong hango sa mga websites na ito. Tunghayan at sagutan ang mga pamprosesong tanong at isulat sa **Frayer Model** na kasunod nito.

http://devplan.neda.gov.ph/chapter3.php (Competitive Industry and the Services Sector)
http://www.adb.org/publications/leveraging-service-sector-growth-philippines (Leveraging Service Sector Growth in the Philippines)
http://www.philstar.com/opinion/2014/06/21/1337200/labor-contractualization-25-year-bane-workers (Labor Contractualization)

Pamprosesong Tanong:

1.) Ano ang labor contractualization?
2.) Ano ano naman ang mga katotohanang nagaganap at nagpapatunay sa konseptong ito?
3.) Paano mo mailalarawan ang mga halimbawa nito sa sector ng serbisyo?
4.) Paano makakamit ng isang ekonomiya kagaya ng Pilipinas ang pambansang pagsulong at pag-unlad?




Subukan mong tanungin ang sarili sa mga napag-aralan mo na. Gamitin ang isang check para sa pagka-unawa:

**Thumb it!**
Tugunan mo ngayon ang pagtataya sa natutuhan sa aralin sa paggamit mo ng iyong hinlalaki.

| UP | SIDEWAYS | DOWN |
| --- | --- | --- |
| **Full speed ahead** | **Slow Down, I'm getting confused** | **Stop! I'm Lost.** |
|  |  |  |

Sagutan ang tanong: "Anong pang-unawa ko na sa?"
Kapag ang hinlalaki ay…
Nakataas – "Marami akong alam".
Nakatagilid – "May kaunti akong alam at may pagkalito".
Nakababa – "Teka muna, ako ay nawawala".

Inaasahan na ang susunod na gawain ay makatulong sa pagpalalim ng iyong mga kaalaman.

## GAWAIN 9. Dagdag Kaalaman: "Know thy Labor"

Sa pamagitan ng website na ito, madagdagan ang iyong kaalaman sa mga labor code bilang mga proteksyon sa mga manggagawa sa alin mang sector ng paglilingkod.

1.) I-click ang website: http://quizlet.com/23412778/flashcards (Labor Code Summaries)
2.) Tunghayan ang mga flash cards ng iba't ibang labor codes na nakatutulong sa pag-unawa sa konsepto. I-click ang audio "on" para marinig ang pagpapaliwanag ng mga labor codes.
3.) Subukan ding sagutin ang pasulit.
4.) Maglaro sa "scatter" at "race" episodes nito upang masubukan ang iyong kaalaman.

Inaasahang matatapos mo ito sa loob ng isang oras.

Expectation Chek:
Gumawa ng sarili at kakaibang "rating" para sa mga aytems na nasa kaliwang bahagi ng tsart. Lagyan ng "key" para sa eskala naman sa kanang bahagi.

| **"Labor Summary Codes"** |   **Smiling Critic or Growling Critic** |
|---|---|
| Flash cards | |
| Speller | |
| Scatter | |
| Race | |

**GAWAIN 10.** **Interaktib 3D Pop up**

Gumawa ng sariling interactive 3D Pop up book gamit ang website na ito:
http://zooburst.com/index.php?state=selectlogin

1.) I-click ang "student account" at mag-register.
2.) I-explore kung paano maka likha ng isang Zooburst 3D pop up book.
3.) Balikan ang mga natutunan tungkol labor codes.
4.) Pumili ng mahahalagang labor code na nagbibigay proteksyon sa mga manggagawa (sahod, edukasyon, kalusugan, atbp.)
5.) Mag upload ng mga larawan na nagpapakita kung papaano naman nilalabag ang mga ito sa sector ng serbisyo.
6.) Sa huling bahagi ipakita kung papaano makakamit ng isang ekonomiya kagaya ng Pilipinas ang pambansang pagsulong at pag-unlad?

**Pagtatapos ng Paglilinang:**

Inaasahang sa puntong ito na nabalikan mo na ang unang bahagi ng modyul na ito at napaghambing ang iyong inisyal na kaisipan sa pamamagitan ng ibat-ibang gawain. Gaano naapektuhan ang iyong inisyal na ideya mula sa mga gawaing isinagawa? Alin sa mga ideyang ito ang kakaiba at kailangan mong baguhin? Ano-ano ang mga bagong hangarin at layunin na nais mong makamit?

## GAWAIN 11. Mapa ng Pagbabago (R Part)

Balikan mo ngayon ang IRF Worksheet. Punan ng sagot ang ikalawang hanay. Isulat kung anu-ano na ang nagbago sa iyong mga pasimulang kaalaman. Gumawa ng pagkukumpara.

**IRF Worksheet**

| |
|---|
| **Initial Thoughts:** |
| **Revised Answers:** |
| **Final Answer:** |

Ang partisipasyon ng pribado at publikong sector sa ekonomiyang umiiral sa ating bansa ay mahalaga. Ang pagtutulungan ng dalawang sector na ito ay nakapagbilis sa maayos, masigla at maunlad na takbo ng ekonomiya.Marami ang gampanin ng pamahalaan tulad na lang ng pagbibigay-hustisya, ang pagpapanatili ng kapayapaan at ang pagpapatayo ng matibay at mahuhusay na tulay at kalsada. Kabilang din ang napakahalagang pagbibigay proteksyon ng mga manggagawa sa pamamagitan ng pagpapatupad sa mga umiiral na mga batas.

Ngayon ay alam mo na ang mahahalagang kaisipan at ideya ukol sa paksang ito. Kung gayon ay palalimin na natin ang mga kaalamang ito sa pamamagitan ng susunod na bahagi ng modyul na ito.

## GAWAIN 12. ed Generalization

Sa mga huling naibigay na gawain, ipinakita ang iba't-ibang sitwasyon kung paano makakamit ng isang ekonomiya kagaya ng Pilipinas ang pambansang pagsulong at pag-unlad. Ating pagsasama-samahin ngayon sa isang talahanayan ang mga kasagutan sa EQ.

| | SITUATION 1<br>(News Article) | SITUATION 2<br>(Video Clip) | SITUATION 3<br>( Video Clip) |
|---|---|---|---|
| ESSENTIAL QUESTION:<br>Paano makakamit ng isang ekonomiya kagaya ng Pilipinas ang pambansang pagsulong at pag-unlad? | Gawain: Pagbabasa ng artikulo sa website: http://www.adb.org/publications/leveraging-service-sector-growth-philippines (Leveraging Service Sector Growth in the Philippines)<br><br>***Ang kolaborasyon ng mga mamamayan, Sektor ng Ekonomiya, at mga Patakarang Pang-ekonomiya ay…*** | Gawain: Video Clip Viewing https://www.youtube.com/watch?v=8C9ELM8U8xY **(**BPO industry behind real estate boom in Philippines) ***Ang kolaborasyon ng mga mamamayan, Sektor ng Ekonomiya, at mga Patakarang Pang-ekonomiya ay…*** | **Gawain: Video Clip https://www.youtube.com/watch?v=d7WPXZcV4Og**<br>**(**High Quality of Education and Staff in the Philippines)<br>***Ang kolaborasyon ng mga mamamayan, Sektor ng Ekonomiya, at mga Patakarang Pang-ekonomiya ay…*** |

Pamprosesong Tanong:

1. Suriin ang mga sagot sa Essential Question mula sa talahanayan. Paano sila magkakatulad?
2. Iisa lang ba ang pamamaraan kung paano makakamit ng isang ekonomiya kagaya ng Pilipinas ang pambansang pagsulong at pag-unlad? Kung ang sagot ay OO, ipaliwanag. Kung ang sagot ay hindi, paano nagkakaiba ang mga ito? Ipaliwanag at magbigay ng mga halimbawa.
3. Kumpletuhin ang mga sumusunod na pahayag at suportahan ang sagot ng mga halimbawa na nasa talahanayan.
   a. Ang kolaborasyon ng mga mamamayan, Sektor ng Ekonomiya, at mga Patakarang Pang-ekonomiya ay…
   b. Ang mga nagpapatibay na detalye mula sa mga sitwasyon ay……



**Mga Sagot sa E.Q.**
Paano Magkatulad?

Paano makakamit ang Pambansang Kaunlaran (Pilipinas)

Ang kolaborasyon ng mga mamamayan, Sektor ng Ekonomiya, at mga Patakarang Pang-ekonomiya ay…

Ang mga nagpapatibay na detalye mula sa mga sitwasyon ay…

**Self – Evaluation**
Magbigay ng sariling pagtatasa na ayon sa sumusunod na kriterya.
Isulat din kung ano-ano ang mga hakbangin upang mapabuti ang pag-aaral.Ito ang magsilbing gabay mo sa pagpapatuloy ng modyul.

| | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|
| Kriterya | High | Middle | Low |
| Pag-unawa<br><br>Rating…………….. | | | |
| Pagkumpas<br><br>Rating…………….. | | | |
| Paggawa<br><br>Rating……………. | | | |

Layunin /Tunguhin
Mga tiyak na aksyon na aking gagawin:
1.)
2.)
3.)

## PAGPAPALALIM

**GAWAIN 13.** **Alamin ang " Case Study"**

Basahin mo ang isang artikulo tungkol sa pagsusulat ng isang case study. Alamin mo kung ano ang isang case study at papaano ito ginagawa. Maaring gamitin ang website na ito:
http://www.gttp.org/docs/HowToWriteAGoodCase.pdf (How to Write A Case Study)

Pamprosesong Tanong:

1.) Ano ang isang case study?
2.) Bakit mahalaga ang pagsusulat ng isang case study?

3.) Paano ito nakatutulong sa mga bagay na nangangailangan ng mga posibleng solusyon?

Ngayong alam mo na ang mga paraan sa paggawa ng isang case study susubukan mo ang iyong kaalaman at kasanayan sa pamagitan ng paggawa ng isang sample case study.

## GAWAIN 14. Sample Case Study

Ikaw ay gagawa ng sariling sample case study. Pipili ka ng isang paksa na sa paniniwala mo ay may problema na dapat magkakaroon ng mga solusyon. Gamit ang mga kaalaman sa paggawa ng isang case study sasabak ka ngayon sa iba't – ibang hakbang sa paggawa nito. Bibigyan ka ng isang linggo sa paggawa ng sample case study. Ang mga terminong nalaman mo ay gawan mo ng isang ***QUIZLET.*** Gamitin ang website na ito: http://quizlet.com/ (QUIZLET)

1.) Basahin ang mga sample quizlets.
2.) Pag-aralan kung paano mo gagawin ang sarili mong quizlet.
3.) Gawan mo ng quizlet ang lahat ng mga mahalagang termino na gagamitin mo sa case study mo.
4.) Sundan ang mga hakabangin sa paggawa nito at isumite online.

Pamprosesong Tanong:

1.) Anu-ano ang mga natuklasan mo sa pagsasanay sa paggawa ng case study?
2.) Ito ba ay nakatutulong sa iyo sa tunay na buhay? Sa mga tao ng barangay?
3.) Paano kaya ito makatutulong sa pagsulong ng pambansang kaunlaran?
4.) May magagawa ba ang sarili mo sa pagtulong at pagsulong ng pambansang kaunlaran?

Sa pagkakataong ito ikaw ay handang-handa ng sumabak sa paggawa ng case study tungkol sa ***kalagayang pang-ekonomiya ng iyong barangay***.

1. Tutukuyin mo kung ano ang mga isyu at suliraning pang-ekonomiya, panlipunan, at pangkalusugan na nakakaapekto sa pag-unlad ng iyong barangay at magmumungkahi ng mga hakbang na posibleng makapag-aangat sa kalagayan ng barangay.

2. Gagamitin ang form na makikita sa ibaba upang masigurong lahat ng aspeto ay matutugunan.

Pangalan:

Petsa:

CASE STUDY

PAKSA: ANG KALAGAYANG PANG-EKONOMIYA NG BARANGAY

PANGDEMOGRAPIKO:

1. Lokasyon:
2. Lawak:
3. Bilang ng Populasyon:
4. Bilang ng pamilya sa barangay:
5. Bilang ng edad 0-15:
6. Bilang ng edad 16-65:
7. Bilang ng edad 65 pataas:
8. Bilang ng Marunong Bumasa at Sumulat:
9. Bilang ng Nakapagtapos

PANGKABUHAYAN:

1. Bilang ng may Trabaho:

- White Collared:
- Blue Collared:

2. Tirahan:

- Pagmamay-ari:
- Nangungupa han:

PINAGMUMULAN NG KITA NG BARANGAY:

A. Imprastraktu ra:

B. Proyekto (kung mayroon)

ISYU AT SULIRANIN UKOL SA:

A. PANGKALUSUGAN:

B. PANGKAPAYAPAAN:

9.

C. PANLIPUNAN:

10.

D. PANGKABUHAYAN:

E. MUNGKAHI

Bilang  mag-aaral at residente ng barangay, ang mga sumusunod ay maaaring magawa upang matugunan ang mga isyu at suliranin ng barangay:

Para sa iyong output na case study, gawan mo ito ng isang pop-up book at isumite online gamit ang sarili mong account. Balikan mo kung papaano ito ginagawa, tutukan ang website na ito. Ito ay ang ***pangalawang aklat*** mo na sa Zooburst. http://www.youtube.com/watch?v=MalRS2IXMT8 (How To Create a 3D Pop-up Books Using Zooburst.com)

Good Luck at mag-enjoy sa gawaing ito.

Pamprosesong Tanong:

1.) Paano napalalim ang kaalaman mo sa gawaing ito?
2.) May pag-asa bang matamo ng iyong barangay ang maunlad na buhay? Bakit? Paano?
3.) Aling ambag kaya ang magpapatunay sa pagsulong ng pambansang kaunlaran ?
4.) Paano makakamit ng isang ekonomiya kagaya ng Pilipinas ang pambansang pagsulong at pag-unlad?

Isulat ang iyong mga sagot sa isang graphic organizer: PPAP

Ang Barangay Ko

| **1Paano napalalim** | **2 Pag-asa** | | **3 Ambag** |
|---|---|---|---|
| | Meron | Wala | |
| Paano Makakamit | | | |

Subukan mo uling tanungin ang sarili sa mga napag-aralan mo na. Gamitin ang isang tsek para sa pagka-unawa:

1.) I-click ang website: **http://www.exploratree.org.uk/app/?document_id=951&permission_id=template Traffic Lights**
2.) I-click traffic lights
**3.)** Punan ng mga sagot kung ano ano ang mga hinihingi upang masundan ang iyong mga kaalaman sa puntong ito.
**4.)** I-save at isumite online upang matsek ng guro.

Ngayon ay marami at malalim na ang mga kaalaman mo patungkol sa sector ng paglilingkod dito sa ating bansa. Subukan ang pagsagot sa isang Concept Integration Map. Ito ay magsilbing sipi sa iyong mga natutunan tungkol sa sektor ng paglilingkod.

## GAWAIN 15. Pagbuo ng Isang Concept Integration Map

Punan ng mga sagot ang mga kahon upang makabuo sa konseptong pinag-aralan sa modyul na ito.

## Concept Integration Map



## GAWAIN 16. Andito Na Ako!!! Mapa ng Pagbabago (F Part)

Pagkatapos gawin ito, handa ka ng sumagot sa huling bahagi ng IRF Worksheet mo. Punan ng mga kaisipang nagbago na dahil sa mga pagpapalalim ng araling ito.

Balikan mo ngayon ang IRF Worksheet. Punan ng sagot ang ikatlong hanay. Isulat kung ano-ano pa at ang mga huling nagbago sa iyong mga pasimulang kaalaman.

**IRF WORKSHEET**

| |
|---|
| **Initial** |
| **Revised** |
| **Final** |

## GAWAIN 17. Maalaala Mo Kaya?

Handa ka na ngayon sa pagpapahayag sa iyong mga saloobin tungkol sa napag-aralan. Gamit ang isang Reflective Journal, isulat ang iyong mga pag-unawa sa mga aralin.

**Reflective Journal**

| Anong Nangyari? | Mga Saloobin ko dito | Mga Aral na Napulot ko |
|---|---|---|
| | | |

Matapos ng pagpapalalim ng iyong kaalaman, handa ka na para sa susunod na gawain.

## PAGLILIPAT

Ang layunin mo sa bahaging ito ng modyul ay isagawa at ilipat ang iyong kaalaman sa mga totoong sitwasyon ng buhay. Ikaw ay bibigyan ng praktikal na gawain kung saan maipapakita mo ang iyong mga realisasyon at pag-unawa.

### GAWAIN 18. Case Study (GRASPS)

**LEVEL 2 (SCAFFOLD)**

**TASK**

Ang MMK(**M**amamayang **M**ay pakia-alam sa **K**apwa) ay magdaraos ng isang pagpupulong sa susunod na buwan. Ito ay dadaluhan ng mga kasapi at opisyales sa barangay. Ikaw bilang isang NGO Volunteer ay naatasang gumawa ng isang case study sa estado ng pangkabuhayan sa lugar upang mapaigting ang kamalayan ng mga mamamayan sa barangay ukol sa mga hinaharap na hamong pang-ekonomiya na balakid sa pagkakaroon ng kaunlaran. Ang iyong case study ay huhusgahan batay sa mga sumusunod:

a. Nilalaman
b. Katotohanan
c. Impak
d. Presentasyon

| Pamantayan | Mga Katangian |
|---|---|
| **Nilalaman** | Ang nabuong case study ay nakapagbibigay ng kumpleto, wasto at pinakabagong impormasyon tungkol sa mga isyu sa lipunan na magpapaigting sa kaalaman at partisipasyon ng mga mamamayang Pilipino. |
| **Katotohanan** | Ang case study ay nagpapakita ng makatotohanang pangyayari sa buhay ng tao. Ang nilalaman nito ay may bisa/dating sa madla. |
| **Impak** | Komprehensibo, maayos at may lalim at mapanuring pagkakapaliwanag tungkol sa mga isyu sa lipunan |
| **Presentasyon** | Ang pagkakasunod-sunod at pagkakadisenyo ng mga impormasyon tungkol sa mga isyu sa lipunan ay orihinal at kakaiba. |

## GAWAIN 19. Pagpapahalaga gamit ang Value Continuum

Gamit ang skala sa ibaba, ilarawan ang iyong kagustuhan na maging tagasulong ng kaunlaran sa iyong silid-aralan, paaralan at komunidad.

**Gusto /___/___/___/___/___/ Gustong-gusto**
**1 2 3 4 5**

**Closure:**

Inaasahan na ikaw ay nagkaroon ng lubos na pag-unawa sa iba't-ibang kaganapan sa ating bansa at kung paano ito nakaaapekto sa pagtugon ng mga manggagawa sa mga suliranin sa maraming bahagi ng Pilipinas at mundo ngayon at sa hinaharap. Kailangan mong maging matatag sa ano pa mang mga pagsubok sa buhay at palaging maging handa sa pagtugon nito kahit ito man ay napakalaki at ano mang hagupit sa ating indibidwal na pagsubaybay ng buhay. Iisa lang ang layunin ng lahat ng tao sa mundo at ito ay ang pagtutupad sa mithiin ng Diyos para sa ating lahat: ***Isang maunlad at matiwasay na uri ng pamumuhay.***

Natapos mo ang huling araling ng modyul. Ngayon naman ay sagutin mo ang panghuling pagtataya na ibibigay para malaman ang pag-unlad ng iyong kaalaman sa paksa.

## Post Assessment

**A** 1.) Alin sa mga sumusunod na mga serbisyong panlipunan  ang kailangang tutukan ng pamahalaan sa kasalukuyang panahon?

a.) paglimbag ng bagong salapi
b.) pagtaas ng singil sa kuryente
c.) pagtiyak sa sapat na sahod ng mga manggagawa
d.) pagpalago sa mga negosyo ng pamahalaan

**A** 2.) Ang posibleng pagbabawas ng buwis sa mga mamamayang may income na P500,000+ sa isang taon ay nagpapakita ng isang mahalagang gampanin ng pamahalaan. Alin sa mga sumusunod ang tinutukoy nito?

a.) Regulasyon ng presyo
b.) Sistema ng pagbubuwis
c.) Pagtatakda ng minimum wage
d.) Paglikha ng mga pampublikong produkto

Ito ay mahalagang gampanin para mahikayat na magtrabaho ng mahusay ang mga manggagawa dahil alam nila na ang pagbubuwis ng pamahalaan ay may kapalit na mga serbisyo na kaluguran ng nakararami.

Figure 3.1 BPO/IT Outsourcing: 2004-2011




*Source: Business Processing Association of the Philippines*
http://devplan.neda.gov.ph/chapter3.php (Competitive Industry and Services Sector)

**A** 3.) Pag-aralan ang grap na ito tungkol sa
BPOs bilang bahagi ng sector ng paglilingkod.
Batay dito sagutan ang sumusunod:
Ano-ano ang mga hinuha mo tungkol sa datos?

a.) Malaki ang naiambag ng BPOs bilang bahagi ng sector ng paglilingkod kung kaya't ang mga manggagawa sa sector na ito ay kailangang pagyamanin ang mga kasanayan.
b.) Kailangan ng pamahalaan ng Pilipinas na maglaan ng pondo para sa sector ng industriya.
c.) Ang bansang India ang may pinakamataas na pambansang kaunlaran batay sa kita nito sa BPOs.

d.) Ang market accessibility ng mga namumuhunan dito sa bansa ay dapat bigyang pokus ng pamahalaan upang mapalago pa ang sektor ng paglilingkod.

**M 4.)** ***"We choose forward. We choose inclusion. We choose growing together. We choose Filipino economic might and muscle, standing strong on the bedrock of the Filipino ideal: a strong, empowered and ever-growingFilipino middle class."***
Paano mo maipaliliwanag ang siping ito batay sa kahalagahan ng kolaborasyon ng mga mamamayan at ng iba't ibang sector ng ekonomiya?

a.) Lahat ng mga ahensya ng pamahalaan ay may tungkulin sa pagbabantay ng paglabag ng mga Consumers' rights.
b.) Ang paligsahan sa pagparami at pagpalaki ng mga PDAF sa bansa ay nakatutulong sa nakararami.
c.) Walang magagawa ang pag-iisa ng isang bansa sa pagpipigil ng korupsyon.
d.) Sa isang matagumpay na ekonomiya, ang gawaing pang-ekonomiko ay gampanin ng mga pribado at publikong sector na may pakialaman sa isa't isa at naisulong ang pambansang kaunlaran.

**T** 5.) Ang National Consumer Affairs Council (NCAC) ay isang grupong tumataguyod ng mga hakbanging makapagbago sa pamumuno, koordinasyon, at pagka mabisa ng mga programa para sa mamimili. Ikaw ay naatasang gumawa ng isang "Strategic Plan" upang mahikayat ang mga mamamayan na maging mapakana at makisali sa mga kilusang nagtataguyod sa pambansang kaunlaran. Ano ano ang mga nilalaman ng iyong plano?

a.) Papaunlad na "business environment", pagtaas sa mamayang pagkamabunga at kasanayan, at karagdagang pangangalaga sa kapakanan ng mamamayan *
b.) Pagsososyo sa pribadong sector
c.) Papaunlad na e-commerce at ICT - enabled na impormasyon
d.) Regulasyon ng presyo ng mahahalagang produkto

11.

## GLOSARYO

**BPO (Business Process Outsourcing)** - Ipinapakita ng iba't ibang produkto at kkalakal sa pamilihan ang antas at kalidad na taglay ng manggagawang lumikha ng mga makabagong teknolohiyang ito.

**Minimum Wage** – ang pinakamababang pasahod na dapat tanggapin ng isang manggagawa na itinatakda ng pamahalaan.

**Regulasyon ng Presyo** – pagtatakda ng pamahalaan sa presyo ng pangunahing bilihin upang iwasan ang pag-aabuso ng mga negosyante.

**Sektor ng Serbisyo / Paglilingkod** - ang mga serbisyo tulad ng edukasyon, telekomunikasyon, transportasyon, libangan, at serbisyong medical upang maging magaan at komportable ang buhay.

**Sistemang Pamilihan** – ito ay uri ng pamalakad sa ekonomiya kung saan ang pribadong sector ay may higit na partisipasyon sa pangangalakal kesa pamahalaan.

**Subsidiya** – tulong-pinansiyal sa mga taga-suplay ng produkto o serbisyo.

## SANGGUNIAN

Ferrer, Jerick C. EKONOMIKS Para sa Mataas na Paaralan. Quezon City: St. Bernadette Publishing House, Inc. 2009.

Antonio, Eleanor D. KAYAMANAN Workteks sa Araling Panlipunan. Manila: REX Bookstore, Inc. 2013.

Electronic Sources:

http://www.tradechakra.com/economy/philippines/services-sector-in-philippines-277.php (Service Sector in the Philippines)
https://www.youtube.com/watch?v=ywmlFPYA3mg (Service Sector)
https://www.youtube.com/watch?v=FLMfZfuyRk0 (The New Call Center King)
https://www.youtube.com/watch?v=pDtLxtYzpQk (Let's BOOST Service Innovation)
http://www.rappler.com/business/37575-philippines-gdp-growth-q2 (PH matches China's 7.5% growth in Q2)
https://www.youtube.com/watch?v=d7WPXZcV4Og (High Quality of Education and Staff in the Philippines)
http://devplan.neda.gov.ph/chapter3.php (Competitive Industry and the Services Sector)

http://www.neda.gov.ph/?page_id=119 (Philippine Development Plan 2011 – 2016)
http://issuu.com/cap-dis/docs/chapter-3?e=3315768/2707663 (Competitive Industry and Services Sector)
http://www.philstar.com/opinion/2014/06/21/1337200/labor-contractualization-25-year-bane-workers (Labor contractualization: A 25-year bane to workers)http://www.congress.gov.ph/download/comms_related_15/HB%203402.pdf (House Bill No. 3402)

http://www.gmanetwork.com/news/story/382982/economy/business/some-qc-vendors-caught-selling-chicken-pork-above-suggested-prices (Some QC vendors caught selling chicken, pork above suggested prices)

http://www.nytimes.com/2008/04/28/world/asia/28phils.html?_r=0(Philippines Introduces Cash Subsidies and Cheaper Rice for the Poor)

http://prezi.com/ddilh538k9nd/sektor-ng-paglilingkod/ Sektor ng Paglilingkod Marjorie Ignacio , Aug. 16, 2013

# ARALIN 5: IMPORMAL NA SEKTOR

## ☑ PANIMULA AT MGA GABAY NA TANONG

Hindi lahat ng mga produkto at serbisyo na ating kinokonsumo ay mula sa mga kompanyang nakarehistro sa pamahalaan. Isa sa mga halimbawa nito ay mga naglalako sa kalsada at nagtitinda sa bangketa. Sa legal na usapin, ang ganitong gawain ay ipinagbabawal. Sila ay bahagi ng tinatawag na impormal na sektor ng ekonomiya. Sa tingin mo ba ay dapat silang hulihin at ipakulong? Maaari. Subalit bago ka magdesisyon, suriin mo muna kung ano-ano ang mga dahilan kung bakit may mga mamamayang pumapasok sa mga impormal na sektor. Baka hindi mo alam, ikaw o isa sa mga miyembro ng iyong pamilya ay kabilang din dito.

Sa pagtatapos ng modyul na ito, inaasahan na masasagot mo rin ang tanong na: **paano mapakikinabanagan ang impormal na sektor ng ekonomiya?**

## ☑ SAKLAW NG MODYUL:

Sa modyul na ito, inaasahang matututuhan mo ang sumusunod:

| **Impormal na Sektor** |
|---|
| • Nakapagbibigay ng sariling pakahulugan sa konsepto ng impormal na sector<br>• Nasusuri ang mga dahilan ng pagkakaroon ng impormal na sector<br>• Natataya ang mga epekto ng impormal na sektor ng ekonomiya<br>• Nakapagsusuri ng kahalagahan ng impormal na sektor sa ekonomiya<br>• Nakapagmumungkahi ng posibleng solusyon sa suliraning dulot ng impormal na sektor |

## ☑ GRAPIKONG PANTULONG

Narito ang isang Grapikong Pantulong ng aralin:




## ☑ Inaasahang Kasanayan

Upang maisakatuparan ang mga gawain sa pagkatuto sa modyul na ito, kailangan mong alalahanin at gawin ang sumusunod:

1. Mabigyang kahulugan ang mahahalagang konsepto na may kaugnayan sa paksa
2. Maisakatuparan ang mga gawain sa modyul na ito
3. Masuri ang mga iba't ibang salik sa pagkakaroon ng impormal na sektor
4. Makabuo ng pag-unawa tungkol sa epekto ng impormal na sektor sa ekonomiya
5. Maisagawa ang mga gawain gamit ang iba't ibang web 2.0 application
6. Makapanayam ng ilang manggagawa o negosyante na kabilang sa impormal na sektor
7. Makapagsulat ng iyong repleksiyon o realisasyon tungkol sa kaugnayan ng impormal na sektor sa sariling pamumuhay

**PANIMULANG PAGTATAYA:**

Ating alamin ang lawak ng iyong nalalaman sa paksa ng modyul na ito sa pamamagitan ng pagsagot sa Pre-test. Pindutin mo lamang ang letra ng iyong sagot at kailangan mong sagutan ang lahat ng aytem. Pagkatapos ng iyong pagsagot ay malalaman mo na kaagad ang iyong nakuha. Pakatandaan mo rin ang mga aytem na hindi mo nasagot ng tama sapagkat mahahanap ang kasagutan nito habang ipinagpapatuloy mo ang modyul na ito.

A.


B.


C.


D.


(A) 2. Para sa bilang na ito.  Basahin at unawain ang sumusunod na datos.

Ang kita ng impormal na sektor ay hindi naisasama sa kabuuhang *Gross Domestic Product (GDP)* ng bansa subalit tinataya na ang halaga ng kanyang produkto at serbisyo ay nasa 30% (bahagdan). Ito ay mabisang maipapaliwang gamit ang talahanayan sa ibaba na mula sa ulat ng *Congressional Planning and Budget Department (House of Representatives)* noong Nobyembre 2008. Ito ay nagsasaad ng bahagdan ng *Informal Sectors* sa GDP ng ilang mga bansa sa Asya sa loob ng mga taong 2001-2006 ayon sa datos ng *BLES NSO 2007.*

| Countries (years) | Percent of Total GDP |
|---|---|
| Philippines (1995) | 25.4 |
| Philippines (2001-2006) | 20-30 |
| Korea (1995) | 15.9 |
| Indonesia (1998) | 25.2 |
| Pakistan (1997) | 21.2 |
| India(1990-91) | 32.4 |

*Source: Charmes 2000, BLES, 2007*

Batay sa datos, ano ang isa sa mga epekto ng impormal na sektor sa pambansang ekonomiya?

A. Nakababawas sa kita ng bansa
B. Nagpapalago sa pambasang ekonomiya
C. Nakadadagdag sa kita ng mga mamamayan
D. Nagdudulot ng paghihirap ng mga mamamayan

(M) 3. Para sa bilang na ito, basahin at unawain ang sumusunod na sitwasyon/teksto:

**Unang sitwsyon/teksto:** Sa kasalukuyan, ipinatutupad ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) ang Self-Employment Kaunlaran Program (SEA-K). Ito ay isang programang pangkabuhayan na nagbibigay ng mga gawain at pagsasanay upang mapaunlad ng mga mahihirap na pamilya ang kanilang mga kasanayan upang makapagsimula ng sariling negosyong pangkabuhayan at pagtatayo ng mga samahang panlipunan na maaring magpautang sa mga kasapi gaya ng *Self-Employment Kaunlaran Associations (SKA's).* Makatutulong ito upang magkaroon ng sapat na kakayahan at kasanayan ang mga mamamayan na kabilang sa mga impormal na sektor ng ekonomiya. Sa ganitong paraan, masisiguro na ang kanilang ipinagkakaloob na produkto at serbisyo ay may kalidad at nakabubuti sa mga mamimili.

**Ikalawang sitwasyon/teksto:** Ang **REPUBLIC ACT 8425**-Ang batas na ito ay kilala din bilang *Social Reform and Poverty Alleviation Act of 1997*. Ito ay nilagdaan noong Disyembre 11, 1997 at pormal na ipinatupad noong Hunyo 3, 1998. Itinatadhana ng batas na ito ang pagkilala sa impormal na sektor bilang isa sa mga *disadvantaged sectors* ng lipunang Pilipino na nangangailangan ng tulong sa pamahalaan sa aspetong panglipunan, pang-ekonomiko, pamamahala, at maging sa aspektong ekolohikal. Isinulong ng batas na ito ang tinatawag na *Social Reform Agenda (SRA)* na naglalayong iahon sa kahirapan ang mga Pilipinong kabilang sa impormal na sektor. Upang maisakatuparan ang mga probisyon ng batas na ito ay itinatag ang *National Anti-Poverty Commission (NAPC)* bilang ahensiyang tagapag-ugnay at tagapayo tungkol sa mga usaping may kinalaman sa mga bumubuo sa impormal na sektor.

**Ikatlong sitwasyon/teksto:** Balita tungkol sa "Night shift para sa mga tinder sa Divisoria, ipinatupad upang makatulong sa pagluwag ng trapiko"
**https://www.youtube.com/watch?v=WXF1zINvMoQ**

Batay sa tatlong sitwasyon/teksto na iyong binasa at pinanuod, paano mapakikinabangan ang impormal na sektor ng ng ekonomiya?

A. Pangalagaan ang kapakanan ng mga mamimili sa pamamagitan ng pagsugpo sa mga impormal na sektor ng ekonomiya
B. Pangalagaan ang kapakanan ng mga manggagawa at mamimili ng impormal na sektor upang higit na makatulong sa ekonomiya
C. Pangalagaan ang interes ng mga legal na negosyo sa bansa upang maayos na makolekta ang buwis na makatutulong sa pag-unlad ng bansa
D. Pangalagaan ang impormal na sektor dahil kahit ilegal ang ilan sa mga ito ay nakatutulong naman sa pagsulong ng pambansang ekonomiya

(T) 4. Ikaw ay miyembro ng Sangguniang Pambarangay na naatasang mag-isip ng solusyon sa lumalalang suliranin sa pagbebenta ng mga ilegal na produkto sa mga bangkenta sa inyong barangay. Ilalahad mo ang iyong naisip na solusyon sa buwanang pagpupulong ng mga kawani ng Pamahalaang Pambarangay. Alin sa sumusunod ang hakbang na maaari mong gawin?

A. Case Study
B. Information drive
C. Project Proposal
D. Campaign Against Informal Sector

12. **A** 5.) Ito ay sistema ng pamahalaan na nainiwalang ang pribadong sector ay may mahalagang gampanin sa pagpapasigla ng kalakalan at negosyo at ang pamahalaan ay may mas mabigat na tungkulin na magbigay ng kaunlaran, kapanatagan, at katiwasayan ang bansa at mga mamamayan nito.

    e.) Sistemang Pamilihan
    f.) Sistemang Pagmamando
    g.) Sistemang Pinaghalo
    h.) Sistemang Tradisyunal

13. A 6.) Ito ay isang halimbawa ng isang "public good" na nilalaan ng pamahalaan para sa mga mamamayan.

    e.) paglalagay ng tulay at kalsada
    f.) pagparami ng sasakyang pribado
    g.) pagsisiyasat sa nanalo ng lotto
    h.) pagbigay puri sa mga OFW



http://bulatlat.com/main/2012/11/05/last-meager-wage-hike-kills-buries-minimum-wage/ (Last, Meager Wage Hike Kills, Buries Minimum Wage)

A 7.) Suriin ang mga imahen na nasa larawang ito. Alin sa sumusunod ang gusto nitong ipahiwatig?

e.) ang minimum wage ng mga manggagawa ay sapat para sa ikabubuhay ng pamilya
f.) ang minimum wage ng mga manggagawa ay itinuturing na kulang kung kaya ito ay nagdulot ng kahirapan sa pamilya *
g.) ang minimum wage ng mga manggagawa ay ikauunlad sa buhay ng pamilya
h.) ang minimum wage ng mga manggagawa ay nagkakaiba at di tiyak ng pamahalaan

**M** 8.) Paano papatunayan na ang kolaborasyon ng mga mamamayan, Sektor ng Ekonomiya, at mga Patakarang Pang-ekonomiya ay susi para sa pambansang pagsulong at pag-unlad ng ekonomiya?

A. Kapag ang sector ng paglilingkod ay may pinaka mataas na porsiyentong naiambag sa pambansang kaunlaran batay sa estadistika
B. Kapag ang pamahalaan ng Pilipinas ay solong tinutupad ang mga gampanin bilang taga alaga ng kaunlaran
C. Kapag pinakikialaman ng pamahalaan ang mga negosyong kailangan sa ekonomiya at makakuha ng malaking komisyon
D. Kapag nakapagpautang sa mababang interes sa nakakaraming manggagawa

14. **T** 9.) Ang Philippine Information Agency (PIA) ay nagpapasimuno ng isang programang pangradyo na pinamagatang "Maki-alam Tayo". Kung ikaw ay isang may pakanang mamamayan ano ang isusulong mo upang mapaigting ang kaalaman at partisipasyon ng nakararami?

e.) Ang pagkakaroon ng mas mabuting kalagayang pang-ekonomiya para sa mga manggagawang nasa sector ng BPOs
f.) Ang mapadami ang pangangalakal ng pamahalaan at makialam sa marami pang negosyo
g.) Ang pagbabawas ng buwis sa mga manggagawang may P500,000 + na income sa isang taon
h.) Ang pagsasali sa "Ice Bucket Challenge" para madagdagan ang pondo para sa pananaliksik sa lunas ng ALS (Amyotrophic Lateral Disease)

(A)10. Alin sa mga sumusunod ang pangunahing trade partner ng Pilipinas?
A. Argentina
B. Japan
C. France
D. South Africa

(A) 11. Ang reserbang dolyar ay mahalaga sa pagiging matatag ng ekonomiya ng bansa. Batayan ito kung magtataas o hindi ng presyo ng bilihin sa merkado. Lumaki ang reserbang dolyar kapag hindi
A.nag-aangkat
B.na malaki ang iniaangkat kaysa iniluluwas
C. nagluluwas ng produkto
D. na malaki ang iniluluwas kaysa iniaangkat

M) 12. Ang mga pangulo ng bansa ay nagsikap na paunlarin an gating ekonomiya sa pagnanais na mapabuti ang pamumuhay ng mga mamamayan. Bakit kaya hirap pa rin umunlad an gating bansa?
A. walang pagkakaisa ang mga Pilipino
B. hindi nalilinang ng lubos an galing mga yaman
C. dahil maraming corrupt na mga tao
D. kulang sa capital ang bansa

(T) 13. Ikaw ang bagong talagang Kalihim ng Department of Labor and Employment at ikaw ay inatasang magsagawa ng patimpalak na “Idol ng Probinsiya” na magbibigay ng parangal sa mga mamamayan na may pinakamalaking kontribusyon sa pagpapaigting sa kaalaman at partisipasyon ng mga mamamayang Pilipino sa pagpapabuti at pagpapatupad ng mga Sektor ng Ekonomiya at mga Patakarang Pang-ekonomiya nito. Marami ang mga nagpasa ng kanilang nominasyon kagaya ng mga sumusunod. Sino sa kanila ang may mas mataas na tsansa na manalo sa patimpalak?

A. Guro na itinalagang Koordinator ng Outreach Program ng kanilang Paaralan na naging tanyag dahil sa iba’t-ibang proyekto nito sa pagkakawang-gawa
B. Pilantropo na nagbibigay ng tulong pinansiyal sa mga batang nais makapag-aral sa elementarya at high skul
C. Presidente ng isang korporasyon na nakapagtayo ng isang Micro Income Generating Foundation na kumukupkop sa mga inang walang mga trabaho upang makapagtayo ng sarili nilang maliit na negosyo na kailangan nilang palaguin sa loob ng itinakdang panahon
D. Manggagamot na nakapaglibot sa buong Pilipinas upang makapagbigay sa mga Pilipino ng libreng serbisyo sa paggagamot.

(A) 14.Alin sa sumusunod na pares ng pangyayari ang nagpapakita ng koneksyon sa
sanhi at bunga?

e. Teknolohiya: Mababang Bahagdan ng Manggagawa
f. Kahirapan: Kaguluhan sa Zamboanga
g. Mataas na Produksyon: Mataas na Bahagdan ng Manggagawa
h. Teknolohiya: Industriyalisasyon

(A)15. Suriin ang sumusunod na mga sitwasyon at tukuyin kung ano ang posibleng kahahantungan ng pagkakaroon ng mga ito sa bansa.

iv. Mabilis na pag-uunlad ng teknolohiya
v. Mataas na bahagdan ng banyagang namumuhunan sa bansa
vi. Palagiang pagbisita ng Pangulo sa mga karatig- bansa

e. Pagtaas ng bilang ng mga Pilipinong nagtatrabaho sa ibang bansa.
f. Pagdami ng trabaho sa Pilipinas at pagkawala ng kaugaliang Pilipino.
g. Pagtaas ng antas ng pamumuhay ng mga Pilipino dahil sa makabagong teknolohiya.
h. Pag-angat ng ekonomiya ng bansa kasabay ng mga pagbabago sa lipunan nito.

(A) 16. Anong batayan ng kaunlaran ang ipinapahiwatig ng mga sumusunod na ulo ng mga balita sa diyaryo?

i P-Noy off to South Korea By Delon Porcalla (The Philippine Star) Updated October 17, 2013 - 12:00am
ii. Manila, Seoul to sign defense MOU on PNoy's state visit By Louis Bacani (philstar.com) | Updated October 14, 2013 - 4:37pm
iv. China imposes tariffs on Indian, Japanese pyridine imports 2013-11 2017:19 Xinhua Web Editor: Mo Hong'e

e. Sustainable Growth Model
f. Sustainable Development Model
g. Growth Oriented Developmental Model
h. Sustainable Growth Developmental Model

Ihambing ang larawan at ang mga hinuha tungkol sa papel ng mamamayang Pilipino para sa pambansang kaunlaran na makikita sa ibaba nito.



V. Ang pambansang pag-unlad ay para sa ikabubuti ng pamumuhay ng mga tao kaya ang tao din ang susi sa pagkamit nito.
VI. Nasa pag-aalaga lamang ng kapaligiran ang susi para sa kaunlaran.
VII. Ang industriyalisasyon ng bansa ay batay sa pangangalaga sa likas na yaman at kalidad ng pamumuhay ng tao.
VIII. Ang pagtutulungan ng mga tao na alagaan ang kapaligiran, at patuloy na pagpapaunlad nito sa kanyang sarili at kapaligiran ng daan upang makamit ang kaunlaran.

(M) 17. Alin sa mga naibigay na hinuha ang maituturing na makatotohanan?

e. I,II,III,at IV
f. I at IV lamang
g. I, III, at IV
h. II at III lamang

(M) 18. Alin naman ang maituturing na opinyon sa pagpipilian sa bilang 7?

e. I at II lamang
f. I at III lamang
g. II lamang
h. IV lamang

(T) 19. Aling imahe ang mas makatutulong upang makamit ng isang *multimedia campaign* ang adhikain nito na paigtingin ang kaalaman at partisipasyon ng mga Pilipino sa pagpapabuti at pagpapatupad ng mga sektor ng ekonomiya at mga patakarang pang-ekonomiya nito?

a.*


b.



c.



(T) 20. Bilang paghahanda sa selebrasyon ng Araw ng Kordilyera, nagbigay ang gobernador ng panawagan para sa gagawing patimpalak ukol sa pagbibigay ng proposal kung paano isasagawa ang nasabing selebrasyon kung saan ang pagbubuklod-buklod ng kultura, tradisyon, sektor ng lipunan, at ang komunidad ay dapat na mabigyan ng pokus. Bilang Ambassador of Goodwill for the Filipino IPs, paano mo gagawing epektibo ang pagpapahayag ng iyong proposal para sa nasabing patimpalak?

e. Mangalap ka ng mga konseho ng matatanda sa CAR at kumbinsihin silang samahan at suportahan ka sa pagpapahayag ng iyong proposal sa harap ng gobernador.
f. Gagamit ka ng isang *multimedia presentation* na ipapakita mo ang magiging papel ng iba't ibang sektor ng lipunan, ang pamahalaan, at ang mga tao sa komunidad sa isasagawang pagdiriwang.
g. Magsulat ka ng isang mabisa at epektibong proposal at ipapadala ito sa gobernador gamit ang kanyang *e-mail address.*
h. Magsama ng mga miyembro ng IP sa Pilipinas na sasama sa iyo sa munisipyo bilang pagpapakita ng kanilang suporta sa iyong ihahayag na proposal.

## PAGTUKLAS

Halos lahat ng ekonomiya sa daigdig ay mayroong impormal na sektor. Ang Pilipinas bilang isa sa mga bansang umuunlad ay mayroong malaking bahagdan ng mga mamamayang nabubuhay sa pamamagitan ng gawaing maituturing na impormal na sektor. Halina at suriin mo kung bakit ganito ang sitwasyon sa ating bansa

### GAWAIN 1. Online Picture Puzzle

**Panuto:** I-click ang sumusunod na link. Buuin ang tatlong picture puzzle. Sagutin ang pamproseong tanong pagkatapos nito.

Picture Puzzle 1:
http://www.jigsawplanet.com/?rc=play&pid=2b68ada05bd7

Picture Puzzle 2:
http://www.jigsawplanet.com/?rc=play&pid=1b5a3f48cb03

Picture Puzzle 3:
http://www.jigsawplanet.com/?rc=play&pid=2c698086de9c

**Pamprosesong Tanong:**

1. Ano-ano ang mga nabuong larawan?
2. Paano nagkakatulad ang mga larawan?
3. Masasabi mo bang nakatutulong sa mga mamamayan ang ipinakikitang gawain sa larawan? Sa paanong paraan?
4. May proteksiyon ba ang mga mamimili sa mga nabanggit na gawaing pang-ekonomiya? Bakit?
5. Nakatutulong ba ang mga gawaing pang-ekonomiya na ipinakita sa larawan sa pag-unlad ng pambansang ekonomiya? Paano?

**Matapos masagutan ang mga pamprosesng tanong, sagutan mo ang flowchart na ito:**




## GAWAIN 2. IRF Chart

**Panuto:** Sagutin ang mahalagang tanong para sa araling ito. Ilagay ang iyong paunang sagot sa kolum na Initial. Samantala, ang kolum para sa Revised at Final ay iyong sasagutan sa ibang bahagi ng aralin.

**IRF CHART**

| **Pangunahing Tanong:** | **Initial** | **Revised** | **Final** |
|---|---|---|---|
| **Paano mapakikinabangan ang Impormal na sektor ng ekonomiya?** | | | |

### Katapusang Bahagi ng Pagtuklas

Sa puntong ito ay nagtatapos na ang bahagi ng Pagtuklas.

Sa susunod na bahagi ng modyul ay susuriin natin kung alin sa mga naibahagi mong panimulang ideya tungkol sa kahulugan at mga halimbawa ng impormal na sektor at sa ating pokus na tanong ang tama o hindi.

Matututuhan mo rin ang mga konsepto at kasanayan na makatutulong sa iyo upang maisagawa mo ang proyekto para sa yunit na ito. Ang proyekto ay tungkol sa paggawa ng adbokasiya na magsusulong ng pambansang kaunlaran. Simulan mo ito sa pamamagitan ng pagtupad sa susunod na gawain.

## PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

Sa bahaging ito ng modyul ay inaasahan na matutuhan mo ang mga mahahalagang kaalaman, datos at konsepto tungkol sa Impormal na sektor.
Kabilang dito ang kahulugan, ang mga salik, at epekto ng impormal na sektor sa pambansang ekonomiya. Susuriin mo rin kung tama ba o hindi ang iyong mga panimulang sagot sa mga gawain sa **Pagtuklas.**

## Kahulugan ng Impormal na Sektor

### GAWAIN 3. Ayon sa kanila

Mayroong iba't ibang paliwanag ang mga ekonomista at ilang mga organisasyon sa konsepto ng Impormal na sektor. I-click ang sumusunod na link upang mabasa ang mga ito. Isulat sa papel ang mga salita o termino na hindi mo nauunawaan. Hanapin ang kahulugan nito gamit ang anomang *online dictionary*.

1. Ayon kina Mateo et. al. – https://www.scribd.com/doc/48864240/Ang-Impormal-Na-Sektor at https://billyjawboiles.wordpress.com/2014/01/20/mga-sektor-ng-ekonomiya/

2. Ayon sa International Labor Organization (ILO) – http://www.ilo.org/manila/areasofwork/informal-economy/lang--en/index.htm

3. Ayon kay W. Arthur Lewis - http://www.authorstream.com/Presentation/joshuabbolinao-1724721-informal-sectors/

## GAWAIN 4. Generalization chart

Punan ang chart gamit ang mga nakuhang impormasyon sa mga binasang *website*.

Kahulugan at katangian ng Impormal na Sektor

Ayon kina Mateo et. al.

Ayon sa ILO

Ayon kay W. Arthur Lewis

**Ang aking nabuong pangkalahatang ideya tungkol sa kahulugan ng impormal na sektor ay …**

**Pamprosesong Tanong:**

1. Ano ang pagkakatulad ng mga kahulugan ng impormal na sektor batay sa iyong mga binasang website?

2. Maituturing bang kapaki-pakinabang ang impormal na sektor? Ipaliwanag ang iyong sagot?

Ngayon ay malinaw na sa iyo ang kahulugan at mga katangian ng impormal na sektor ng ekonomiya. Sagutan ang Gawain 5 upang higit na mapagtibay ang iyong pag-unawa sa konseptong ito.

**GAWAIN 5.** **Impormal o Hindi?**

**Panuto:** I-click ang sumusunod na link. Suriin ang larawan kung ito ba ay nagpapakita ng impormal na sektor o hindi. Lagyan ng tsek ang box ng iyong sagot.

1. http://cdn0.wn.com/ph/img/ce/d9/c3b841694cd21a29c85ac88782c9-grande.jpg

☐ Pormal ☐ Impormal

2. https://c2.staticflickr.com/4/3447/3242338955_ca0014fda8.jpg

☐ Pormal ☐ Impormal

3. http://images.world66.com/ma/ll/_o/mall_of_asia_sm_ma_galleryfull

☐ Pormal ☐ Impormal

4.http://ygc.com/Gallery/Collection/Evolution%20of%20the%20RCBC%20Logo/1978-1994%20RCBC%20logo%20Negative%20blue.jpg

☐ Pormal ☐ Impormal

5. http://cdn9.wn.com/ph/img/91/55/7f99f58af1c94b4986837dd18989-grande.jpg

☐ Pormal ☐ Impormal

Malinaw na ba sa iyo ang kahulugan ng impormal na sektor? Kung hindi pa ay maaari mong i-click ang link na ito: http://www.slideshare.net/seanclarkluinor/kabanata-11-impormal-na-sektor-ng-ekonomiya. Basahin lamang ang slides 1-11.

Kung ipinagbabawal ang impormal na sektor ng ekonomiya, bakit marami pa rin ang gumagawa nito. Ano-ano nga ba ang mga dahilan kung bakit may impormal na sektor ng ekonomiya? Malalaman mo ang sagot sa susunod na bahagi ng araling ito.

## Mga Salik sa pagkakaroon ng Impormal na Sektor

Maraming mga magkakaugnay na salik ang itinuturong dahilan kung bakit patuloy na lumalaganap ang impormal na sektor sa iba't ibang bansa. Higit pang palawakin ang iyong kaalaman tungkol sa mga salik kung bakit nagkakaroon ng impormal na sektor ng ekonomiya sa pamamagitan Gawain 6.

**GAWAIN 6.** **SALIKsikin**

**Panuto:** I-click ang mga link na iyong makikita upang magkaroon ng karagdagang kaalaman tungkol sa mga salik sa pagkakaroon ng impormal na sektor ng ekonomiya. Gumawa ng *mind map* tungkol sa mga salik at ipaliwanag ito.

1. Impormal na Sektor - https://billyjawboiles.wordpress.com/2014/01/20/mga-sektor-ng-ekonomiya/

2. Mga dahilan ng pagkakaroon ng impormal na sektor - https://www.youtube.com/watch?v=uSJRcNLTywg

3. Mga Salik ng impormal na sektor https://prezi.com/fjphmkarwnhl/impormal-na-sektor/




Paliwanag:

## amprosesong Tanong:

1. Ano ang pangunahing salik sa pagkakaroon ng impormal na sektor ng ekonomiya?
2. Bakit may mga negosyante at manggagawa na pumapasok sa impormal na sektor?
3. Paano kaya makatutulong ang impormal na sektor sa pag-unlad ng ekonomiya?

> Pairalin ang iyong pagkamalikhain. Sa pamamagitan ng paggawa ng *comic strip*, ilahad mo ang iyong mga natutuhan tungkol sa mga salik na naging dahilan ng pagkakaroon ng impormal na sektor ng ekonomiya.

## GAWAIN 7. Comic Strip

**Panuto:** Gamit ang application na bitstrips, gumawa ng comic strip tungkol sa mga salik sa pagkakaroon ng impormal na sektor ng ekonomiya.

Sundin ang sumusunod na hakbang:

1. I-click ang link na: https://www.bitstrips.com/create/comic/. Mag-sign up gamit ang e-mail or facebook account.




2. I-click ang design yourself at sundin upang makapabuo ng iyong sariling character.
3. I – click ang story strip upang makabuo ng mas maraming panel ng comic strip na maglalaman ng mga salik sa pagkakaroon ng impormal na sektor ng ekonomiya .

4. Kopyahin ang link ng iyong comic strip at i-send sa guro gamit ang conversation icon sa student's dashboard.

**Pamprosesong Tanong:**

1. Masasabi ba nating may kakulangan ang pamahalaan kung kaya't nagkakaroon ng impormal na sektor ng ekonomiya? Bakit?
2. Paano masisiguro ang kapakanan ng mamimili na gumagamit ng mga produkto at serbisyo ng mga impormal na sektor?
3. Paano mapakikinabangan ang impormal na sektor ng ekonomiya?

Sa pagkakataong ito, mahalagang mapag-ugnay mo ang iyong natutuhan tungkol sa kahulugan, katangian, at mga salik ng impormal na sektor ng ekonomiya. Kailangang maging maliwanag sa iyo ang mga ito upang maging handa ka sa susunod na bahagi ng paksa. Ipakita ang iyong pag-unawa sa pamamagitan ng pagsagot sa susunod na gawain.

## GAWAIN 8. Concept Chart

**Panuto:** Punan ng tamang sagot ang Concept Chart batay sa iyong mga natutuhan tungkol sa konsepto ng Impormal na sektor ng ekonomiya.

| **Impormal na Sektor** | | |
|---|---|---|
| Kahulugan | Mga Halimbawa | Mga Salik |
| | 1. | 1. |
| | 2. | 2. |
| | 3. | 3. |
| | 4. | 4. |
| | 5. | 5. |

Suriin ang iyong sagot sa mga Gawain bilang 4, 7, at 8. Tignan ang pagkakatulad ng iyong sagot sa Gawain 4 sa unang kolum ng Gawain 8. Gayundin tignan ang nilalaman ng iyong Comic Strip at ihambing ito sa iyong sagot sa ikatlong kolum ng Gawain 8. Magkakaugnay ba ang mga ito? Ano ang napansin mong pagbabago sa iyong kaalaman mula sa tatlong nabanggit na gawain?

**Pamprosesong Tanong:**

1. Nararapat lang bang ipagpatuloy ang impormal na sektor? Bakit?
2. Paano mapapakinabangan ng pamahalaan ang kita mula sa impormal na sektor ng ekonomiya?

Sa puntong ito, inaasahang malinaw na sa iyo ang kahulugan at katangian, at mga salik na nagbigay-daan sa pagkakaroon ng impormal na sektor ng ekonomiya. Paano kaya nakaapekto sa ating ekonomiya at sa pagkamit ng pambansang kaunlaran ang pagkakaroon ng impormal na sektor? Malalaman mo ito sa susunod na bahagi ng aralin.

### Epekto ng Impormal na Sektor sa Ekonomiya

Kung iyong natatandaan sa panimulang bahagi ng araling ito, ikaw ay pinag-isip kung dapat nga bang parusahan ang mga mamamayang kabilang sa impormal na sektor sa ekonomiya? Sa bahaging ito ng aralin, mabibigyan ka ng sapat na impormasyon upang masagot ang tanong na ito. Mauunawaan mo sa pagkakataong ito ang epekto ng Impormal na sektor sa ekonomiya.

Mahahati sa dalawa ang epekto ng impormal na sektor: ang una ay sa kapakanan ng mga mamimili at ang ikalawa ay epekto sa pambansang ekonomiya. Suriin ang mga ito sa pamamagitan ng sumusunod na gawain.

**GAWAIN 9.** **Video-suri**

Panoorin ang video na tumatalakay sa hindi mabuting epekto ng impormal na sektor sa mga mamimili at sa ekonomiya ng bansa. Sagutan ang video checklist habang pinanonood ang video.

**Epekto ng impormal na sektor ng ekonomiya -**
**https://www.youtube.com/watch?v=O8QCqOLfQsc**

| VIDEO CHECKLIST | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **A. Epekto ng Impormal na sektor sa mga mamimili** | MABUTI | DAHILAN | HINDI MABUTI | DAHILAN |
| 1. | | | | |
| 2. | | | | |
| 3. | | | | |
| **B. Epekto ng Impormal na sektor sa ekonomiya ng bansa** | | | | |
| 1. | | | | |
| 2. | | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 3. | | | | |

Gamit ang iyong mga naisulat sa video-checklist, sagutan ang Gawain 10.

## GAWAIN 10. Cause and Effect

**Panuto:** Gamit ang application na www.drawanywhere.com gumawa ng cause and effect chart na nagpapakita ng maaring ibunga ng mga binaggit na epekto ng impormal na sektor ng ekonomiya.

Sundin ang sumusunod na hakbang:

1. I-click ang link na www.drawanywere.com .
2. Mag sign-up upang mabigyan ng permiso na gamitin ang application.
3. Matapos nito, gumawa ng sariling disenyo na nagpapakita ng posibleng ibubunga ng mga nabanggit na epekto ng impormal na sektor na ekonomiya.
4. I-send ang link sa iyong guro gamit ang conversation icon sa student's dashboard.
5. Isulat ang paliwanag sa message na ipadadala sa guro kasama ang link na iyong nabuong cause and effect chart.

### Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang hindi mabuting epekto ng Impormal na sektor sa pambansang kita at sa ekonomiya?

2. May pagkakataon ba na nakasasama sa mga konsyumer ang produkto at serbisyong ibinibigay ng mga impormal na sekor? Ipaliwanag.

3. Paaano kaya mabibigyan ng sapat na proteksyon ang mga konsyumer na gumagamit ng mga produkto at serbisyo ng impormal na sektor?

4. Dapat bang ipagbawal ang impormal na sektor ng ekonomiya? Pangatuwiranan.

5. Paano mapakikinabangan ng pamahalaan ang impormal na sektor ng ekonomiya?

## GAWAIN 11. My Weighing scale

**Panuto:** Basahin ang tanong upang mapunan ng sagot ang iyong weighing scale.

Nabatid mo ang **hindi mabuting** epekto ng impormal na sektor sa mga mamimili at sa pambansang ekonomiya. Bibigyan ka ng 10 puntos na maaari mong hatiin. Ilalagay mo sa timbangan ang puntos na magpapakita ng iyong pagsusuri kung kapaki-pakinabang ba o hindi ang impormal na sektor. Ipaliwanag ang puntos na iyong ibinigay.

**Paano mo hahatiin ang 10 puntos?**




Paliwanag:

Kung ang mga nabanggit na epekto ay nakasasama sa pambansang ekonomiya, mayroon rin namang kabutihang dulot ang impormal na sektor ng ekonomiya sa mga mamamayan. Mahalagang malaman mo rin ito upang maging balanse ang iyong pagtingin sa impormal na sektor ng ekonomiya.

## Kahalagahan ng Impormal na Sektor ng Ekonomiya

## GAWAIN 12. News analysis

**Panuto:** Basahin at unawain ang nilalaman ng balita. Sagutan ang news analysis chart pagkatapos nito.

**Impormal na Sektor - [http://veritas846.ph/impormal-na-sektor/](http://veritas846.ph/impormal-na-sektor/)**

| NEWS ANALYSIS CHART | | |
|---|---|---|
| **Nilalaman ng balita** | **Kabutihang dulog ng Impormal na sektor sa mga mamamayan** | **Kabutihang dulot ng impormal na sektor sa mga mamimili** |
| | | |

| | Sang-ayon ka ba? Bakit? | Sang-ayon ka ba? Bakit? |
|---|---|---|
| | | |

**Pamprosesong Tanong:**

1. Bakit mas pinipili ng mga mamamayan ang pumasok sa negosyo at trabaho na kabilang sa impormal na sektor?
2. Paano mapapakinabangan ng pamahalaan ang kita mula sa impormal na sektor ng ekonomiya?

Patunayan mo na may kabutihang dulot ang impormal na sektor sa mga mamamayan at sa ating ekonomiya. Sagutan mo ang susunod na gawain.

## GAWAIN 13. The Good side

**Panuto:** Isulat sa mga bilog sa loob ng graphic organizer ang kabutihang dulot ng Impormal na sektor. Maari pang dagdagan ang bilog kung hindi ito sapat. Pagkatapos, sagutin ang tanong kaugnay nito.




Paano nakatutulong ang impormal na sektor ng ekonomiya sa mga mamamayan?

**Pamprosesong Tanong:**

1. Paano tinutulungan ng impormal na sektor ang mga mamamayan?

2. Sa kabila ng pagiging ilegal ng impormal na sektor, bakit madami pa din ang pumapasok dito?

3. Nakabubuti ba ang impormal na sektor sa pambansang ekonomiya? Ipaliwanag.

4. Paano kaya makatutulong ang impormal na sektor sa pag-unlad ng ekonomiya ng bansa?

Sa gawain 11 ay binigyan ka ng pagkakataon para timbangin ang epekto ng impormal na sektor gamit ang mga impormasyon na nagpapakita ng hindi mabuting epekto ng impormal na sektor. Sa susunod na gawain, muli mong titimbangin ang epekto ng impormal na sektor batay naman sa mabuting epekto nito.

## GAWAIN 14. My Weighing scale part 2

**Panuto:** Basahin ang tanong upang mapunan ng sagot ang iyong weighing scale.

Nabatid mo ang **mabuting epekto** ng impormal na sektor sa mga mamimili at sa pambansang ekonomiya. Bibigyan ka ng 10 puntos na maaari mong hatiin. Ilalagay mo sa timbangan ang puntos na magpapakita ng iyong pagsusuri kung kapaki-pakinabang ba o hindi ang impormal na sektor. Ipaliwanag ang puntos na iyong ibinigay.

**Paano mo hahatiin ang 10 puntos?**




Paliwanag:

Sa gawain 9-11 ay pinagtuunan mo ng pansin ang hindi mabuting epekto ng impormal na sektor samantalang sa gawain 12-13 ay nabigyang linaw ka naman sa mabuting epekto nito. Sa pagkakataong ito, ikaw ay magsusuri ng isang documentary na nagbibigay ng punto de bista ng magkabilang panig upang higit na mapalalim ang iyong pag-unawa sa epekto ng impormal na sektor ng ekonomiya.

## GAWAIN 15. Documentary viewing

**Panuto:** I-click ang link upang mapanuod ang video na tumatalakay sa mabuti at hindi mabuting epekto ng Impormal na Sektor. Sagutan ang Film-analysis chart.

Now showing: THE UNLISTED
I-click ang link na ito: https://www.youtube.com/watch?v=d0RYVbLYnhQ

Documentary –Analysis Chart

| Pamagat: | |
|---|---|
| Nilalaman | |
| Pananaw tungkol sa mabuting epekto ng impormal na sektor | |
| Pananaw tungkol sa masamang epekto ng impormal na sektor | |
| Tungkulin ng pamahalaan sa pagsasaayos ng impormal na sektor | |
| Gampanin ng mamamayan sa pagsasaayos ng impormal na sektor | |

**Pamprosesong Tanong:**

1. Paano matutulungan ng pamahalaan ang mga mamamayan na kabilang sa impormal na sektor?

2. Paano naman mapagbubuti ng mga mamamayang kabilang sa impormal na sektor ang kanilang mga gawain?

3. Paano mapakikinabangan ang impormal na sektor ng ekonomiya?

Sa bahaging ito ay inaasahan na mayroon ka nang malinaw na pagkakaunawa tungkol sa mabuti at hindi mabuting epekto ng impormal na sektor sa mamimili at sa ekonomiya ng ating bansa. Upang higit itong mapagtibay, sagutin mo ang susunod na gawain.

## GAWAIN 16. 3-2-1 Chart

**Panuto:** Sagutan ang chart. Isulat ang sagot sa loob ng kahon.

**3-2-1 Chart**

| **Paksa: Epekto ng Impormal na Sektor** |
|---|
| **3 – bagong kaalaman na aking natutuhan:** |
| **2- mahalagang pag-unawa na aking natutuhan:** |
| **1 – tanong na nais kong mabigyan ng kasagutan:** |

Sa puntong ito ay malinaw na sa iyo ang epekto ng impormal na sektor. Handa ka na upang suriin at magbigay ng iyong reaksiyon sa mga situwasyon na kinapapalooban ng impormal na sektor. Sa pagsusuri ng mga situwasyon, gamitin ang iyong mga natutuhan tungkol sa epekto ng impormal na sektor sa mga mamamayan at sa ekonomiya ng bansa.

## GAWAIN 17. Kung ikaw kaya?

**Panuto:** Suriin ang sumusunod na situwasyon na may kaugnayan sa impormal na sektor ng ekonomiya. Isulat ang iyong mungkahing hakbang sa pagharap sa mga ito. Sagutin ang mga tanong sa loob ng kahon sa pamamagitan ng isang blog.

Sundin ang sumusunod na hakbang:

1. Gumawa ng sariling blog. I-click ang link na http://www.wix.com/html5en/hiker-blog?experiment_id=%2Bmaking%20%2Bblog%5Eb%5E48482378260%5E1t1&gclid=CObHheepms4CFQokvQod6BwOOQ&utm_campaign=219565660%5E10611520660&utm_medium=cpc&utm_source=google.




2. I-click ang start now at mag-sign in gamit ang iyong valid na e-mail address.




3. I-click ang blog mula sa pagpipilian at simulant ang paggawa ng blog.



1. Panoorin ang video na pinamagatang: Enabling the Formal sector to Empower the informal sector - Segametsi Hope. I-click ang link na https://www.youtube.com/watch?v=wIw2K7SXQw0

| |
|---|
| Kung ikaw ang nasa kalagayan ng pamahalaan, pahihintulutan mo ba ang ipinakikitang gawain ng Segamitsi sa isang bayan sa Africa? Bakit? |

2. Suriin ang balita tungkol sa mga sidewalk vendor sa Davao. I-click ang link na: https://www.youtube.com/watch?v=2SPHc-sscag

| |
|---|
| Kung ikaw ang namumuno sa pamahalaan, magsasagawa ka din ba ng parehong operasyon? Bakit? |

3. Basahin at unawain ang nilalaman ng paglalahad tungkol sa mga impormal na sektor. I-click ang link na: http://www.seasite.niu.edu/tagalog/new_intermediate_tagalog/reading_lessons/LESSONS/buhay_ng_mga_tindero.htm

| |
|---|
| Kung may pagkakataon kang tulungan at isaasyos ang kabuhayan ng mga mamamayang binaggit sa teksto, ano ang iyong gagawin? |

**Pamprosesong Tanong:**

1. Batay sa iyong sinuring mga sitwasyon, madali bang harapin ang mga hamong dulot ng impormal na sektor? Bakit?

2. Kung hindi talaga maiiwasan ang pagkakaroon ng impormal na sektor, paano ito aayusin upang makatulong sa pambansang ekonomiya?

| |
|---|
| Tinalakay sa nakaraang bahagi ng araling ito ang kahalagahan ng Impormal na sektor. Suriin ang mga programa at batas na nagpapakita kung paano pinahahalagahan ng pamahalaan ang sektor na ito ng lipunan upang higit na maging kapaki-pakinabang sa mga mamamayan at sa ekonomiya. |

**GAWAIN 18.** **Thesis-Proof Work Sheet**

**Panuto:** Pagtibayin ang iyong sinasang-ayunang panig tungkol sa impormal na sektor. Gamitin ang thesis-proof worksheet upang masuportahan ito.

| | |
|---|---|
| **Thesis:** Naniniwala ako na ___________________ (nakabubuti/nakasasama) ang impormal na sektor ng ekonomiya | |
| **Supporting Idea 1** | |
| **Saggunian** | |
| **Sanggunian** | |
| **Supporting Idea 2** | |
| **Saggunian** | |
| **Sanggunian** | |
| **Supporting Idea 3** | |
| **Saggunian** | |
| **Sanggunian** | |
| **Kongklusyon** | |

**Pamprosesong Tanong:**

1. Bilang paglalahat, masasabi bang nakabubuti ang impormal na sektor? Pangatuwiran ang iyong sagot.

2. Nararapat bang itigil ang lahat ng gawaing pang-ekonomiya na kabilang sa impormal na sektor? Kung oo, ano ang dapat gawin sa mga mawawalan ng hanapbuhay?

3. Kung hindi ang iyong sagot sa bilang 2, paano mapapakinabangan ng pamahalaan ang impormal na sektor ng ekonomiya?

## GAWAIN 19. IRF Chart

**Panuto:** Sagutin ang mahalagang tanong ng aralin. Sa pagkakataong ito, isulat ang iyong sagot sa kolum na Revised.

**IRF Chart**

| Pangunahing Tanong: | Initial | Revised | Final |
|---|---|---|---|
| Paano mapakikinabangan ang Impormal na sektor ng ekonomiya? | | | |

Paghambingin mo ang iyong sagot sa Initial at Revised. Ano ang napansin mong pagbabago. Higit bang umunlad ang iyong pag-unawa? Sa pagkakataong ito ikaw ay maaari nang magtungo sa susunod na bahagi ng modyul. Subalit, bago ito, kailangang masiguro mo na lubos mong nauunawaan ang mga konseptong ito. Suriin mo ang lawak at lalim ng iyong pag-unawa sa pamamagitan ng pagsagot sa susunod na gawain.

## GAWAIN 20. Stop light

**Panuto:** Lagyan ng check ang angkop na kolum na tumutukoy sa kalagayan ng iyong kaalaman at pag-unawa sa mga paksang natalakay sa araling ito. Sa huling kolum ay magsulat ng maikling paliwanag tungkol sa iyong sagot.

| PAKSA | GREEN – Naunawaan ko ang lahat ng nilalaman | RED – Hindi ko naunawaan ang paksa | YELLOW – may mga bahagi ng paksa na hindi ko gaanong naunawaan | PATUNAY |
|---|---|---|---|---|
| 1. Kahulugan at katangian ng Impormal na sektor | | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **2. Hindi mabuting epekto ng impormal na sektor** | | | | |
| **3. Mabuting epekto ng impormal na sektor** | | | | |
| **4. Paano mapakikinabangan ng pamahalaan ang impormal na sektor ng ekonomiya** | | | | |

Kung may mga bahagi ka pa na hindi nauunawaan, balikan ang mga napanood na video at suriin itong muli. Kung may bahagi naman na hindi mo gaanong naunawaan, maaring sumangguni sa iyong guro upang mabigyang linaw ito. Kung lahat ng paksa ay iyong naunawaan, maaari ka nang magtungo sa susunod na bahagi ng modyul na ito.

**Pagtatapos ng bahaging Paglinang**

Tinalakay sa bahaging ito ang mga katuturan, epekto, kahalagahan, at mga batas na may kaugnayan sa impormal na sektor ng ekonomiya.

Muli mong balikan ang iyong mga kasagutan sa bahagi ng PAGTUKLAS. May pagkakatulad ba ang iyong sagot? Nadagdagan ba ang iyong kaalaman? Lumawak ba ang iyong pag-unawa tungkol sa paksa?

Ngayong may sapat ka nang kaalaman at pag-unawa tungkol sa paksa, maaari ka nang tumungo sa susunod na bahgi ng modyul na ito.

## PAGPAPALALIM

Sa bahaging ito ng modyul ay pagtitibayin mo ang mga nabuo mong pag-unawa tungkol sa bahaging ginagampanan ng impormal na sektor sa kabuhayan ng mamamayan at sa pambansang ekonomiya. Bibigyang pansin mo rin sa bahaging ito ang iba't ibang sitwasyon na nagpapakita ng mga gawaing naglalayong maisaayos ang impormal na sektor ng ekonomiya.

### GAWAIN 21. Sa madaling salita

**Panuto:** Bumuo ng pangkalahatang pag-unawa tungkol sa kaugnayan ng heograpiya sa pamumuhay ng tao batay sa mga situwasyon na iyong sinuri.

### GAWAIN 22. Interview

Panuto: Magsagawa ng panayam sa isang kapitbahay o kakilala na kabilang sa impormal na sektor. Sundin ang sumusunod na alituntunin sa pagsasagawa ng panayam.

1. Gumawa ng questionnaire at ipasuri ito sa guro. Kapag nabigyan ng pahintulot ng guro maghanap ng taong kakapanayamin.

2. Magpadala ng sulat sa taong kakapanayamin o kaya ay sadyain siya upang hingin ang kaniyang pahintulot sa magaganap na panayam. Ipaliwanag sa kaniya ang layunin ng gawain.

3. Bago isagawa ang aktwal na panayam, ipadala ang questionnaire upang maging handa ang kakapanayamin. Siguraduhin din na nagkasundo sa mga gagawin sa panayam tulad ng paggamit ng tape o video recorder.

Sa bahaging ito ay inaasahang mayroon ka nang mas malawak na kaalaman at pag-unawa tungkol sa impormal na sektor ng ekonomiya lalo na nang madinig mo ang opinyon ng mga taong kabilang sa sektor na ito. Sa palagay mo ba dapat na itong itigil? Ilahad ang iyong saloobin sa pamamgitan ng pagsulat ng repleksyon.

## GAWAIN 23. Sa Aking Palagay

**Panuto:** Sumulat ng repleksyon tungkol sa iyong mga natutuhan sa ginawang panayam. Ituon ang repleksyon sa tanong na dapat bang ipagbawal ang mga gawaing may kaugnayan sa impormal na sekor.

Maaaring iba't iba ang saloobin na inyong inilahad sa sinulat na repleksyon. Ito ay bunga na din ng iyong magkakaibang karanasan. Sa mga susunod na gawain ay mas magkakaroon ka pa ng pagkakataon na mapalawak ang iyong kaalaman tungkol sa epekto ng impormal na sektor sa ating ekonomiya.

## GAWAIN 24. Suri-artikulo

Panuto: Basahin at unawain ang artikulo ni Beth Camia tungkol sa kalagayan ng impormal na sektor sa Olongapo.

### Street Vendors, legal sa Olongapo

***Posted by Online Balita on Nov 30, 2012***

Kung sa Metro Manila ay itinataboy at hinuhuli ang mga street vendors, gagawin nang legal sa Olongapo City ang paglalako ng paninda sa paligid ng *East Bajac Bajac (EBB) public market* simula sa Disyembre 1, 2012. Ito ay matapos maisaayos kamakailan ng pamahalaang lokal ang itinalagang paglalagyan sa mga vendor sa mismong palengke kung saan hindi sila magiging sagabal sa mga mamimili at dumaraang sasakyan.

Ayon kay Dr. Arnold Lopez, *public market administrator*, tugon ito sa nais ni Mayor James ``Bong" Gordon, Jr. na malayang makapaghanapbuhay at magkaroon ng patas na oportunidad ang maliliit na negosyo sa lungsod. Aniya, pangkalahatan pakinabang ng publiko ang nagbunsod sa Gordon *administration* na makaisip ng paraan upang maresolba ang problema ng *illegal market vendors*.

Sa pamamagitan nito ay matitigil na ang reklamo ng mga konsyumer at mga residente sa pagsisikip ng mga kalyeng nakapaligid sa naturang pamilihan na sanhi ng malaking abala sa kanila gayundin sa mga sasakyang gumagamit sa mga ito.

Ikinatuwa naman ng mga market vendors ang solusyon na ipatutupad ng *city hall*.

''Sang-ayon po kami sa bagong *set-up* na naisip ni Mayor Gordon. Proteksiyon din po ito sa amin na nais kumita sa matinong paraan. Sawa na po kami na palaging ipinagtatabuyan at kinokotongan at minsan ay pinagmumura pa ng ilang abusadong kawani ng palengke,'' ang sabi ni Marco Antonio, pangulo ng *EBB Market Vendors Association*. Idinagdag pa ni Dr. Lopez na basta't susunod lamang ng maayos ang mga vendors sa patakaran ng pamunuan ng palengke ay tahimik at malaya silang makakapaghanapbuhay. – *Beth Camia*

**Pamprosesong Tanong:**

1. Tungkol saan ang artikulong iyong binasa?

2. Paano ipinakikita ang impormal na sektor sa artikulo?

3. Paano napakanibangan ng bayan ng Olongapo ang impormal na sektor?

4. Paano mapapakinabangan ng pamahalaan ang kita mula sa mga impormal na sektor?

Naunawaan mo sa artikulo na iyong binasa na may kabutihang dulot ang impormal na sektor sa mga mamamayan sa Olongapo lalo na kung ito ay bibigyang-proteksyon ng pamahalaan. Bukod sa pamahalaan, ipinahahayag din ng mga ekonomista ang kanilang pagsuporta sa pagsasaayos ng impormal na sektor. Tunghayan ang video sa susunod na gawain.

## GAWAIN 25. Video-suri

**Panuto:** Suriin ang nilalaman ng video at alamin kung paano mapabubuti ang impormal na sektor batay sa pananaw ng isang ekonomista.

1. I-click ang link na: https://www.youtube.com/watch?v=OfK8n90Cbv4
2. Sagutin ang sumusunod na tanong:
   2.1. Tungkol saan ang pinanood na video?
   2.2. Ayon sa video, bakit mahalaga ang impormal na sektor sa mga mamamayan at sa ekonomiya?
   2.3. Ano ang dapat gawin upang mapakinabangan ang impormal na sektor ayon sa video?
3. Paano mapakikinabangan ng pamahalaan ang impormal na sektor ayon sa mga ekonomista?

Bukod sa pananaw ng mga ekonomista, mayroon ding batas na nagsusulong sa kapakanan ng mga mamamayang kabilang sa impormal na sektor. Makikita ito sa susunod na gawain. Gamit ang artikulo, suriin mo din ang isang isyung may kaugnayan sa impormal na sektor.

**GAWAIN 26.** **Batas-suri-aplikasyon**

**Panuto:** Basahin at unawain ang nilalaman ng Republic Act 8425 o ang Social Reform and Poverty Alleviation Act of 1997.

**REPUBLIC ACT 8425**-Ang batas na ito ay kilala din bilang *Social Reform and Poverty Alleviation Act of 1997*. Ito ay nilagdaan noong Disyembre 11, 1997 at pormal na ipinatupad noong Hunyo 3, 1998. Itinatadhana ng batas na ito ang pagkilala sa impormal na sektor bilang isa sa mga *disadvantaged sectors* ng lipunang Pilipino na nangangailangan ng tulong sa pamahalaan sa aspetong panglipunan, pang-ekonomiko, pamamahala, at maging sa aspektong ekolohikal.

Isinulong ng batas na ito ang tinatawag na *Social Reform Agenda (SRA)* na naglalayong iahon sa kahirapan ang mga Pilipinong kabilang sa impormal na sektor. Upang maisakatuparan ang mga probisyon ng batas na ito ay itinatag ang *National Anti-Poverty Commission (NAPC)* bilang ahensiyang tagapag-ugnay at tagapayo tungkol sa mga usaping may kinalaman sa mga bumubuo sa impormal na sektor. Bilang pagkilala sa mga kababaihan bilang bumubuo sa halos kalahati ng kabuuhang populasyon ng impormal na sektor ang isa sa mga kasapi ng *NAPC* ay mula sa sektor ng mga kababaihan.

Maliban pa dito, ayon sa Seksyon 3 ng *R.A. 8425* ang mga bumubuo sa *basic at disadvantaged sectors* ng lipunang Pilipino ay ang mga sumusunod; magsasaka, mangingisda, manggagawa sa pormal na sektor, *migrant workers (OFW),* mga kababaihan, *Senior Citizens,* kabataan at mga mag-aaral (15-30 taong gulang), mga bata (*minors-18* taong gulang pababa, *urban poor (*mga taong naninirahan sa mga lungsod na ang kita ay lubhang mababa), mga manggagawa sa impormal na sektor, mga katutubo, mga may kapansanan *(differently-abled persons)*, *non-governmental organizations (NGO's),* at mga kooperatiba.

Gamitin ang nilalaman ng batas upang makapagbigay ng iyong saloobin sa isyung kinapapalooban ng mga operator at driver ng kuliglig sa Maynila.

**Paghihigpit sa pagpapasada ng Kuliglig sa Maynila -**
**https://www.youtube.com/watch?v=KmixAyX_e_0**

**Pamprosesong Tanong:**

1. Tungkol saan ang Republic Act 8425?
2. Paano nito natutulungan ang mga mamamayang kabilang sa impormal na sektor?
3. Ano ang kaugnayan ng batas sa nilalaman ng balita?

4. Masasabi bang nilabang ng lokal ng pamahalaan ng Maynila ang Republic Act 8425? Bakit?
5. Paano mapakikinabangan ng pamahalaan ang kita mula sa mga impormal na sektor?

Ipinakita sa tatlong gawain ang kapakinabangang naidudulot ng impormal na sektor. Gamitin ang iyong mga naunawaan sa mga nabanggit na situwasyon upang bumuo ng pangkalahatang pag-unawa tungkol sa gampanin ng impormal na sektor sa pagkamit ng pambansang kaunlaran.

## GAWAIN 27. My understanding chart

**Panuto:** Punan ng sagot ang My understanding chart batay sa iyong mga naunawaan sa Gawain 20-22.

**My Understanding Chart**

Paano mapakikinabangan ang impormal na sektor ng ekonomiya?

| Batay sa Artikulo ni Beth Camia | Batay sa video ng isang ekonomista | Batay sa Republic Act 8425 |
|---|---|---|
| | | |

Ano ang sinasabi ng tatlong sanggunian kung paano mapakikinabangan ng pamahalaan at mamamayan ang impormal na sektor?

Sa puntong ito ay inaasahang mayroon ka nang nabuong pangkalahatang pag-unawa kung paano mapapakinabangan ng pamahalaan ang impormal na sektor ng ekonomiya. Upang makita mo ang pag-unlad ng iyong pag-unawa, muli mong sasagutan ang Frayer Diagram.

## GAWAIN 28. IRF Chart

**Panuto:** Sa huling pagkakataon ay sagutin mo ang pangunahing tanong ng aralin. Isulat ang iyong sagot sa kolum na Final.

**IRF Chart**

| Pangunahing Tanong: | Initial | Revised | Final |
|---|---|---|---|
| **Paano mapakikinabangan ang Impormal na sektor ng ekonomiya?** | | | |

Paghambingin ang iyong sagot mula sa Initial, Revised hanggang sa Final na kolum. Ano-ano ang mga nabago at umunlad sa iyong pag-unawa? Alin naman ang nanatili?

### Katapusang Bahagi ng Pagpapailalim

Naunawaan mo sa bahaging ito ang kahalagahan ng impormal na sektor sa mamamayan at sa ekonomiya. Mahalagang isaisip mo na bagama't ito ay nakatutulong, kailangang ito ay isaayos upang higit na mapakinabangan ng bansa ang kita mula sa impormal na sektor ng ekonomiya. Bukod dito, ang mga programa ng pamahalaan ay naglalayong pangalagaan ang kapakanan ng mga manggagawa ng impormal na sektor gayundin ang mga mamimili.

Ngayon ay handa ka na para sa gawain sa **PAGLILIPAT.**

## PAGLILIPAT

Sa puntong ito ay pagtitibayin mo ang iyong mga nabuong wastong pag-unawa sa pamamagitan ng pagtupad sa isang mapanghamong gawain. Mapapansin mo na ang gawain sa bahaging ito ng modyul ay naglalarawan ng isang sitwasyon na maaari mong makaharap sa mga susunod na panahon. Inaasahang pagbabatayan mo ang iyong mga natutunan at naunawaan sa mga nakaraang aralin sa pagsasakatuparan ng mapanghamong gawaing ito.

### GAWAIN 29. Handa ka na ba?

**Panuto:** Basahin ang mga kakayahan at paghahanda na inilalarawan sa unang kolum. Lagyan ng check ang angkop na kolum batay sa iyong kakayahan at kahandaan sa paggawa ng susunod na gawain.

| Mga Kakayahan at Paghahanda | Handa ka na ba? | |
|---|---|---|
| | Oo | Hindi |
| 1. Alam ang proseso sa paggawa ng project proposal | | |
| 2. Alam ang mga impormasyon na dapat ilagay sa project proposal | | |
| 3. May kakayahan na maghanap ng mga datos na makatutulong sa pagbuo ng project proposal | | |
| 4. Nauunawaan ang mga isyung may kaugnayan sa impormal na sektor | | |
| 5. Nauunawaan ang kaugnayan ng gawain sa kapakanibangang dulot ng impormal na sektor | | |

Ang resulta ng gawaing ito ay magpapakita kung handa ka na para sa Performance Task. Kung may mga konsepto, pang-unawa, at kakayahan na hindi mo pa gaanong nauunawaan at kayang ipakita, maaari kang sumangguni sa iyong guro upang ikaw ay magabayan bago mo isagawa ang Project Proposal. Sa pagsasagawa ng Project Proposal, isaisip ang iyong mga natutuhang konsepto, pag-unawa at kakayahan dahila makatutulong ito upang madali mong magawa ang Performance Task.

## GAWAIN 30. Project Proposal

Ang iyong barangay ay kasalukuyang dumaranas ng paghahanda para sa isang proyekto na tutugon sa lumalaganap na suliranin sa pagbebenta ng mga ilegal na produkto sa bangketa.

Bilang kagawad ng inyong barangay, ikaw ay inaasahang gumawa ng isang "project proposal" na tutugon sa suliraning nabanggit.

Kinakailangan mong ipaliwanag ang iyong nagawang proposal sa harapan ng iyong mga kasamahan gamit ang mga datos na nakalap mula sa iyong pagsasaliksik.

Kinakailangan mong maipakita ang mga sumusunod:

1. ang mga datos na nakalap mula sa iyong pagsasaliksik.
2. ang proyekto na iyong imumungkahi para sagutin ang suliranin ng barangay
3. ang mga pamamaraan kung paano mo ito ipatutupad sa inyong barangay.

   Upang matiyak ang kanilang pagsang-ayon, kailangan mong tiyaking masunod mo ang mga sumusunod na pamantayan:

   1. Organisasyon
   2. Kaangkupan (Reliability) ng mga datos
   3. Praktikalidad
   4. Kapakinabangan ng proyekto

| Pamantayan | Napakahusay | Mahusay | Nalilinang | Nagsisimula |
|---|---|---|---|---|
| **Organisasyon** | Maayos at kakaiba malinaw ang pagkakagawa ng proposal. Nasunod ang tamang pagkakasunod-sunod ng mga bahagi. Naipakita ang kaugnayan ng mga ginamit na datos at sanggunian | Maayos at malinaw ang pagkakagawa ng proposal. Nasunod ang tamang pagkakasunod-sunod ng mga bahagi. | Hindi maayos at malinaw ang pagkakagawa ng proposal. May mga bahagi ng proposal na hindi nagawa ng tama at hindi nakaayos sa tamang pagkakasunod-sunod. | Hindi organisado ang nabuong proposal. Hindi nasunod ang tamang pagsasaayos ng mga bahagi ng proposal |
| **Kaangkupan (reliability) ng mga datos** | Wasto, kumprehensibo, at napapanahon ang mga ginamit na datos. Ang mga datos ay mapagkakatiwalaan at kinuha ito mula sa iba't ibang sektor ng sanggunian. | Wasto, kumprehensibo, at napapanahon ang mga ginamit na datos. Kinuha ito mula sa mga mapagkakatiwala ang sanggunian. Nakabuo ng proposal batay sa resulta ng | Wasto, at napapanahon ang mga ginamit na datos. Kinuha ito mula sa mga mapagkakatiwalaan ng sanggunian. Hindi naipakita ang paggamit ng datos bilang batayan sa | Mali ang mga ginamit na datos. Nagmula ang datos sa mga hindi mapagkakatiwalaan ng sanggunian. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Nakabuo ng proposal batay sa resulta ng pag-aaral ng mga nakalap na datos. | pag-aaral ng mga nakalap na datos. | pagbuo ng proposal. | |
| **Praktikalidad** | Ang mga mungkahi sa nabuong project proposal ay madaling maisagawa. Ibinatay ito sa kakayahan at resources ng komunidad. Isinaalang-alang din nito ang mga umiiral na batas at patakaran. Madaling maunawaan ng mga kawani ng pamahalaan at ng mga mamamayan ang project proposal. | Ang mga mungkahi sa nabuong project proposal ay madaling maisagawa. Ibinatay ito sa kakayahan at resources ng komunidad. Isinaalang-alang din nito ang mga umiiral na batas at patakaran. | Ang mga mungkahi sa nabuong project proposal ay hindi madaling maisagawa. Hindi ito ibinatay sa kakayahan at resources ng komunidad. Isinaalang-alang din nito ang mga umiiral na batas at patakaran. | Mahirap maisakatuparan ang nabuong project proposal. |
| **Kapakinabangan ng Proyekto** | Angkop ang project proposal sa suliraning binanggit sa sitwasyon. Ito ay kapaki-pakinabang hindi lamang sa mga mamimili kundi sa mga manggagawa at nagnenegosyo ng impormal na sektor. Sinisiguro ang kapakanan ng mga mamimili at ng mga kabilang sa impormal na sektor. Maaaring maisakatuparan sa aktwal na sitwasyon ang nabuong project proposal. | Angkop ang project proposal sa suliraning binanggit sa sitwasyon. Ito ay kapaki-pakinabang hindi lamang sa mga mamimili kundi sa mga manggagawa at nagnenegosyo ng impormal na sektor. Sinisiguro ang kapakanan ng mga mamimili at ng mga kabilang sa impormal na sektor. | Angkop ang project proposal sa suliraning binanggit sa sitwasyon. Subalit ito ay nakabubuti lamang sa isang panig at hindi binigyang-pansin ang kapakanan ng isa pang panig. | Hindi maaaring mapakanibangan at maisakatuparan sa aktwal na sitwasyon ang nabuong project proposal. |

Matapos mong maisakatuparan ang mga gawain sa **PAGLINANG**, **PAGPAPALALIM** at ang gawain sa **PAGLILIPAT** ay nasisiguro ko marami kang natutuhan at mas lalo pang lumawak ang iyong pang-unawa at pananaw tungkol sa kahalagahan ng impormal na sektor sa mga mamamayan at sa pambansang ekonomiya.

## GAWAIN 31. Pagsulat ng Repleksyon

Sumulat ka ng repleksiyon tungkol sa iyong mga natutuhan at realisasyon sa kahalagahan ng impormal na sektor sa mga mamamayan at sa ekonomiya. Pagtuunan mo ng higit na pansin ang temang “Kabuhayan at Batas.

**BINABATI KITA!!!**
**Nagampanan mo ng mahusay ang mga mapanghamong gawain sa modyul na ito.**
Matagumpay mong naisakatuparan ang iba't ibang gawain sa modyul na ito. Naunawaan mo rin ang iba't ibang konsepto na may kaugnayan sa impormal na sektor ng ekonomiya. Higit sa lahat, natutuhan mo rin ang kahalagahan at kapakinabangan ng impormal na sektor sa mga mamamayan at sa pambansang ekonomiya at kung paano ito maisasaayos upang higit na makabuti sa ating bansa.

Nakatulong ba ang gawaing ito upang makita mo ang gamit ng paksang ito sa totoong buhay? Paano?

Ngayon ay handa ka na para sagutin ang sumusunod na Panghuling Pagtataya.

**PANGHULING PAGTATAYA:**

Binabati kita! Narating mo na ang bahagi kung saan ay tatayain ang iyong nalalaman sa araling ito. Pindutin ang letra ng iyong napiling sagot. Makikita mo lamang ang kabuuan ng iyong nakuha pagkatapos mong masagutan lahat ng aytem. Kung mataas ang iyong makukuha at makakapasa ka ay magpapatuloy ka sa susunod na modyul. Subalit kung ang iyong nakuha ay mababa sa inaasahang lebel, ikaw ay kinakailangang bumalik at kunin ulit ang modyul na ito.

(A) 1. Alin sa sumusunod na sitwasyon ang nagpapahayag ng konsepto ng Impormal na Sektor ng ekonomiya?

A. Si Dexter ay nagbayad ng 300 piso sa kaniyang labandera.

B. Si Emmanuel ay bumili ng tiket sa Cebu Pacific para sa kaniyang paglalakbay patungo sa Singapore

C. Si Nhonho ay nagpaayos ng kaniyang sasakyan sa isang kilalang Auto Detailing Center sa Bulacan

D. Si Jefferson ay nagbenta ng kaniyang mga lupain sa Leyte upang magkaroon ng puhunan para sa kaniyang itatayong negosyo.

(A) 2. Para sa bilang na ito. Suriin ang sumusunod na larawan

**Larawan 1:** Traffic dahil sa mga illegal vendors sa bangketa



**Larawan 2:** Kumikita ang ilan sa ating kababayahan dahil sa pananahi ng damit at basahan.



Ano ang ipinahihiwatig ng dalawang larawan tungkol sa impormal na sektor ng ekonomiya?

A. Nakatitipid ang mga mamamayan dahil mas mura ang produkto at serbisyo sa impormal na sektor
B. Nalulugi ang pamahalaan dahil hindi sila nakakakolekta ng buwis mula sa mga impormal na sektor
C. Nagdudulot ng mabuti at masamang epekto ang impormal na sektor sa mga mamimili, manggagawa, at sa pambansang ekonomiya
D. Ang impormal na sektor ay bahagi na ng ating pangaraw-araw na pamumuhay kung kaya't hindi na ito dapat pang pagaksayahan ng panahon ng pamahalaan sapagkat wala nang magagawa tungkol dito.

Para sa bilang na ito, basahin at unawain ang sumusunod na sitwasyon/teksto:

**Unang sitwsyon/teksto:** Sa kasalukuyan, ipinatutupad ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) ang Self-Employment Kaunlaran Program (SEA-K). Ito ay isang programang pangkabuhayan na nagbibigay ng mga gawain at pagsasanay upang mapaunlad ng mga mahihirap na pamilya ang kanilang mga kasanayan upang makapagsimula ng sariling negosyong pangkabuhayan at pagtatayo ng mga samahang panlipunan na maaring magpautang sa mga kasapi gaya ng *Self-Employment Kaunlaran Associations (SKA's).* Makatutulong ito upang magkaroon ng sapat na kakayahan at kasanayan ang mga mamamayan na kabilang sa mga impormal na sektor ng ekonomiya. Sa ganitong paraan, masisiguro na ang kanilang ipinagkakaloob na produkto at serbisyo ay may kalidad at nakabubuti sa mga mamimili.

**Ikalawang sitwasyon/teksto:** Ang **REPUBLIC ACT 8425**-Ang batas na ito ay kilala din bilang *Social Reform and Poverty Alleviation Act of 1997*. Ito ay nilagdaan noong Disyembre 11, 1997 at pormal na ipinatupad noong Hunyo 3, 1998. Itinatadhana ng batas na ito ang pagkilala sa impormal na sektor bilang isa sa mga *disadvantaged sectors* ng lipunang Pilipino na nangangailangan ng tulong sa pamahalaan sa aspetong panglipunan, pang-ekonomiko, pamamahala, at maging sa aspektong ekolohikal. Isinulong ng batas na ito ang tinatawag na *Social Reform Agenda (SRA)* na naglalayong iahon sa kahirapan ang mga Pilipinong kabilang sa impormal na sektor. Upang maisakatuparan ang mga probisyon ng batas na ito ay itinatag ang *National Anti-Poverty Commission (NAPC)* bilang ahensiyang tagapag-ugnay at tagapayo tungkol sa mga usaping may

**Ikatlong sitwasyon/teksto:** Balita tungkol sa "Night shift para sa mga tinder sa Divisoria, ipinatupad upang makatulong sa pagluwag ng trapiko"

Batay sa tatlong sitwasyon/teksto na iyong binasa at pinanuod, paano mapakikinabangan ang impormal na sektor ng ng ekonomiya?

A. Pangalagaan ang kapakanan ng mga mamimili sa pamamagitan ng pagsugpo sa mga impormal na sektor ng ekonomiya
B. Pangalagaan ang kapakanan ng mga manggagawa at mamimili ng impormal na sektor upang higit na makatulong sa ekonomiya
C. Pangalagaan ang interes ng mga legal na negosyo sa bansa upang maayos na makolekta ang buwis na makatutulong sa pag-unlad ng bansa
D. Pangalagaan ang impormal na sektor dahil kahit ilegal ang ilan sa mga ito ay nakatutulong naman sa pagsulong ng pambansang ekonomiya

(T) 4. Ikaw ay miyembro ng Sangguniang Pambarangay na naatasang gumawa ng project proposal upang masolusyunan ang lumalalang suliranin sa pagbebenta ng mga ilegal na produkto sa mga bangkenta sa inyong barangay. Ilalahad mo ang iyong project proposal sa buwanang pagpupulong ng mga kawani ng Pamahalaang Pambarangay. Alin sa sumusunod ang angkop na pamantayan sa paggawa ng project proposal?

A. Nilalaman, Kaangkupan, Pagkamalikhain
B. Nilalaman, Praktikalidad, Organisasyon
C. Organisasyon, Kaangkupan, Praktikalidad
D. Organisasyon, Pagkamalikhain, Praktikalidad

**A** 5.) Alin sa mga sumusunod na mga serbisyong panlipunan  ang kailangang tutukan ng pamahalaan sa kasalukuyang panahon?

A. paglimbag ng bagong salapi
B. pagtaas ng singil sa kuryente
C. pagtiyak sa sapat na sahod ng mga manggagawa
D. pagpalago sa mga negosyo ng pamahalaan

**A** 6.) Ang posibleng pagbabawas ng buwis sa mga mamamayang may income na P500,000+ sa isang taon ay nagpapakita ng isang mahalagang gampanin ng pamahalaan. Alin sa mga sumusunod ang tinutukoy nito?

e.) Regulasyon ng presyo
f.) Sistema ng pagbubuwis
g.) Pagtatakda ng minimum wage
h.) Paglikha ng mga pampublikong produkto

Figure 3.1 BPO/IT Outsourcing: 2004-2011




*Source: Business Processing Association of the Philippines*

[http://devplan.neda.gov.ph/chapter3.php](http://devplan.neda.gov.ph/chapter3.php) (Competitive Industry and Services Sector)

**A** 7.) Pag-aralan ang grap na ito tungkol sa BPOs bilang bahagi ng sector ng paglilingkod. Batay dito sagutan ang sumusunod:

Ano-ano ang mga hinuha mo tungkol sa datos?

e.) Malaki ang naiambag ng BPOs bilang bahagi ng sector ng paglilingkod kung kaya't ang mga manggagawa sa sector na ito ay kailangang pagyamanin ang mga kasanayan.
f.) Kailangan ng pamahalaan ng Pilipinas na maglaan ng pondo para sa sector ng industriya.
g.) Ang bansang India ang may pinakamataas na pambansang kaunlaran batay sa kita nito sa BPOs.
h.) Ang market accessibility ng mga namumuhunan dito sa bansa ay dapat bigyang pokus ng pamahalaan upang mapalago pa ang sektor ng paglilingkod.

**M 8.)** ***"We choose forward. We choose inclusion. We choose growing together. We choose Filipino economic might and muscle, standing strong on the bedrock of the Filipino ideal: a strong, empowered and ever-growingFilipino middle class."***

Paano mo maipaliliwanag ang siping ito batay sa kahalagahan ng kolaborasyon ng mga mamamayan at ng iba't ibang sector ng ekonomiya?

e.) Lahat ng mga ahensya ng pamahalaan ay may tungkulin sa pagbabantay ng paglabag ng mga Consumers' rights.
f.) Ang paligsahan sa pagparami at pagpalaki ng mga PDAF sa bansa ay nakatutulong sa nakararami.
g.) Walang magagawa ang pag-iisa ng isang bansa sa pagpipigil ng korupsyon.
h.) Sa isang matagumpay na ekonomiya, ang gawaing pang-ekonomiko ay gampanin ng mga pribado at publikong sector na may pakialaman sa isa't isa at naisulong ang pambansang kaunlaran.

**T** 9.) Ang National Consumer Affairs Council (NCAC) ay isang grupong tumataguyod ng mga hakbanging makapagbago sa pamumuno, koordinasyon, at pagka mabisa ng mga programa para sa mamimili. Ikaw
ay naatasang gumawa ng isang "Strategic Plan" upang mahikayat ang mga mamamayan na maging mapakana at makisali sa mga kilusang nagtataguyod sa pambansang kaunlaran. Ano ano ang mga nilalaman ng iyong plano?

e.) Papaunlad na "business environment", pagtaas sa mamayang pagkamabunga at kasanayan, at karagdagang pangangalaga sa kapakanan ng mamamayan
f.) Pagsososyo sa pribadong sector
g.) Papaunlad na e-commerce at ICT - enabled na impormasyon
h.) Regulasyon ng presyo ng mahahalagang produkto

(A) 10. Basahin ang sipi mula sa "Economic and social impacts of trade liberalization" by Diana Tussie and Carlos Aggio

**Jamaica and the Philippines**

(weak economic results, but with apparent social improvements)
Recent trends show that the economic performance of these countries has been modest. The Philippine economy has not been able to raise the standard of living of its population above its level of the 1980s. At 1995 prices, a Filipino in 1980 had $1,173 compared to $1,165 in 2001. Jamaica registered a slightly better situation. Its period of fastest growth in the last two decades was 1986–1990 (at an average annual rate of 5 per cent), but throughout the 1990s the economy grew at a much slower rate. Trade reform did produce an impact on trade flows. In both cases, import dynamism exceeded export dynamism. In the Philippines, aggregate imports exceeded exports for most of the years since 1985. Export growth in the 1980s was flat, but, starting in 1990, aggregate exports expanded dramatically and peaked in 2000, despite the Asian financial crisis. However, aggregate exports expanded at a slower rate than that of imports. At the same time, there was a marginal decline in the Coping with Trade Reforms: A Developing-Country Perspective on the WTO Industrial Tariff Negotiations 94

openness of the Jamaican economy, measured by the ratio of the sum of exports and imports of goods and services to GDP, over the two decades. Imports of goods and services as a proportion of GDP rose marginally, but not sufficiently to offset the decline in the ratio of exports of goods and services to GDP. Despite these economic outcomes, the social development indicators of both countries have registered a positive trend. In the Philippines, life expectancy at birth rose by slightly over eight years and literacy improved during the period 1980–2001. The data also indicate that over the past 25 years an increasing number of Filipinos have gained access to infrastructure and technologies. The poverty problem appeared to have been alleviated, but it worsened in the early 1990s. There has been an impressive decline in the proportion of poor families in urban areas. In the case of Jamaica, unemployment fell in the 1980s and remained fairly constant in the 1990s, while poverty also declined.
Mula sa sipi na binasa, paano nakakaapekto ang trade liberalization sa buhay ng nakakaraming Pilipino?

A. Lumakas ang importasyon ng bansa
B. Tumaas ang life expectancy, literacy rate, access to infrastructure at technolohiya ng mga Pilipino
C. Dumami ang naghihirap sa bansa lalo na sa mga urban area
D. Maraming Pilipino ang walang trabaho

(A) 11. Suriin ang sumusunod na mga sitwasyon at tukuyin kung ano ang posibleng kahahantungan ng pagkakaroon ng mga ito sa bansa?

i. Mabilis na pag-unlad ng teknolohiya
ii. Mataas na bahagdan ng Banyagang Namumuhunan sa Bansa
iii. Palagiang pagbisita ng Presidente sa mga karatig bansa

A. Pagtaas ng bilang ng mga pilipinong nagtatrabaho sa ibang bansa
B. Pagdami ng trabaho sa Pilipinas at pagkawala ng kaugaliang Pilipino
C. Pagtaas ng antas ng pamumuhay ng mga Pilipino dahil sa makabagong teknolohiya
D. Pag-angat ng ekonomiya ng bansa kasabay ng mga pagbabago sa lipunan nito

(M) 12. Suriin ang pahayag ng World Bank patungkol sa ekonomiya ng Pilipinas:
“Despite higher growth, poverty incidence of the population barely improved from 26.3 percent in 2009 to 25.2 percent in 2012, suggesting that higher growth has yet to benefit many of the poor. Natural calamities brought about by climate change have also pushed millions of Filipinos into poverty.”

Ano ang ipinahiwatig nito?

A. Hindi umuunlad ang bansang Pilipinas
B. Ang administrasyong Aquino ay hindi epektibo sa paglutas ng mga suliraning pang ekonomiya
C. Umuunlad ang bansa ngunit hindi sapat upang kompletong solusyunan ang kahirapan
D. Ang mayayaman lamang ang nakikinabang sap ag unlad ng bansa.

(T) 13. Ang sektor ng agrikultura ay dumadanas ng pagkalugmok at pagkahina dahil sa iba't-ibang kadahilanan. Ikaw bilang bagong kalihim ng Kagawarang ng Agrikultura, ano ang iyong magagawa upang mapabuti ang kalagayan ng sektor?

A. hikayatin ang pamahalaan, pribadong sektor, at mamamayan na makilahok sa alintuntunin ng ahensya tungo sa modernisasyon
B. humingi ng dagdag badyet para sa kagawaran
C. pamuhunan sa ibang bansa upang makalikom ng maraming salapi
D. mag angkat ng maraming produkto

(A) 14. Alin sa sumusunod na pahayag ang tama?

e. Sapat nang may trabaho upang maging maunlad ang bansa
f. Nasa kamay ng manggagawa ang pag-unlad ng bansa
g. Nasa pamahalaann ang susi sa pag-angat ng ekonomiya
h. Nasa paglago ng ekonomiya ang pag-unlad ng bansa*

(A) 15. Paano masasabing may pag-unlad sa ekonomiya ang bansa?

e. Tumaas ang migrasyon ng mga Pilipino.
f. Tumaas ang GNI.
g. Bumaba ang krimen sa bansa.
h. Bumaba ang antas ng marunong magsalita sa Ingles.

(A) 16. Anong salik ang hindi bumubuo sa pag-unlad ng bansa?

e. likas-kayang pag-unlad
f. makataong pamamahala
g. kasiguraduhang pangkabuhaya
h. modernisasyon

Suriin ang mga sumusunod na kasabihan sa ibaba:

> "In our production-oriented society, being busy, having an occupation has become one of the main ways, if not the main way, of identifying ourselves. Without an occupation, not just our economic security but our very identity is endangered." -Henri Nouwen

> "Universal education is not only a moral imperative but an economic necessity, to pave the way toward making many more nations self-sufficient and self-sustaining." -Desmond Tutu

(M) 17. Ano ang koneksiyon ng kasabihan ni Nouwen sa kasabihan ni Tutu?

e. Ang pag-aaral ay hindi kasiguruhan sa pagkakaroon ng trabaho dahil sa lumalaking populasyon.
f. Ang pagkakikilanlan ng bansa ay nasa kamay ng mga mag-aaral nito.
g. Ang pag-aaral ay mahalaga sa pagkakaroon ng trabahao na siya ring kailangan upang ang bansa at ang sarili ay umunlad.
h. Ang pag-aaral ay hindi dapat pribilehiyo, karapatan ito ng bawat mamamayan.

(M) 18.Kung magkikita ang dalawa sa isang *Economic Summit*, maaari kayang sila ay magbangayan sa usaping pangmatagalang kaunlaran?

e. Oo dahil ang una ay naniniwala sa pagkakaroon ng trabaho upang umunlad.
f. Oo dahil ang ikalawa ay edukasyon lang ang pinaniniwalaang susi sa pag-unlad.
g. Hindi dahil ang kanilang paniniwala ay sumusuporta sa ideya ng bawat isa.
h. Hindi dahil ang paniniwala nila ay mahahalagang salik sa pag-unlad na hindi maaabot nang magkahiwalay.

(T) 19. Bilang *organizer* ng isang NGO na naglalayong buhayin sa mga kabataan ang kaalaman sa mahalagang papel ng mga ito sa pagkamit ng malagong ekonomiya ng bansa, nais mong magsagawa ng *online Campaign Ad Competition* tungkol sa adhikain ng iyong organisasyon at upang maging patas ang labanan, kukuha ka ng mga hurado na kinabibilangan ng isang politiko, isang direktor ng sining sa paggawa ng komersiyal, isang beteranong alagad ng sining, isang ekonomista, at isang mamamahayag ng CNN. Sino sa kanila ang magiging *chairman* ng *Board of Judges*?

e. Ang mamamahayag ng CNN sapagkat mas direkta nilang nakasasalamuha ang mga tao kaya alam nila kung epektibo ba ang *campaign ad* sa pagbabago ng kanilang pananaw sa buhay.
f. Ang direktor sapagkat siya ang mas nakaaalam kung paano bubuuin at ipaaabot ang iba't ibang kaisipang nakapaloob sa gagawing *campaign ad* sa mga tao sa pamamagitan ng isang mabisang paraan.
g. Ang alagad ng sining sapagkat mas alam niya kung ano ang dapat na nilalaman ng isang *campaign ad* upang ito ay magustuhan ng mga tao.
h. Ang politiko sapagkat ang kanyang buhay ay umiikot sa paggawa ng iba't ibang kampanya para sa iba't ibang programa upang laging matunog ang kanyang pangalan.

(T) 20.Bilang organizer ng isang NGO na naglalayong buhayin sa mga kabataan ang kaalaman sa mahalagang papel ng mga ito sa pagkamit ng malagong ekonomiya ng bansa, nais mong magsagawa ng isang *Campaign Ad Competition* na lalahukan ng mga mag-aaral sa sekundarya tungkol sa

adhikain ng iyong organisasyon at upang maging malinis at maayos ang gagawing pagpili ng mga mananalo, gagawa ka ng rubrik na gagamitin ng mga hurado. Anong krayterya ang bibigyan mo ng mas mabigat na puntos kung ang ninanais mo ay mabago ang pananaw ng mga kabataan tungkol sa papel nila sa pagkamit nga maunlad na ekonomiya ng Pilipinas sa pamamagitan ng *campaign ad*?

e. pagkamalikhain
f. nilalaman
g. impact/ dating sa manonood
h. kapakinabangan

**GLOSSARY**

**Bureaucratic Red Tape**-tawag sa mahabang proseso ng transaksyon sa mga ahensiya ng pamahalaan.

**Buwis** - ay ang sapilitang kontribusyon sa pamahalaan. Ito ay maaring mula sa kita, ari-arian, at iba pa na nagsisilbing pondo ng pamahalaan para sa serbisyong panlipunan.

**Colorum -** mga hindi lisensiyado o rehistradong mga

**Impormal na Sektor**- ay ang sektor ng ekonomiya na nagtataglay ng malawak na katangian na binubuo ng mga yunit na nagsasagawa ng pagbuo ng produkto at serbisyo na naglalayong makalikha ng trabaho at kita subalit walang kaukulang papeles o rehistro sa pamahalaan.

**Piracy**- ay ang illegal na pangongopya ng ano mang bagay gaya ng imbensyon o mga may pag-aaring intellectual.

## REFERENCES AND WEBSITE LINKS USED IN THIS LESSON:

### BOOKS AND JOURNALS

Balitao. Bernard R. et al. 2012. Ekonomiks: Mga Konsepto at Aplikasyon. Vibal Publishing House Inc. Quezon City.

Imperial, Consuelo M. et. al Pana-panahon, Worktext para sa Araling Panlipunan Ikaapat na Taon Ekonomiks: Sampaloc, Manila: Rex Book Store., 2004

Mankiw, N. Gregory. Principles of Economics Third Edition. The Dryden Press: New York, USA, 1997.

Pastrana, Cleofe S. A Paper entitled "Employment in the Post-Crisis Context Conference" in Tokyo, Japan, 15-17 December, 2009[Type text]

Pastrana, Celofe S. The Informal Sector and Non-Regular Employment in the Philippines

Sibal, Jorge V. Measuring the Informal Sector in the Philippines and the Trends in Asia; A Paper presented during the 10th National Convention on Statistics. Edsa-Sharila Hotel; October 1-2, 2007

Todaro, M. P., Smith S. *Economic Development, 11th Edition*. USA: Pearson, 2012.

### WEBSITES

Kahulugan ng Impormal na sektor ayon kina Mateo et. al. –

https://www.scribd.com/doc/48864240/Ang-Impormal-Na-Sektor at

https://billyjawboiles.wordpress.com/2014/01/20/mga-sektor-ng-ekonomiya/

Kahulugan ng Impormal na sektor ayon sa International Labor Organization (ILO) – http://www.ilo.org/manila/areasofwork/informal-economy/lang--en/index.htm

Kahulugan ng impormal na sektor ayon kay W. Arthur Lewis - http://www.authorstream.com/Presentation/joshuabbolinao-1724721-informal-sectors/

Konsepto ng Impormal na Sektor -
https://billyjawboiles.wordpress.com/2014/01/20/mga-sektor-ng-ekonomiya/

Mga dahilan ng pagkakaroon ng impormal na sektor -
https://www.youtube.com/watch?v=uSJRcNLTywg

Mga Salik ng impormal na sektor
https://prezi.com/fjphmkarwnhl/impormal-na-sektor/

Epekto ng impormal na sektor ng ekonomiya -
https://www.youtube.com/watch?v=O8QCqOLfQsc

Balita tungkol sa kabutihan ng Impormal na Sektor -
http://veritas846.ph/impormal-na-sektor/

The Unlisted: Dokyumentaryo tungkol sa Impormal na sektor -
https://www.youtube.com/watch?v=d0RYVbLYnhQ

Video tungkol sa Impormal na sektor na pinamagatang: Enabling the Formal sector to Empower the informal sector - Segametsi Hope.
https://www.youtube.com/watch?v=wIw2K7SXQw0

Balita tungkol sa mga sidewalk vendor sa Davao
https://www.youtube.com/watch?v=2SPHc-sscag

Video tungkol sa buhay ng mga tindero -
http://www.seasite.niu.edu/tagalog/new_intermediate_tagalog/reading_lessons/LESSONS/buhay_ng_mga_tindero.htm

Pananaw ng mga ekonomista tungkol sa impormal na sektor -
https://www.youtube.com/watch?v=OfK8n90Cbv4

Paghihigpit sa pagpapasada ng Kuliglig sa Maynila -
https://www.youtube.com/watch?v=KmixAyX_e_0

**IMAGE**

**Informal Sector 1 -**
http://blogs.worldbank.org/eastasiapacific/files/eastasiapacific/ph_JobsBlog_503x336.jpg

**Selling pirated CD and DVD** - http://4.bp.blogspot.com/-Q30lGzBrzwI/UTTMIiwxa7I/AAAAAAAAADQ/I3lI1fWq5e0/s1600/timches.jpg

**Mga mananahi** - http://4.bp.blogspot.com/-9rAq7ZcmlAE/ToppLSNUDGI/AAAAAAAAABM/GQyVNinFqvc/s1600/Mananahi.jpg

**Trapik sa bangketa** - http://i.ytimg.com/vi/WwPQxq1MEGE/0.jpg

## Aralin 6 : Kalakalang Panlabas

### ☑ INTRODUKSYON AT MGA POKUS NA TANONG:

Naitanong mo na ba sa iyong sarili kung bakit laganap sa mga ating mga pamilihan ang mga produktong mula sa ibang bansa? Paano kaya ito umaabot sa ating bansa?

Sa modyul na ito, malalaman mo ang kahalagahan ng kolaborasyon ng mga mamamayan, sektor ng Ekonomiya, at mga patakarang pang-ekonomiya ay susi para sa pambansang pagsulong at pag-unlad ng ekonomiya. Matutuklasan mo rin kung bakit mahalaga ang kalakalang panlabas. Higit sa lahat, malalaman mo ang kasagutan sa tanong na ito:
**EQ: Paano makakamit ng isang ekonomiya kagaya ng Pilipinas ang pambansang pagsulong at pag-unlad?**

### ☑ SAKLAW NG ARALIN:

Sa modyul na ito, masusuri mo ang katanungan gamit ang mga aralin na ito:

- Ang Kalakaran sa Kalakalang Panlabas ng Pilipinas
- Ang ugnayan ng Pilipinas para sa kalakalang panlabas nito sa mga samahan ng tulad ng World Trade Organization at Asia Pacific Economic Cooperation tungo sa patas na kapakinabangan ng mga mamamayan ng daigdig
- Mga Kontribusyon ng Kalakalang Panlabas sa Pag-unlad ng Ekonomiya ng Pilipinas
- Mga patakaran pang- ekonomiya na nakakatulong sa patakarang panlabas ng bansa sa buhay ng nakararaming Pilipino
  -Policy on ASEAN Economic Community 2015
  -Policy on Trade Liberalization

Sa aralin na ito, matutunan mo ang mga sumusunod:

- Natataya ang kalakaran ng kalakalang panlabas ng bansa
- Nasusuri ang ugnayan ng Pilipinas para sa kalakalang panlabas nito sa mga samahan tulad ng World Trade Organization at Asia-Pacific Economic Cooperation tungo sa patas na kapakinabangan ng mga mamamayan ng daigdig
- Napahahalagahan ang kontribusyon ng kalakalang panlabas sa pag-unlad ekonomiya ng bansa

- Nasusuri ang mga patakarang pang-ekonomiya na nakakatulong sa patakarang panlabas ng bansa sa buhay ng nakararaming Pilipino
- Natitimbang ang epekto ng mga patakaran pang-ekonomiya na nakakatulong sa patakarang panlabas ng bansa sa buhay ng nakararaming Pilipino

## ☑ MAPA NG MODYUL:

Ito ang simpleng concept map ng mga araling tatalakayin sa modyul na ito.




## ☑ MGA INAASAHANG KAKAYAHAN:

Upang maging bihasa sa modyul na ito, kailangan mong gawin ang mga sumusunod:
1. Nakapagsasaliksik at nakakapagsusuri ng mga artikulo at mga datos.
2. Napapahalagahan ang ugnayan ng bawat sektor ng ekonomiya.
3. Nakagagawa ng mga grapikong pantulong sa pag-unawa.
4. Nakakapagsusuri ng mga patakarang pang ekonomiya.
4. Nakapagpapaliwanag ng mga datos.
5. Nakagagawa ng paglalarawan ng mga dahilan at epekto ng kalakalang panlabas.
6. Nakagagamit ng mga materyales mula sa teknolohiya.
7. Nakabubuo ng konseptong mapa.
9. Nakikilahok sa pangkatang talakayan.
10. Nakalilikha ng mga alternatibong solusyon sa mga suliraning pang ekonomiya gaya ng unfavorable balance of trade at balance of payment.

**PANIMULANG PAGTATAYA:**

Ating tuklasin kung gaano kalalim ang iyong nalalaman tungkol sa modyul na ito. I-click ang letra ng iyong kasagutan na siyang inaakala mong pinakatamang sagot sa tanong. Sagutan lahat ng aytem.

Pagkatapos gawin ang maikling pagsusulit na ito, ay makikita kung ilan ang iyong nakuha. Tignang mabuti ang mga aytem na hindi mo nasagot ng tama at matatagpuan mo ang kasagutan habang pinag-aaralan ang modyul na ito.

(A) 1. Alin sa mga sumusunod ang pangunahing trade partner ng Pilipinas?

E. Argentina
F. Japan
G. France
H. South Africa

(A) 2. Ang reserbang dolyar ay mahalaga sa pagiging matatag ng ekonomiya ng bansa. Batayan ito kung magtataas o hindi ng presyo ng bilihin sa merkado. Lumaki ang reserbang dolyar kapag hindi

a. nag-aangkat
b. na malaki ang iniaangkat kaysa iniluluwas
c. nagluluwas ng produkto
d. na malaki ang iniluluwas kaysa iniaangkat

(A) 3. Panoorin ang video clip na pinamagatang "Philippine Export Multiplies GDP Growth due to Supreme quality robust fueling the Economy" https://www.youtube.com/watch?v=E3WmUIyKWxA. Batay sa video, ano ang kontribusyon ng kalakalang panlabas sa pag unlad ng ekonomiya ng bansa?

a. Nagdudulot ito ng matiwasay na pampolitikal na ugnayan ng mga bansa
b. Nagbibigay ito ng pangkabuhayan at magandang pamumuhay sa mga mamamayan
c. Naghihikayat ito sa mga mamamayan na bumili ng mga produktong nagmula sa ibang bansa
d. Nagbubunga ito ng pagbuo ng isang mayaman na kultura ng mga mamamayan

(A) 4. Alin sa sumusunod na pangungusap ang tama?

a. Sapat nang may trabaho upang maging maunlad ang bansa
b. Nasa kamay ng manggagawa ang pag-unlad ng bansa
c. Nasa gobyerno ang susi sa pag-angat ng ekonomiya
d. Nasa paglago ng ekonomiya ang pag-unlad ng bansa

(A) 5. Masasabing may pag-unlad sa ekonomiya ng bansa kung?
a. Tumaas ang GNI
b. Tumaas ang migrasyon ng mga Pilipino
c. Bumaba ang krimen sa bansa
d. Bumaba ang antas ng marunong magsalita sa English

(A) 6. Alin sa sumusunod na pares ng pangyayari ang nagpapakita ng koneksiyong SANHI-BUNGA?
a. Teknolohiya: Mababang Bahagdan ng Manggagawa
b. Kahirapan: Kaguluhan sa Zamboanga
c. Mataas na Produksiyon: Mataas na Bahagdan ng Manggagawa
d. Teknolohiya: Industriyalisasyon

(A) **7.** Ang ating bansa ay kilala bilang bansang agrikultural. Maraming produktong agrikultural ang panluwas ng bansa. Kaya kailangang pataasin ang produksiyon ng sector na ito upang
a. Sumigla ang ibang sector
b. Higit na makilala ang bansa
c. Malaki ang kikitaing dolyar ng bansa
d. Masigurado ang pagkain ng mga Pilipino

(A) 8. Ang sektor ng industriya ay isa sa mahalagang sektor ng ekonomiya. May iba't-ibang gawain ang sektor na ito na kailanagan upang tumaas ang produksiyon ng industriya. Alin sa mga ito ang hindi subsector ng industriya?
a. Manufacturing
b. Construction
c. Forestry
d. Mining

(A) 9. Bakit tinatangkilik ng mga mamimili ang mga produkto na nasa underground economy tulad ng pirated dvds?
a. Mababa ang presyo
b. Madaling mahanap ang mga nagbebenta
c. Pwede itong utangin
d. Maganda ang kalidad ng bilihin

(A) 10. Ano ang papel ng sector ng paglilingkod sa pambansang ekonomiya?
a. Pinagmulan ng mga hilaw na materyales
b. Gumagawa ito ng produkto mula sa mga hilaw na materyales
c. Padaliin ang mga pang ekonomiyang aktibidad
d. Pangunahing pinagmulan ng pagkain

(M) 11. Basahin ang artikulong pinamagatang, "What did Singapore do to become so successful? I click ang url: http://www.quora.com/What-did-Singapore-do-to-become-so-successful. Ayon sa artikulo, bakit naging maunlad ang ekonomiya ng Singapore?

a. isinara nito ang bansa kontra sa pandaigdigang kalakalan
b. masagana ang bansa sa likas na yaman
c. hinikayat nito ang mga dayuhan na mamuhunan sa bansa
d. hinigpitan nito ang mga pang ekonomiyang polisiya upang maprotektahan ang local na namumuhunan

(M) 12. Ayon sa mga Prinsipyo ng Sustenableng Pag-unlad ang bansa ay aangat kung mayroon na itong Cultural, Moral and spiritual Sensitivity; Social Justice, Inter & Intra-Generational & Spatial Equity; Economic Development; at Development of Full Human Potential. Aling reporma sa kagawaran ng Edukasyon ng Pilipinas ang tumutugon sa mga palatandaan ng pag-unlad na ito?

a. K-12
b. Understanding by Design
c. Pagbabawas ng bilang ng taong gugugulin sa kolehiyo
d. Open High School Program

(M) 13. Ang mga pangulo ng bansa ay nagsikap na paunlarin an gating ekonomiya sa pagnanais na mapabuti ang pamumuhay ng mga mamamayan. Bakit kaya hirap pa rin umunlad an gating bansa?

a. walang pagkakaisa ang mga Pilipino
b. hindi nalilinang ng lubos an galing mga yaman
c. dahil maraming corrupt na mga tao
d. kulang sa capital ang bansa

(M) 14. Ang Pilipinas ay isang agrikultural na bansa ngunit tayo ay nakaranas ng krisis sa bigas. Bakit ito nangyayari?

a. maraming taniman ng palay ay ginagawang subdivision at golf courses
b. mataas ang presyo ng bigas na inaani sa bansa
c. mababa ang kalidad ng bigas sa bansa
d. kakulangan ng pasilidad upang makapag-imbak ng bigas

(M) 15. Mahalaga ang papel na ginagampanan ng mga manggagawa at pangasiwaan sa pag-unlad ng industriya. Bakit kailangan lagi silang nag-uusap?

a. magpahayag ng hinaing sa isa't-isa
b. tumaas ang produksyon
c. pigilan ang pagtanggal ng manggawa
d. magkaroon ng koloborasyon ang bawat kasapi ng industriya

(T) 16. Ayon sa pag aaral ng Senate Committee on Agriculture and Food noong 2013, lumalabas na nagkakaroon ng kakulangan sa suplay ng bigas dahil sa mahigpit na patakaran sa pag iimport ng bigas. Kung ikaw ang kalihim ng Department of Agriculture, ano ang iyong gagawin?

a. imungkahi ang pagkakaroon ulit ng PDAF sa national budget upang mabigyan ng subsidy ang mga magsasaka
b. ipagpatuloy ang paghihigpit sa importasyon
c. taasan ang tariff para sa mga bigas mula sa ibang bansa
d. mamuhunan sa pananaliksik, imprastruktura at mahalagang kagamitan sa pagsasaka upang mapabuti ang kalidad ng ating palay

(T) 17. Ikaw ang bagong talagang Kalihim ng Department of Labor and Employment at ikaw ay inatasang magsagawa ng patimpalak na "Idol ng Probinsiya" na magbibigay ng parangal sa mga mamamayan na may pinakamalaking kontribusyon sa pagpapaigting sa kaalaman at partisipasyon ng mga mamamayang Pilipino sa pagpapabuti at pagpapatupad ng mga Sektor ng Ekonomiya at mga Patakarang Pang-ekonomiya nito. Marami ang mga nagpasa ng kanilang nominasyon kagaya ng mga sumusunod. Sino sa kanila ang may mas mataas na tsansa na manalo sa patimpalak?

a. Guro na itinalagang Koordinator ng Outreach Program ng kanilang Paaralan na naging tanyag dahil sa iba't-ibang proyekto nito sa pagkakawang-gawa
b. Pilantropo na nagbibigay ng tulong pinansiyal sa mga batang nais makapag-aral sa elementarya at high skul
c. Presidente ng isang korporasyon na nakapagtayo ng isang Micro Income Generating Foundation na kumukupkop sa mga inang walang mga trabaho upang makapagtayo ng sarili nilang maliit na negosyo na kailangan nilang palaguin sa loob ng itinakdang panahon
d. Manggagamot na nakapaglibot sa buong Pilipinas upang makapagbigay sa mga Pilipino ng libreng serbisyo sa paggagamot.

(T) 18. Sa pag-aaral na ginawa ng World Bank, tinatayang 40% ng pambansang ekonomiya ay nagmula sa underground economy. Ikaw bilang economic adviser ng Pangulo, ano ang iyong maimumungkahi upang malabanan ang paglaki ng sektor na ito?

a. parusahan ang mga manggagawa at negosyante na nagpapalaganap nito
b. pagmultahin ang mga tumatangkilik sa mga produkto ng sektor na ito
c. hayaan na lamang na lumago ito
d. pag aralan at suriin ang dahilan ng paglaki nito at gumawa ng wastong hakbang

(T) 19. Isa sa mga masamang epekto ng industriyalisasyon ay ang pagkakaroon ng polusyon. Bilang mayor ng iyong syudad, paano mo maitataguyod ang pang ekonomiyang kaunlaran na hindi nakokompromiso ang kalikasan?

a. ipatigil ang mga pang ekonomiyang gawain na nakakasama sa kalikasan
b. pagbabayarin ng malaking multa ang mga responsable sa pagkakaroon ng polusyon
c. maging mahigpit sa pagpapatupad ng batas laban polusyon
d. humingi ng balato mula sa mga kompanya

(T) 20. Ikaw ay isang tagapangasiwa ng isang NGO na tumutulong sa pagpugsa sa kahirapan sa mga barangay sa inyong lungsod, ano ang iyong unang hakbang upang maging magtagumpay sa inyong dakilang hangarin?

a. bigyan ng pera ang mga mahihirap
b. humingi ng donasyon mula sa mga banyaga
c. alamin ang ugat ng kahirapan sa inyong lungsod
d. tustusan ang pangangailangan ng mga mahihirap

## PAGTUKLAS

Kapag ikaw ay namimili ng mga gamit sa mall, ano ang iyong batayan sa pagpili ng produkto? Mahilig ka ba sa mga produktong imported? Bakit?

Marahil marami kang maibabahagi tungkol sa usaping ito, umpisahan natin ang modyul na ito sa pamamagitan ng pagsagot sa iyong personal inventory.

## GAWAIN 1. Ang Aking Personal Inventory

Panuto: Suriin kung saan nagmula ang iyong mga personal na gamit. Gumawa ng talahayan kung saan ililista mo ang iyong mga gamit at ang bansa kung saan ito galing.

| Personal na Gamit | Bansang Pinagmulan |
|---|---|
| | |

Pamprosesong Tanong:

1. Batay sa iyong personal inventory, saan nagmula ang iyong mga gamit? Ano ang ibig sabihin nito?
2. Paano nakakarating sa ating pamilihin ang mga produkto ng ibang bansa?
3. Sa iyong palagay, nakakatulong ba ang pagbili ng mga imported na produkto? Ipaliwanag.

Mula sa unang gawain, napag alaman mo na mayroong mga bagay na nagmula pa sa ibang bansa. Nataya mo rin ang iyong sarili pagdating sa pagpili ng mga produkto. Gawin ang susunod na aktibity upang mailahad mo ang iyong inisyal na pang unawa patungkol sa kahalagahan ng kalakalang panlabas.

## GAWAIN 2. Map of Conceptual Change

Panuto: Punan ang Initial na Bahagi ng IRF Sheet sa ibaba. Isulat ang iyong nalalaman tungkol sa kahalagahan ng Kalakalang Panlabas.

| | |
|---|---|
| ***Initial*** | |
| **Revised** | |
| **Final** | |

Pamprosesong Tanong:

1. Ano sa iyong palagay ang kahalagahan ng kalakalang panlabas?
2. Nakakabuti ba sa bansa ang pag iimport o pag aangkat ng mga produkto? Bakit?
3. Paano makakamit ng isang ekonomiya kagaya ng Pilipinas ang pambansang pagsulong at pag-unlad?

**PAGTATAPOS NG PAGTUKLAS:**

Naibigay mo na ang iyong inisyal na kaalaman sa pamamagitan ng pagsagot sa IRF worksheet. Ngayon ay ating alamin at paghmbingin ang iyong kasagutan sa inyong mga kaklase. Habang ikaw ay nahahambing ay napagtanto mo kung ang iyong kaalaman ay may kaugnayan sa pamantayan. Mapag-aaralan mo ang ibang konsepto na makakatulong upang magawa mo ang pangwakas na proyekto ng unit na ito. Ang proyekto ay ang paggawa ng Pang Ekonomiyang Adbokasiya. Umpisan nating linangin ang iyong kaalaman sa pamamagitan ng mga susunod na gawain.

## PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

Sa bahaging ito ng aralin ay unti-unti mong aalamin kung paano makakamit ng isang ekonomiya kagaya ng Pilipinas ang pambansang pagsulong at pag-unlad. Ang layunin mo sa bahaging ito ng aralin ay maunawaan ang kahalagahan kalakalang panlabas. Mauunawaan mo rin kung paano makakamit at maisusulong ang pag-unlad ng ekonomiya. Upang iyong malaman ang mga paraan, ipagpatuloy mo ang modyul.

Sa nakaraang gawain, naipamahagi mo ang iyong inisyal na pagkakaunawa patungkol sa kahalagahan ng kalakalang panlabas. Upang mapatohanan ito, gawin mo ang susunod na aktibity.

## GAWAIN 3. Pagsusuri ng mga Artikulo

Panuto: I-click ang mga sumusunod na URL. Basahin ang mga artikulo at sagutan ang Frayer's Model.

**Artikulo 1:** Benefits of International Trade
http://www.economywatch.com/international-trade/benefit.html
**Artikulo 2:** The Philippine economy, 1998 to 2010: (Part III) Foreign trade in the economy
http://www.philstar.com/business/693639/philippine-economy-1998-2010-part-iii-foreign-trade-economy



Batay sa mga artikulo na binasa, punan ang Frayer's Model

Pagbasa 1

| Kahulugan: | Mga Rason: |
|---|---|
| **KALAKALANG PANLABAS** | |
| Mga Epekto: | Mga Halimbawa: |



Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang ibig sabihin ng kalakalang panlabas? Anu-ano ang mga halimbawa nito?
2. Bakit nakikipagkalakalan ang mga bansa?
3. Ayon sa iyong binasa, nakakabuti ba ang kalakalang panlabas sa ating ekonomiya? Ipaliwanag.
4. Paano makakamit ng isang ekonomiya kagaya ng Pilipinas ang pambansang pagsulong at pag-unlad?

Napag alaman mo mula sa mga artikulong nabasa ang mga pangunahing konsepto patungkol sa kalakalang panlabas. Upang lubos na maunawaan ito, gawin mo ang mga kasunod na gawain.

## GAWAIN 4. Pagsusuri ng Video

https://www.youtube.com/watch?v=Vvfzaq72wd0
International trade: Absolute and comparative advantage

Panuto: Panoorin ang video patungkol sa teorya ng kalakalang panlabas. Habang pinapanood mo ito, gamitin ang Evernote upang itala ang mga mahahalagang konsepto mula sa iyong pinapanood. Matapos mong mapanood ng video, paghambingin ang dalawang teorya sa pamamagitan ng pagkompleto sa pangungusap sa ibaba.

Ang absolute advantage at comparative advantage ay magkakatulad dahil
______________________________.
______________________________.
______________________________.

Ang absolute advantage at comparative ay magkaiba dahil ang
Absolute advantage ay _______________, ngunit ang comparative advantage ay ___________________.
Absolute advantage ay _______________, ngunit ang comparative advantage ay ___________________.
Absolute advantage ay _______________, ngunit ang comparative advantage ay ___________________.

Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang pagkakaiba at pagkakatulad ng absolute advantage at comparative advantage?
2. Ano ang naging batayang ng mga bansa sa kanilang kalakalan sa ibang bansa?
3. Bakit mahalagang malaman ng bansa ang kanilang absolute advantage at comparative advantage?
4. Paano makakamit ng isang ekonomiya kagaya ng Pilipinas ang pambansang pagsulong at pag-unlad?

Nalaman mo na ang mga batayan ng bansa sa kanilang pangangalakal sa pandaigdigang pamilihan. Ngayon ay aalamin mo kung ano ang absolute

advantage at comparative advantage ng Pilipinas.

**GAWAIN 5.** **Ang Absolute at Comparative Advanatage ng Pilipinas**

Panuto: Gamit ang Glogster, gumawa ng presentasyon na nagpapakita ng mga produkto at serbisyo na tinuturing na absolute advantage at comparative advantage ng Pilipinas.

PamprosesongTanong:

1. Ano ang napuna mo sa mga produkto at serbisyo na ipinakita mo sa iyong presentasyon?
2. Masasabi mo bang "globally competitive" ang mga produkto at serbisyo na ito? Ipaliwanag.
3. Paano kaya mapahusay ng ating bansa ang ating panlabas na kalakalan?
4. Paano makakamit ng isang ekonomiya kagaya ng Pilipinas ang pambansang pagsulong at pag-unlad?

Naibahagi mo ang mga produkto at serbisyo na ipinagmamalaki ng ating bansa. Titingnan natin ngayon ang performance ng ating kalakalang panlabas. Gawin mo ang susunod na aktibity.

**GAWAIN 6.** **Pagbubuod ng Artikulo**

Panuto: Gamit ang Interactive Outline Tool, gumawa ka ng buod para sa artikulong pinamagatang, " PH Improves Standing As World Trade Destination " http://ppp.gov.ph/?p=20965

Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang mga dahilan ng pag angat ng ating kalakalan?
2. Paano pa kaya mapahusay ang kalakaran ng ating panlabas na kalakalan?
3. Paano makakamit ng isang ekonomiya kagaya ng Pilipinas ang pambansang pagsulong at pag-unlad?

Ngayon, nalaman mo na ang ranggo ng ating bansa sa pandaigdigang kalakalan. Aalamin natin sa susunod na gawain ang mga patakaran na ipinapatupad upang mapangalagaan ang kapakanan ng lokal na ekonomiya.

## GAWAIN 7. Patakarang Proteksyonismo

Panuto: Panoorin ang mga sumusunod na video:
Episode 35: Why do countries restrict trade?
https://www.youtube.com/watch?v=Y2X3KPilAt0
Episode 36: Types of Trade Restrictions
https://www.youtube.com/watch?v=_e2gQxN1OBg

Pamprosesong Tanong:

1. Bakit ipinapatupad ng mga bansa ang mga patakarang naghahadlang sa malayang kalakalan?
2. Anu-ano ang mga patakarang ito? Paano ito nakakaapekto sa pambansang ekonomiya?
3. Paano makakamit ng isang ekonomiya kagaya ng Pilipinas ang pambansang pagsulong at pag-unlad?

Iginigiit na ang mga patakarang proteksyonismo ay nakakabuti sa isang bansa, samantala mayroong mga ekonomista na nagsasabing ito ay nakakasama. Tatalakayin natin sa susunod na gawain ang argumentong ito.

## GAWAIN 8. Pagsusuri ng Teksto at Artikulo

Panuto: Basahin ang mga sumusunod na artikulo at kumpletuhin ang Reciprocal Teaching Worksheet.

**Pagbasa 1**

The myth of protectionism
http://manilastandardtoday.com/2013/10/25/the-myth-of-protectionism/

Does Trade Protection Improve Firm Productivity? Evidence from Philippine Micro Data
http://dirp4.pids.gov.ph/ris/dps/pidsdps1032.pdf

Why the Philippines Must Dismantle Its Protectionism
http://dapinoychronicle.wordpress.com/2013/05/01/why-the-philippines-must-dismantle-its-protectionism/

## RECIPROCAL TEACHING WORKSHEET




Pamprosesong Tanong:

1. Anu-ano ang mga patakaran na humahadlang sa malayang pandaigdigang kalakalan?
2. Bakit ipinapatupad ang mga patakarang ito?
3. Nakakabuti ba ang mga pakatakarang ito sa pambansang ekonomiya? Ipaliwanag.
4. Paano makakamit ng isang ekonomiya kagaya ng Pilipinas ang pambansang pagsulong at pag-unlad?

Napag alaman mo na ang paglagay ng mga hadlang sa malayang kalakalan ay hindi palaging nakakabuti sa ekonomiya. Sa kasalukuyang panahon, itinataguyod ang liberalisasyon. Aalamin natin sa susunod na gawain kung paano nagsimula ang liberalisasyon at kung bakit itinataguyod ito ng mga bansa.

## GAWAIN 9. Paggawa ng Timeline

Panuto: Magsaliksik gamit ang iba't-ibang sanggunian patungkol sa kasaysayan ng liberalisasyon. Gumawa ng timeline ayon sa mga nakalap na impormasyon gamit ang Timeline maker na matatagpuan sa http://www.readwritethink.org/files/resources/interactives/timeline_2/ . I-screenshot ang iyong ginawang balangkas at i-email sa guro

Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang mga pangyayari na naging daan sa pagtataguyod ng liberalisasyon sa kalakalan?
2. Paano tinugunan ng mga bansa ang pag bukas ng kanilang ekonomiya para sa malayang kalakalang panlabas?
3. Paano makakamit ng isang ekonomiya kagaya ng Pilipinas ang pambansang pagsulong at pag-unlad?

Natanto mo na ang liberalisasyon sa kalakalan ay sinusuportahan ng mga bansa sa daigdig. Aalamin natin sa susunod na gawain ang mga organisasyon kung saan aktibong nakikilahok ang Pilipinas.

## GAWAIN 10. Data Retrieval Chart

Panuto: Gumawa ng pagsasaliksik patungkol sa mga organisasyon na may kaugnayan sa kalakalang panlabas. Punan ang data retrieval chart.

| Mga Organisasyon | Mga Layunin | Mga Patakaran | Kontribusyon sa Ekonomiya ng Pilipinas |
|---|---|---|---|
| World Trade Organization | | | |
| APEC | | | |
| ASEAN | | | |

Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang magkakatulad at pagkakaiba ng mga organisayong ito?
2. Bakit nakikilahok ang bansang Pilipinas sa mga ganitong organisasyon?
3. Nakakabuti ba ang pagsali ng atng bansa sa mga organisasyong ito? Ipaliwanag.
4. Paano makakamit ng isang ekonomiya kagaya ng Pilipinas ang pambansang pagsulong at pag-unlad?

Mula sa naunang gawain, nalaman mo kung bakit sumasali ang Pilipinas sa mga pandaigdigang organisasyon na nagsusulong ng patas at malayang kalakalan. Sa susunod na gawain, titingnan natin ang mga reaksyon ng mga mamamayan patungkol sa mga naging epekto ng pagiging kasapi ng mga organisasyong ito.

## GAWAIN 11. Pagsusuri ng mga Larawan

Panuto: Suriin ang mga larawan at kumpletuhin ang tsart sa ibaba.

| Larawan 1 | Larawan 2 | Larawan 3 |
|---|---|---|
|  |  |  |
| Ang aking masasabi sa larawang ito ay ………. | Ang aking interpretasyon sa larawang ito ay ……. | Ang aking damdamin sa larawang ito ay ………. |
| Sa kabuhuan, ang pagsali ng Pilipinas sa iba't-ibang organisasyong pandaigdig ay ____________________________ dahil ______________________________________________________________________ _____. | | |

Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang pinapakita ng mga larawan?
2. Bakit negatibo ang pananaw ng mga mamamayan sa mga organisasyong pinakita?
3. Dapat bang manatiling miyembro ng mga organisayong ito ang bansang Pilipinas? Ipaliwanag.
4. Paano makakamit ng isang ekonomiya kagaya ng Pilipinas ang pambansang pagsulong at pag-unlad?

Napagtanto mo mula sa naunang gawain ang mga reaksyon ng mga mamamayan laban sa mga organisayong ito. Tatalakayin natin sa susunod na gawain ang dahilan ng ganitong reaksyon.

## GAWAIN 12. POW+ Tree

Suriin ang sumusunod na mga artikulo. Alamin ang dahilan ng negatibong pananaw at reaksyon ng mga mamamayan patungkol sa mga patakaran ng mga organisasyong nagsusulong ng malayang kalakalan. I-click ang mga URL upang malaman ang mga ito.

**Artikulo 1:14 years of oil deregulation is enough!**
http://arnoldpadilla.wordpress.com/2012/02/10/14-years-of-oil-deregulation-is-enough-last-part/

**Artikulo 2: Trade liberalization in agriculture results in worsening poverty, underdevelopment**
http://bulatlat.com/main/2013/10/10/trade-liberalization-in-agriculture-resulted-in-worsening-poverty-underdevelopment/

**Artikulo 3: Solon calls for review of privatization law**
http://newsinfo.inquirer.net/breakingnews/nation/view/20110106-312838/Solon-calls-for-review-of-privatization-law

Pagkatapos basahin ang mga artikulo, isulat gamit ang POW+Tree Worksheet ang iyong opinyon at paninindigan tungkol sa mga isyung kinakaharap ng mga patakarang sinusunod ng Pilipinas bilang kasapi ng WTO, APEC at ASEAN.




Pamprosesong tanong:

1. Ano ang ibig ipahiwatig ng mga artikulong iyong nabasa?
2. Sumasang ayon ka ba sa mga pananaw ng mga may akda? Ipaliwanag.
3. Paano makakamit ng isang ekonomiya kagaya ng Pilipinas ang pambansang pagsulong at pag-unlad?

Sa puntong ito ng aralin, marahil marami ka nang napag alaman tungkol sa paksa. Gawin ang susunod na gawain upang mailahad mo ang iyong mga bagong kaalaman.

## GAWAIN 13. Mga Nabuong Kaalaman

Isulat mo ngayon sa REVISED na kolum ang mga bagong kaalaman patungkol sa kahalagahan ng kalakalang panlabas.

| | |
|---|---|
| Initial | |
| **Revised** | |
| **Final** | |

Mga Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang nagpabago o nagpanatili ng iyong kasagutan?
2. Paano nakatulong ang mga nakalipas na gawain sa pagsagot mo sa tanong?
3. Paano makakamit ng isang ekonomiya kagaya ng Pilipinas ang pambansang pagsulong at pag-unlad?

## GAWAIN 14. 3-2-1

Bago ka magpatuloy sa pagpapalalim ng iyong kaalaman at karanasan sa konseptong natutunan isagawa muna ang pagtatasa sa iyong sarili.


Name ______ Date ______

3 - 2 - 1

Topic ______

3 Things I Learned

1.

2.

3.

2 Interesting Facts

1.

2.

1 Question I Have

1.

Kung mga katanungan,ipaalam ang guro patungkol sa mga konseptong hindi pa lubos naunawaan sa pamamagitan ng pagpadala ng email.

Sa bahaging ito ay nalaman mo na kung paano nakakakaapekto ang mga patakaran sa kalakakalang pandaigdig sa pamumuhay ng mga mamamayan.

Nabalikan mo na ang unang bahagi ng modyul na ito at napaghambing ang iyon inisyal na kaisipan sa pamamagitan ng ibat-ibang gawain. Gaano naapektuhan ang iyong inisyal na ideya mula sa mga gawaing isinagawa? Alin sa mga ideyang ito ang kakaiba at kailangan mong baguhin? Anu-ano ang mga bagong hangarin at layunin na nais

**PAGTATAPOS NG PAGLINANG**

## PAGPAPALALIM

Ang iyong layunin para sa bahaging ito ng ating aralin ay higit na makita at maunawaan ang iba pang aspeto ng aralin ukol sa paksa kung paano makakamit ng isang ekonomiya kagaya ng Pilipinas ang pambansang pagsulong at pag-unlad sa gitna ng mga isyung kinakaharap sa kalakalang panlabas. Ang mga susunod na gawain ay makakatulong sa iyo upang masuri at mapagyaman ang iyong mga nalaman mula sa naunang mga aralin at gawain.

### GAWAIN 15. Stop and Dare

Panuto: Basahin at suriin ang mga artikulo, estadistika at patungkol sa epekto ng trade liberalization.
The Benefits of Trade for Developing Countries
http://www.ustr.gov/sites/default/files/uploads/factsheets/2008/asset_upload_file226_15014.pdf
Trade liberalization: Poverty's friend or foe?
http://www.idrc.ca/EN/Resources/Publications/Pages/ArticleDetails.aspx?PublicationID=693

Gamit ang STOP & DARE Planning Sheet sa url link na ito : cte.jhu.edu/onlinecourses/SchoolofEducation/JHUSSI/English/Sciencefiction?STOP.DARE_planningsheet.pdf. Punan ng mga kinakailangang impormasyon ang worksheet. Gamiting Premise ang: " Ang liberalisasyon sa pandaigdigang kalakalan ay daan sa pagkamit ng maunlad na ekonomiya"

Sa mga nakaraang gawain naipakita kung bakit negatibo ang reaksyon ng mga mamayan patungkol sa trade liberalization. Nagkaroon ng ganoong pananaw dahil na rin sa mga *misconception* nila. Sa mga estadistika at pagaaral napatunayan na ang ganitong paninindigan ay hindi tama sa lahat ng pagkakataon.

## GAWAIN 16. Student's Synthesis

Panuto: Suriin ang tatlong naibigay na sitwasyon. Pagkatapos ay punan ang mga kinakailangan ng Student's Synthesis Worksheet na nasa ibaba.

| | Situation 1 (Promotional Campaign) | Situation 2 (News Article) | Situation 3 (Opinion) |
|---|---|---|---|
| Essential Question: Paano makakamit ng isang ekonomiya kagaya ng Pilipinas ang pambansang pagsulong at pag-unlad? | The Philippine Economy on Rise<br>https://www.youtube.com/watch?v=SDL-dU9dXQE<br><br>Makakamit ng isang ekonomiya kagaya ng Pilipinas ang pambansang pagsulong at pag-unlad sa pamamagitan ng …. | The Philippines: The next Asian Tiger economy?<br>http://www.aljazeera.com/indepth/opinion/2014/06/philippines-asian-tiger-econom-2014612144132483842.html<br><br>Makakamit ng isang ekonomiya kagaya ng Pilipinas ang pambansang pagsulong at pag-unlad sa pamamagitan ng …. | Why is the Philippines still poor?<br>http://globalnation.inquirer.net/viewpoints/viewpoints/view/20090825-221948/Why-Is-the-Philippines-Still-Poor<br><br>Makakamit ng isang ekonomiya kagaya ng Pilipinas ang pambansang pagsulong at pag-unlad sa pamamagitan ng …. |

Pamprosesong Tanong:

1. Suriin ang mga sagot sa Essential Question mula sa talahanayan. Paano sila magkakatulad?
2. Iisa lang ba ang pamamaraan sa pagkamit at pagsulong ng isang maunlad na ekonomiya? Kung ang sagot ay OO, ipaliwanag. Kung ang

sagot ay hindi, paano nagkakaiba ang mga ito? Ipaliwanag at magbigay ng mga halimbawa.

3. Kumpletuhin ang mga sumusunod na pahayag at suportahan ang sagot ng mga halimbawa na nasa talahanayan.
    a. Ang pagkamit at pagsulong ng isang maunlad na pambansang ekonomiya ay….
    b. Ang mga nagpapatibay na detalye mula sa mga sitwasyon ay……

Ngayon naman ay ating aalamin ang mga pagbabago sa iyong kaalaman tungkol sa paksa. Balikan ang IRF at sagutan ang bahaging "F" o Final.

| Initial | |
|---|---|
| **Revised** | |
| **Final** | |

Makibahagi sa Discussion Forum para malaman kung ano ang naging sagot ng iba pang mga mag-aaral. Makatutulong din ito upang mas maging malinaw pa ang iyong pagkakaunawa sa paksa.

Pamprosesong Tanong:

1. Anu-anong mga nagbago sa iyong pananaw tungkol sa kalakalang panlabas?
2. Bilang isang kabataan at responsableng mamamayan, paano mo pahahalagahan ang iyong mga natutunan upang makatulong sa pagkamit at pagsulong sa isang maunlad na pambansang ekonomiya?

**Tseklist ng mga Kakayahan**

Ang mga sumusunod ay mga kakayahan na inaasahang iyong nalinang habang sinasagot ang modyul na ito. Ipaliwanag sa ikalaawang kolum kung paano mo nagawa ang kakayahan.

.

| Aking Kakayahan | Aking Mga Nagawa |
|---|---|
| Nakapagsasaliksik at nakakapagsusuri ng mga artikulo at mga datos | |
| Napapahalagahan ang ugnayan ng bawat sektor ng ekonomiya | |
| Nakagagawa ng mga grapikong pantulong sa pag-unawa | |
| Nakakapagsusuri ng mga patakarang pang ekonomiya | |
| Nakapagpapaliwanag ng mga datos | |
| Nakagagawa ng paglalarawan ng mga dahilan at epekto ng kalakalang panlabas | |
| Nakagagamit ng mga materyales mula sa teknolohiya | |
| Nakabubuo ng konseptong mapa | |
| Nakikilahok sa pangkatang talakayan | |
| Nakalilikha ng mga alternatibong solusyon sa mga suliraning pang ekonomiya gaya ng unfavorable balance of trade at balance of payment | |
| Pag-uugnay ng mga kaalaman sa real life situations | |

**PAGTATAPOS NG PAGPAPALALIM:**

Ngayon na mas marami at mas malalim na ang iyong pagkakaunawa sa paksang ito, ikaw ay handa para magpatuloy sa mga susunod na mga bahagi.



## PAGLILIPAT

Ang iyong layunin para sa bahaging ito ay magamit ang mga kaalamang natutunan mo sa totoong karanasan sa buhay. Isang gawain na magpapakita ng iyong pagkakaunawa sa kabuang ideya o konseptong tinalakay natin sa modyul na ito.

Sa mga naunang modyul, gumawa ka ng pagsusuri patungkol sa mga polisiyang pang ekonomiya at nasubukang gumawa ng project proposal. Marahil nakita mo ang kahalagahan nito sa kolaborasyon ng mga mamamayan, mga sektor ng ekonomiya, at mga patakarang pang-ekonomiya upang makamit pambansang pagsulong at pag-unlad ng ekonomiya.

Sa modyul na ito, napag alaman at naunawaan mo ang kalakaran, kalagayan at kahalagahan ng kalakalang panlabas. Sa susunod na gawain, ikaw ay inaasahang makabuo ng adbokasiya na magpapaigting sa kaalaman at partisipasyon ng mga mamamayang Pilipino sa pagpapabuti at pagpapatupad ng mga sektor ng Ekonomiya at mga patakarang pang-ekonomiya nito.

### GAWAIN 17. PERFORMANCE TASK



**INAASAHANG PAGGANAP**

Paggawa ng Adbokasiyang Pang-ekonomiya

PANUTO: Basahing mabuti ang sitwasyon sa ibaba. Pagkatapos magawa ang gawain ay sagutan ang Reflective Journal.

Magkakaroon ng Economic Forum bilang paghahanda sa ASEAN 2015 na gaganapin sa bansang Laos. Bilang Economic Planning Adviser ng NEDA, ikaw ay inatasang bumuo ng adbokasiya para maisulong ang pambansang kaunlaran na iyong ilalahad sa harap ng mga miyembro ng Gabinete ng pamahalaan. Ito ay tatayain gamit ang sumusunod:

a. Nilalaman
b. Impak

c. Kaangkupan
d. Presentasyon

**PERFORMANCE TASK RUBRIC**
**Mga Pamantayan sa Paggawa ng Adbokasiyang Pang-ekonomiya**

| **KATEGORYA** | **Katangi-tangi** (4 pts.) | **Mahusay** (3 pts.) | **Nalilinang** (2 pts.) | **Nagsisimula** (1 pt.) | **Rating** |
|---|---|---|---|---|---|
| **Nilalaman ng Advocacy Campaign** | Nagtataglay ng komprehensibong at detalyadong impormasyon ukol sa kalagayang pang-ekonomiya ng bansa na naglalahad ng mga problema, krisis pang-ekonomiya at mga posibleng solusyon na magpapaigting sa kaalaman at partisipasyon ng mga mamamayang Pilipino sa pagpapabuti at pagpapatupad ng mga Sektor ng Ekonomiya at mga Patakarang Pang-ekonomiya nito | Nagtataglay ng sapat na impormasyon ukol sa kalagayang pang-ekonomiya ng bansa na naglalahad ng mga problema, krisis pang-ekonomiya at mga posibleng solusyon na magpapaigting sa kaalaman at partisipasyon ng mga mamamayang Pilipino sa pagpapabuti at pagpapatupad ng mga Sektor ng Ekonomiya at mga Patakarang Pang-ekonomiya nito | Nagtataglay ng mga pagkukulang ng impormasyon ukol sa kalagayang pang-ekonomiya ng bansa na naglalahad ng mga problema, krisis pang-ekonomiya at mga posibleng solusyon na magpapaigting sa kaalaman at partisipasyon ng mga mamamayang Pilipino sa pagpapabuti at pagpapatupad ng mga Sektor ng Ekonomiya at mga Patakarang Pang-ekonomiya nito. | Nagtataglay ng maling impormasyon ukol sa kalagayang pang-ekonomiya ng bansa na naglalahad ng mga problema, krisis pang-ekonomiya at mga posibleng solusyon. | |
| **Presentasyon** | May lohikal na organisasyon, detalyado at madaling maunawaan ang daloy ng mga kaisipan at impormasyong | May lohikal na organisasyon at madaling maunawaan ang impormasyong inilahad upang suportahan kampanya. | May lohikal na organisasyon ngunit hindi sapat upang suportahan ang kampanya. | Hindi maayos ang organisasyon at hindi maunawaan ang mga impormasyong inilahad. | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | inilahad upang suportahan ang kampanya. | | | | |
| **Kaangkupan ng Advocacy Campaign** | Kapakipakinabang, praktikal at naaangkop ang mga hakbang at solusyon upang magpapaigting sa kaalaman at partisipasyon ng mga mamamayang Pilipino sa pagpapabuti at pagpapatupad ng mga Sektor ng Ekonomiya at mga Patakarang Pang-ekonomiya nito | Naangkop ang mga hakbang at solusyon upang magpapaigting sa kaalaman at partisipasyon ng mga mamamayang Pilipino sa pagpapabuti at pagpapatupad ng mga Sektor ng Ekonomiya at mga Patakarang Pang-ekonomiya nito | May mga hakbang na hindi naayon upang magpapaigting sa kaalaman at partisipasyon ng mga mamamayang Pilipino sa pagpapabuti at pagpapatupad ng mga Sektor ng Ekonomiya at mga Patakarang Pang-ekonomiya nito | Maraming pakukulang sa planong hakbang at solusyon na binanggit upang upang magpapaigting sa kaalaman at partisipasyon ng mga mamamayang Pilipino sa pagpapabuti at pagpapatupad ng mga Sektor ng Ekonomiya at mga Patakarang Pang-ekonomiya nito . | |
| **Impak** | Malikhain, epektibo at nakahihikayat ng malawak na suporta ang kampanya. | Epektibo at nakahihikayat ng malawak na suporta ang kampanya. | May mga bahagi na kailanagn pang linawin dahil ito ay nakakalito o lihis sa mga layunin | Walang nakikitang halaga ang kampanya kaya ito ay hindi pinapansin | |

**REFLECTIVE JOURNAL**

Gamit ang isang Reflection Journal, gawan ng paglalagom lahat ng iyong natutunan sa modyul na ito at kung papaano mo gagamitin ang iyong mga naipong kaalaman para makamit ang pambansang pagsulong at pag unlad.

Sa Modyul na ito, aking napag-alaman na_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________.
Aking gagamitin ang aking mga natutunan sa pagtulong sa pagkamit ng pambansang pagsulong at pag unlad sa pamamagitan ng_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________.

**PAGTATAPOS NG PAGLILIPAT:**

Paano makakatulong ang adbokasiyang pang ekonomiya upang makamit ang pagsulong at pambansang kaunlaran?

Paano mo ilalarawan ang pangwakas na gawain? Paano nakatulong ang paggawa ng mga adbokasiya sa kasalukuyang panahon?

Kung may katanungan at paglilinaw sa paksang ito gamitin ang discussion forum ng modyul.

Binabati kita dahil natapos mo na ang araling ito.

Bago ka magpatuloy sa susunod na aralin kailangan mong sagutan ang Post-Test.

**PANGHULING PAGTATAYA:**

*Ngayon ay tatayahin natin ang iyong mga natutunan mula sa modyul na ito . I click ang titik na nagsasaad ng tamang kasagutan. Makikita mo ang iyong iskor pagkatapos ng pasulit. Kung mahusay ang resulta, maari mo ng gawin ang susunod na modyul. Gawin ulit ang modyul na ito kapag hindi nakuha ang inaasahang antas.*

(A) 1. Ayon sa ulat ng Economy Watch noong 2010, ang total value ng ating export ay US$50.72 billion, samantalang ang total value ng ating import ay US$59.9 billion. Ano ang ibig sabihin nito? Ang bansa ay nakakaranas ng

a. unfavorable balance of payments
b. favorable balance of payments
**c. unfavorable balance of trade**
d. favorable balance of trade

(A) 2. Bakit mahalaga sa Pilipinas ang pagiging kasapi nito sa APEC?

a. Dahil matatagpuan ang Pilipinas sa Asya Pasipiko
b. Sapagkat ang APEC ay nagbibigay ng mga donasyon
c. Dahil pinabibilis ng APEC ang pag-unlad ng ekonomya, pagtutulungan, kalakalan at pamumuhunan sa rehiyon ng Asya-Pasipiko
d. Itinataguyod nito ang kapayapaan

(A) 3. Basahin ang sipi mula sa “Economic and social impacts of trade liberalization” by Diana Tussie and Carlos Aggio

**Jamaica and the Philippines**
(weak economic results, but with apparent social improvements)
Recent trends show that the economic performance of these countries has been modest. The Philippine economy has not been able to raise the standard of living of its population above its level of the 1980s. At 1995 prices, a Filipino in 1980 had $1,173 compared to $1,165 in 2001. Jamaica registered a slightly better situation. Its period of fastest growth in the last two decades was 1986–1990 (at an average annual rate of 5 per cent), but throughout the 1990s the economy grew at a much slower rate. Trade reform did produce an impact on trade flows. In both cases, import dynamism exceeded export dynamism. In the Philippines, aggregate imports exceeded exports for most of the years since 1985. Export growth in the 1980s was flat, but, starting in 1990, aggregate exports expanded dramatically and peaked in 2000, despite the Asian financial crisis. However, aggregate exports expanded at a slower rate than that of imports. At the same time, there was a marginal decline in the Coping with Trade Reforms: A Developing-Country Perspective on the WTO Industrial Tariff Negotiations 94 openness of the Jamaican economy, measured by the ratio of the sum of exports and imports of goods and services to GDP, over the two decades. Imports of goods and services as a proportion of GDP rose marginally, but not sufficiently to offset the

decline in the ratio of exports of goods and services to GDP. Despite these economic outcomes, the social development indicators of both countries have registered a positive trend. In the Philippines, life expectancy at birth rose by slightly over eight years and literacy improved during the period 1980–2001. The data also indicate that over the past 25 years an increasing number of Filipinos have gained access to infrastructure and technologies. The poverty problem appeared to have been alleviated, but it worsened in the early 1990s. There has been an impressive decline in the proportion of poor families in urban areas. In the case of Jamaica, unemployment fell in the 1980s and remained fairly constant in the 1990s, while poverty also declined.

Mula sa sipi na binasa, paano nakakaapekto ang trade liberalization sa buhay ng nakakaraming Pilipino?

A. Lumakas ang importasyon ng bansa
B. Tumaas ang life expectancy, literacy rate, access to infrastructure at technolohiya ng mga Pilipino
C. Dumami ang naghihirap sa bansa lalo na sa mga urban area
D. Maraming Pilipino ang walang trabaho

(B) 4. Suriin ang sumusunod na mga sitwasyon at tukuyin kung ano ang posibleng kahahantungan ng pagkakaroon ng mga ito sa bansa?

iv. Mabilis na pag-unlad ng teknolohiya
v. Mataas na bahagdan ng Banyagang Namumuhunan sa Bansa
vi. Palagiang pagbisita ng Presidente sa mga karatig bansa

A. Pagtaas ng bilang ng mga pilipinong nagtatrabaho sa ibang bansa
B. Pagdami ng trabaho sa Pilipinas at pagkawala ng kaugaliang Pilipino
C. Pagtaas ng antas ng pamumuhay ng mga Pilipino dahil sa makabagong teknolohiya
D. Pag-angat ng ekonomiya ng bansa kasabay ng mga pagbabago sa lipunan nito

(A) 5. Ang bawat bansa ay nakikipagkalakan sa ibang bansa upang matugunan ang pangangailangan ng ekonomiya. Paano nagkakaroon ng depisit sa kalakalan?

a. Kapag umabot sa quota
b. Di sapat ang kalakalan
c. Ang import ay higit na malaki kaysa export
d. Ang export ay higit na malaki kaysa import

(A) 6. Ang pabgo-bagong takbo ng negosyo ay nakakaapekto sa ekonomiya. May panahon na mahina ang negosyo, hindi balanse ang ekonomiya at walang katiyakan ang lahat. Sa anong panahon nararanasan ang ganitong sitwasyon?
a. Prosperity
b. Recovery
c. Depression
d. Recession

(A) 7. Mayroong iba't-ibang uri ng pamilihan sa isang ekonomiya na may kaniya-kaniyang katangian. Ano ang tawag sa isang organisadongpamilihan ng mga securities at kung saan nagaganap ang pagpapalitan ng mga ito?
a. Labor market
b. Black market
c. Financial market
d. Stock market

(A) 8. Ang mga bansa ay inuuri ayon sa antas ng kaunlaran na natamo. Ang mga umunlad at papaunlad pa lamang na mga bansa ay nabibilang sa Third World. Alin sa mga ito ang naging hadlang sa pagsulong ng ekonomiya ng mga papaunlad na bansa?
a. Hindi mahusay na pamamahala
b. Pagliit ng bilang ng lakas paggawa
c. Mababang kakayahan na gumawa ng mga capita goods
d. Mababang demand ng likas na yaman

(A) 9. Maraming serye ng pagpupulong ang ginawa para sa kalakalan sa ilalim ng General Agreement on Tariff and Trade. Ano ang magandang ibinunga ng Uruguay round ng GATT?
a. Pagkatatag ng World Trade Organization
b. Dumami ang miymebro nito
c. Lumawak ang kalakalan
d. Nabawasan ang taripa sa kalakalan

(A) 10. Sa pagnanais na matulungan ang mga magsasakang Pilipino, ang pamahalaan ay ipinatupad ang reporma sa lupa. Ano ang pangunahing layunin ng reporma?
a. Magkaroon ng sariling lupa ang mga magsasaka
b. Yumaman ang mga magsasaka
c. Mabawasa ang yaman ng mga may-ari ng lupa
d. Maging produktibo ang mga magsassaka

(M) 11. Ayon sa modelong Sustainable Development na isa sa mga batayan sa pagsukat ng pag-unlad ng mga bansa, ang mga mamamayan ng bansa ay dapat maturuan ng mga kakayahang mapagtagumpayan ang mga hamon ng ika-21 Siglo. Aling aksiyon ng gobyerno ang naglalayong

mapaigting ang kolaborasyon ng mga mamamayan, Sektor ng Ekonomiya, at mga Patakarang Pang-ekonomiya ng bansa?

a. TESDA NC Scholarship
b. Public Private Partnership
c. K-12
d. Matuwid na Daan

(M) 12. Ang populasyon ay lubhang mahalaga para sa pag-unlad ng pambansang ekonomiya, anong salik ang maaaring maka-apekto sa pagiging produktibo ng mga mamamayan sa pagsasagawa ng kanilang mga gawain?
a. Kaalaman sa teknolohiya
b. Nalinang na kakayahan at kasanayan
c. Kultura at edad
d. Kapaligiran at edukasyon

(M) 13. Anong hamon sa bansang Hapon ang nagpatindi ng paniniwala ng mga tao na ang ekonomiya nito ay hindi na matatag at wala ng kakayahang makipag-kumpetensiya sa mga mauunlad na bansa?
a. Pagragasa ng bagyong Haiyan
b. Pagtama ng matinding Tsunami sa nasabing bansa
c. Paglindol na nagdulot ng kamatayan ng daan-daang Hapones
d. Pagsira ng malakas na storm surge sa mga imprastruktura ng bansa

(M) 14. Suriin ang pahayag ng World Bank patungkol sa ekonomiya ng Pilipinas:
"Despite higher growth, poverty incidence of the population barely improved from 26.3 percent in 2009 to 25.2 percent in 2012, suggesting that higher growth has yet to benefit many of the poor. Natural calamities brought about by climate change have also pushed millions of Filipinos into poverty."
Ano ang ipinahiwatig nito?
A. Hindi umuunlad ang bansang Pilipinas
B. Ang administrasyong Aquino ay hindi epektibo sa paglutas ng mga suliraning pang ekonomiya
C. Umuunlad ang bansa ngunit hindi sapat upang kompletong solusyunan ang kahirapan
D. Ang mayayaman lamang ang nakikinabang sap ag unlad ng bansa.

(M) 15. Ang kakulangan ng kapital ay isa sa mga suliranin ng sektor ng idustriya. Alin sa mga sumusunod ang epekto ng nasabing suliranin?
a. maraming manggawa ang mawawalan ng trabaho
b. mahirap gawin ang pagpapalawak ng industriya
c. mahihikayat ang mga mamumuhunan
d. magpapautang ang mga bangko

(T) 16. Ang mga guro sa pribado at pampublikong paaralan ay naatasan ng pamahalaan na makilahok sa pagkamit ng mga adhikain ng Philippine Agenda 21 partikular na sa prinsipyong Development of Full Human Potential. Ikaw ang Punong Guro ng Mataas na Paaralan ng Balatoc at tatayain mo kung ang mga guro mo ay tumutupad sa iniatas sa kanilang tungkulin. Paano mo ito gagawin?

a. Pumasok sa loob ng klasrum at magsagawa ng obserbasyon tungkol sa pamamaraan ng pagtuturo ng guro sa oras na hindi nito inaasahan
b. Gawing kondisyon sa pagkuha ng Performance Bonus ang isang Banghay Aralin na tumutugon sa kinakailangan ng programang Philippine Agenda 21
c. Bigyan ng maraming handout ang mga guro tungkol sa Philippine Agenda 21
d. Gawing alituntunin sa paaralan ang paggamit ng makabagong estratehiya sa pagtuturo na magpapalabas sa iba't ibang kakayahan ng mga mag-aaral at susundan ito ng regular na Classroom Observation

(T) 17. Tinuturing na Asia's Next Tiger ang Pilipinas ayon sa ulat ng World Bank. Ikaw bilang consultant ng NEDA, ano ang iyong maipapayo upang maisakatuparan ito?
a. manatiling mahigpit sa pakikipagkalakan sa ibang bansa upang protektahan ang lokal na ekonomiya
b. gumawa ng adbokasiya upang hikayatin ang mga mamamayan na maging produktibo at aktibong makilahok tungo sa maunlad na ekonomiya
c. hayaan ang pamahalaan na gawin ang nararapat
d. bigyan ng pera ang mga mahihirap

(T) 18. Isa sa mga suliraning pang ekonomiya sa bansa ay ang kawalan ng trabaho. Ikaw bilang punong guro ng isang Senior High School, ano ang iyong maitutulong upang matugunan ito?
a. siguraduhin na ang mga produkto ng iyong paaralan ay magkakaroon ng kasanayan na magagamit sa paghahanap buhay
b. humingi ng pera mula sa pamahalaan upang matustusan ang pangngailangan ng paaralan
c. bigyan ng matataas na marka ang mga mag aaral upang madaling makahanap ng trabaho
d. babaan ang tuition fee upang marami ang mag enroll

(T) 19. Tumataas ang bilang ng mga negosyanteng hindi nagpaprehistro ng kanilang negosyo sa pamahalaan. Ito ay malaking kawalan, dahil kakapusin ang pamahalaan sa pundo na gagamitin sana sa mga programa at proyekto. Ikaw bilang konsehal ng iyong lungsod, paano mo hihikayatin ang mga negosyante na magparehistro at magbayad ng tamang buwis?

a. bigyan ng mabigat na parusa ang mga negosyanteng hindi nagpaprehistro sa gobyerno
b. higpitan ng pamahalaan ang batas laban sa mga negosyante sa underground economy
c. luwagan ng pamahalaan ang proseso sa pagkuha ng mga dokumento na kakailanganin sa pagpapaparehistro ng negosyo
d. ikulong ang mga negosyanteng hindi nagpaprehistro sa gobyerno

(T) 20. Ang sektor ng agrikultura ay dumadanas ng pagkalugmok at pagkahina dahil sa iba't-ibang kadahilanan. Ikaw bilang bagong kalihim ng Kagawarang ng Agrikultura, ano ang iyong magagawa upang mapabuti ang kalagayan ng sektor?
a. hikayatin ang pamahalaan, pribadong sektor, at mamamayan na makilahok sa alintuntunin ng ahensya tungo sa modernisasyon
b. humingi ng dagdag badyet para sa kagawaran
c. pamuhunan sa ibang bansa upang makalikom ng maraming salapi
d. mag angkat ng maraming produkto

**GLOSSARY OF TERMS USED IN THIS LESSON:**

**Absolute Advantage**
- ipinanukala ni Adam Smith, ang "Ama ng Ekonomiks" upang bigyang-katwiran ang higit na pakinabang sa pakikipagkalakalan at espesyalisasyon sa produksiyon

**Balance of Trade**
- nagpapakita kung mas malaki ang kitang iniluwas o inaangkat na halaga ng mga produkto.

**Comparative Advantage**
- ipinanukala ni David Ricardo, ang "Ama ng Makabagong Ekonomiks"
- isinasaad na ang espesyalisasyon at malayang kalakalan ay higit na magdudulot ng benepisyo sa magkaka-partner na bansa sa kalakalan
- Ito ay magdudulot ng mas episyenteng paggawa at mas maraming produktong maaaring pamilian ng mga tao.

**Export**
- kalakal na ipinadadala sa ibang lupain

**Import**
- kalakal na galing sa ibang lupaín

**Protektionismo**
- pang-ekonomiyang patakaran na nililimitahan ang kalakalan sa pagitan ng mga estado sa pamamagitan ng mga pamamaraan tulad ng mga tariffs sa mga nai-import na mga kalakal, mahigpit na quota, at ng iba't-ibang mga iba pang mga regulasyon ng pamahalaan

**Trade Liberalization**
- Ang pag-alis o pagbawas ng mga paghihigpit o mga hadlang sa malayang kalakalan sa pagitan ng mga bansa.

**REFERENCES AND WEBSITE LINKS USED IN THIS LESSON:**

Benefits of International Trade
**http://www.economywatch.com/international-trade/benefit.html**

The Philippine economy, 1998 to 2010: (Part III) Foreign trade in the economy
http://www.philstar.com/business/693639/philippine-economy-1998-2010-part-iii-foreign-trade-economy

International trade: Absolute and comparative advantage
https://www.youtube.com/watch?v=Vvfzaq72wd0

PH Improves Standing As World Trade Destination
http://ppp.gov.ph/?p=20965

Why do countries restrict trade?
https://www.youtube.com/watch?v=Y2X3KPilAt0

Types of Trade Restrictions
https://www.youtube.com/watch?v=_e2gQxN1OBg

The myth of protectionism
http://manilastandardtoday.com/2013/10/25/the-myth-of-protectionism/

Does Trade Protection Improve Firm Productivity? Evidence from Philippine Micro Data
http://dirp4.pids.gov.ph/ris/dps/pidsdps1032.pdf

Why the Philippines Must Dismantle Its Protectionism
http://dapinoychronicle.wordpress.com/2013/05/01/why-the-philippines-must-dismantle-its-protectionism/

14 years of oil deregulation is enough!
http://arnoldpadilla.wordpress.com/2012/02/10/14-years-of-oil-deregulation-is-enough-last-part/

Trade liberalization in agriculture results in worsening poverty, underdevelopment
http://bulatlat.com/main/2013/10/10/trade-liberalization-in-agriculture-resulted-in-worsening-poverty-underdevelopment/
Solon calls for review of privatization law
http://newsinfo.inquirer.net/breakingnews/nation/view/20110106-312838/Solon-calls-for-review-of-privatization-law

The Benefits of Trade for Developing Countries
http://www.ustr.gov/sites/default/files/uploads/factsheets/2008/asset_upload_file226_15014.pdf

Trade liberalization: Poverty's friend or foe?
http://www.idrc.ca/EN/Resources/Publications/Pages/ArticleDetails.aspx?PublicationID=693

The Philippine Economy on Rise
https://www.youtube.com/watch?v=SDL-dU9dXQE

The Philippines: The next Asian Tiger economy?
http://www.aljazeera.com/indepth/opinion/2014/06/philippines-asian-tiger-econom-2014612144132483842.html

Why is the Philippines still poor?
http://globalnation.inquirer.net/viewpoints/viewpoints/view/20090825-221948/Why-Is-the-Philippines-Still-Poor